# ANG AKLAT NI JOSUE:

## PAGKUHA NG ATING MANA

ni Norman Holmes

TALAAN NG MGA NILALAMAN:

Kabanata 1: PANIMULA. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 2

Kabanata 2: PAGHAHANDA NI JOSUE . . . . . . . . . . . . . . . . . . . pahina 6

Kabanata 3: PAGPASOK SA LUPAIN (Kabanata 1-5) . . . . . . . pahina 15

Kabanata 4: PAGSAKOP SA LUPAIN (Kabanata 6-12) . . . . . . pahina 34

Kabanata 5: PAGHAHATI SA LUPAIN (Kabanata 13-22:9) . . .pahina 57

Kabanata 6: PAGPAPANATILI NG MANA (Kab. 22:10-24) . . pahina 85

# Kabanata 1

# PANIMULA

Ang mga sundalo sa labanan, mga bansang nasa digmaan- mga pamilya at mga lipi na namumuhay sa bagong lupain- paanong nauugnay ang lahat ng ito sa atin? Paano makakatulong ang sinaunang mga kuwento sa Aklat ni Josue na bigyang-sigla at patnubayan ang modernong Kristiyano? Gaya ng makikita natin, ang kasaysayang nakatala sa aklat na ito ay may kapana-panabik na espirituwal na pagkakatulad at propetikong mga aplikasyon para sa ngayon. Detalyado nating isasaalang-alang kung paanong si Josue ay isang simbolo ng propetikong anino ng ating Panginoong Jesu-Cristo. At habang pinangungunahan ni Josue ang isang natural na hukbo ng mga sundalo sa tagumpay, ang ating Panginoong Jesu-Cristo naman ay pinangungunahan ngayon ang isang espirituwal na hukbo, ang Iglesya. Ang ating mga pag-aaral ay maghahayag kung paano tayo ang "Henerasyon ni Josue" na babangon sa huling mga araw na ito upang magtagumpay laban sa mga tarangkahan ng impiyerno.

Sa halip na makipaglaban sa mga madugong digmaan ng Lumang Tipan dito sa mundo, ang mga Kristiyano ngayon ay nagsasagawa ng espirituwal na pakikidigma sa kalangitan. Sinasabi sa atin ng Efeso 6:12, "Sapagkat ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga may kapangyarihan, laban sa mga kapangyarihang di-nakikita na naghahari sa sanlibutan sa kadilimang ito, laban sa hukbong espirituwal ng kasamaan sa kalangitan." Sa Lumang Tipan ay makikita natin na ang mga Israelita ay nakipaglaban upang angkinin ang isang natural na pamana, isang lupain na "dinadaluyan ng gatas at pulot." Ngayon ang mga Kristiyano ay nakikipaglaban, hindi para makuha ang isang kaharian sa lupa, kundi ang isang espirituwal na pamana sa kaharian ng Diyos.

### Una ang natural, Pagkatapos ang Espirituwal

Sa I Corinto 15:46 binibigyan tayo ni Apostol Pablo ng isang susi upang makatulong na maunawaan ang pamamaraan ng Diyos. Mababasa natin roon, "Ngunit hindi una ang katawang espirituwal, kundi ang makalupa, pagkatapos ay ang espirituwal." Sa buong Bibliya ay makikita natin kung paano gumawa ang Panginoon ayon sa parisan na ito. Ang Lumang Tipan ay sinulat patungkol sa natural na mga anak ni Abraham, habang ang Bagong Tipan naman ay sinasabi sa atin ang tungkol sa kanyang espirituwal na mga anak sa pananampalataya. Ang Lumang Tipan ay may mga natural na templo na pinananahanan ng Diyos, ngunit ngayon ang Diyos ay nananahan sa isang espirituwal na templo, ang Iglesya. Bakit nga ba ang Lumang Tipan ay puno ng mga natural na bagay na siya namang mga inuulit espirituwal para sa atin sa Bagong Tipan? Gumagawa ang Diyos sa ganitong paraan upang ipakita sa atin ang natural na mga modelo o pamarisan ng kung ano ang nais Niyang gawin sa espiritu. Kung ano ang hindi natin nakikita sa hindi nakikitang mga plano ng Diyos ay maaari nating masimulang maunawaan mula sa Kanyang likas na mga gawa, Roma 1:20. Habang pinag-aaralan natin ang Aklat ni Josue ay

paulit-ulit nating makikita ang mga likas na kaganapan na naitala doon na may mga espirituwal na aplikasyon para sa atin ngayon. At pagkatapos na ating maunawaan ang espirituwal na mga panuntunan na nahayag sa pamamagitan ng kung paano nakuha ni Josue at ng kanyang mga hukbo ang Lupang Pangako, tayo ay maaari nang maging mabuting sundalo ni Jesu-Cristo na siyang kukuha ng ating sariling mana sa kaharian ng Diyos.

Ang sumusunod na tsart ay makatutulong sa atin na ipakita ang mga pagkakatulad na ito:

| PAGKUHA NG MAMANAHIN | | |
|---|---|---|
| Ang BIBLIYA: | Ang Lumang Tipan | Ang Bagong Tipan |
| Ang PARISAN: | Una ang Natural | Pagkatapos ang Espiritwal |
| Ang PINUNO: | Josue | Jesus |
| Ang mga TAO: | Israel | Mga Kristiyano |
| Ang KAAWAY: | Cananeo | Ang Hukbo ni Satanas |
| Ang LARANGAN NG DIGMAAN: | Sa Lupa | Sa Kalangitan |
| Ang PAMANA: | Lupain ng Israel | Kaharian ng Diyos |

Ang Aklat ni Josue ay maaari din namang mapag-aralan bilang isang natural na kasaysayan. Sinasabi nito sa atin kung paano pinangunahan ni Josue ang bayan ng Israel sa lupain na ipinangako ng Diyos sa kanila. Sinakop nga ng Israel ang mga tribo ng Cananeo na nakatira doon, hinati ang lupain, at nanirahan sa mga lugar na ibinigay sa kanilang labindalawang lipi.

Ang pinakamahalagang mensahe para sa atin sa aklat na ito, gayunpaman, ay ang espirituwal na katuparan nito. Gaya ng ang mga Israelita ay sinabihan tungkol sa Lupang Pangako na maaari nilang manahin, mayroon pa ring isang “lupang pangako” para sa mga hinirang ng Diyos na pasukin at ariin. Ang espirituwal na pamanang ito ay ang kaharian ng Diyos. Kasama dito ang mga pangako ng Diyos, ang mga kaloob at mga ministeryo, at ang walang hanggang posisyon at mga gantimpala na nais ng Diyos na manahin natin sa Kanyang Kaharian.

Para sa atin, ang espirituwal na aplikasyon ng Aklat ni Josue ay nais ni Jesus na ating Pinuno na pangunahan tayo sa mga pangako ng Diyos para sa ating mga buhay. Dapat nating lupigin ang ating mga espirituwal na kaaway at itatag ang kaharian ng Diyos sa ating buhay, pamilya, iglesya, lokal na lugar, at bansa. Magkakaroon tayo ng maraming mga espirituwal na labanan bago tayo makakapasok sa lahat ng karakter, ministeryo, at mga gantimpala ng Diyos. Ngunit habang nagsisimula tayong pumasok sa ating mana kay Cristo, kakailanganin din nating malaman kung paano gamitin at panatilihin ang ibinigay ng Diyos sa atin. Ito ay ang mga susi na makukuha natin mula sa lubos na pag-unawa sa aklat na ito.

## Balangkas ng Aklat ni Josue

Ang Aklat ni Josue ay nagtuturo sa atin ng mga araling ito sa isang malinaw at unti-unting paraan. Ang nilalaman ng aklat ay nahati sa dalawang pantay na bahagi at bawat isa ay naglalaman ng labindalawang mga kabanata. Ang unang bahagi (mga kabanata 1-12) ay maaaring pamagatan na “Pagsakop sa Mana.” Sa bahaging ito ay mababasa natin ang tungkol sa kung paano tinawid ni Josue ang Ilog Jordan at tinalo ang hukbo ng mga Cananeo sa Lupang Pangako.

Ang ikalawang bahagi ng aklat (mga kabanata 13-24) ay maaaring pamagatan na “Pag-angkin ng Pamana.” Pagkatapos makalipat ng mga Israelita at talunin ang kanilang mga kaaway, kailangan nilang matutunan kung paano manirahan at angkinin ang lupain. Ang bawat isa sa mga lipi ay may kanilang sariling heograpiyang lugar na malinaw na minarkahan kung saan sila ay mamumuhay. Mababasa rin natin ang tungkol sa mga tiyak na mga pamana na hiningi at tinanggap ng iba’t ibang mga tao tulad nila Caleb, Acsa, mga anak na babae ni Zelopehad, at mismong si Josue.

Ang sumunod na tsart ay ipinapakita sa atin ang balangkas ng kung paano nahahati sa dalawa ang Aklat ni Josue:

| BALANGKAS NG AKLAT NI JOSUE | | | |
|---|---|---|---|
| Unang Hati: Pagsakop sa Mana | | Ikalawang Hati: Pag-angkin ng Pamana | |
| Seksyon 1: Pagpasok sa Lupain Mga Kabanata 1-5 | Seksyon 2: Pagsakop sa Canaan Mga Kabanata 6-12 | Seksyon 3: Paghahati sa Lupain Mga Kabanata 13-22:9 | Seksyon 4: Pagpapanatili sa Pamana Mga Kabanata 22:10 hanggang 24 |

Ang huling hanay ng tsart ay naghahati pa sa dalawang bahagi ng Aklat ni Josue sa dalawang mga seksyon kada isa. Maaari nating tawagin ang mga ito na ang “apat na bahagi” ng aklat. Bawat isa sa kanila ay hinaharap ang mga pangunahing paksa ng kani-kanilang bahagi, ngunit pagkatapos ay nagpapatuloy din upang maipaliwanag ng detalye kung paano nasakop at naangkin ng mga Israelita ang Lupang Pangako.

Bawat isa sa apat na seksyong ito ay kailangang maganap espirituwal sa buhay ng bawat Kristiyano na nagpapatuloy upang tapusin ang plano ng Diyos sa kanilang mga buhay. Ang lumalagong Kristiyano ay kailangan munang magsimula sa pagpasok sa mga pangako ng kanilang mana kay Cristo. Ang ikalawa dito ay magdadala sa kanila sa pagharap sa iba’t ibang mga alitan na dapat pagtagumpayan upang kamtan ang mga pangakong ito. Pangatlo, habang nagsisimula silang tanggapin ang karakter, mga ministeryo at mga gantimpala ng Diyos, ay kakailanganin nila ng matinding karunungan upang iorganisa at itatag ang mga pagpapalang ito. Kasunod nito, upang kumpletuhin ang plano ng Diyos sa kanilang mga buhay, kailangan nilang panatilihin at paramihin ang kanilang mga minana sa pamamagitan ng pagpapasa nito sa sumusunod na henerasyon ng kanilang natural at espirituwal na mga anak.

## Pagkaakda at Petsa

Ang tradisyon ng mga Judio at ang Talmud ay naghahayag na si Josue mismo ang may-akda ng aklat. Malapit sa pinakahuling bahagi ng aklat ay ating mababasa, "Isinulat ni Josue ang mga salitang ito sa aklat ng kautusan ng Diyos" (Jos. 24:26). Kahit papaano ito ay tumutukoy sa huling pangaral ni Josue, ngunit posible rin na tumutukoy sa kabuuan ng aklat. Si Josue ang pinakakarapat-dapat na sumulat ng salaysay na ito, bilang kapwa isang saksi ng mga kaganapan at bilang isang lingkod ng Diyos na bihasa sa pagpapahayag ng salita ng Panginoon. May mga ilang seksyon ng aklat (gaya ng kamatayan ni Josue sa kabanata 24:29-31) na nararapat isingit ng panghuling editor ng libro, marahil ay isa sa mga punong saserdote o naunang mga hukom ng Israel. Ngunit kung hindi si Josue mismo ang sumulat ng aklat, ito kung gayon ay isinulat ng isang kasabayan ni Josue na isang nakasaksi sa kanyang isinulat. Ito ay napatunayan ng may akda gamit ang salitang "atin" sa Josue 5:6, at sa katunayan na si Rahab ay nabubuhay pa nang ang Josue 6:25 ay isinulat. Inilalagay nito ang pagsusulat ng aklat sa panahon nang unang bahagi ng ika-labing apat na siglo B.C.

# Kabanata 2

# ANG PAGHAHANDA NI JOSUE

Bago natin pag-aralan ang aklat ni Josue mahalaga para sa atin na isaalang-alang kung paano inihanda ng Panginoon ang pinuno, kung saan ipinangalan ang aklat na ito. Ibinukod ng Panginoon si Josue mula sa mahigit isang kalahating milyong kalalakihan dahil sa ilang mga napakalinaw na mga kwalipikasyon sa kanyang buhay. Sa ating panahon, ang Panginoon ay naghahanap pa rin ng mga lalaki at babae na maaari Niyang piliin at pahiran upang magdala ng tagumpay sa mga pamilya, mga kongregasyon, at kahit pa sa mga bansa. Sino ang magiging karapat-dapat sa isang napakagandang pribilehiyo? Habang natututunan natin kung paano inihanda ng Panginoon si Josue, matututunan din natin ang mga mahahalagang aral na makakatulong sa atin upang mapili ng Diyos.

### Si Josue ay naging isang Mabuting Kawal

Ang unang pagkakataon na nabanggit si Josue sa Kasulatan ay sa Exodo 17:9, kung saan siya ay pinili ni Moises upang pangunahan ang mga kawal laban sa hukbo ni Amalek. Tinalo ni Josue at ng kanyang mga kawal ang mga Amalekita, at nagpatuloy si Josue na maging isang matapang at matalinong sundalo. Kung gusto nating mapili na pamunuan ang bayan ng Diyos sa matitinding mga tagumpay, kailangan din nating matutunan na "magpakalakas at magpakatapang na mabuti," na kahit si Josue mismo ay pinayuhan ng maraming beses (Jos. 1:6,7,9 & 18).

Sa 1 Juan 2:12-14 mababasa natin ang tungkol sa tatlong kategorya ng mga Kristiyano. Sa mga talatang ito ay inihahambing ni Apostol Juan ang ating espirituwal na paglago sa natural na paglaki ng isang tao mula sa isang bata hanggang sa isang ama. Sa talata 14 ay mababasa natin, "Mga kabataan, kayo'y sinusulatan ko sapagkat kayo'y malalakas, at ang salita ng Diyos ay nananatili sa inyo, at inyong dinaig ang masama." Kung paanong ang isang kabataang lalaki ay maaaring magkagulang at maging kwalipikado na sumali sa isang hukbo, ang lumalagong Kristiyano at dapat hubugin upang maging isang "mabuting sundalo ni Jesu-Cristo" (2 Tim.2:3).
Ito ay magiging sanhi para sa atin na "magpakalakas sa Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang lakas," at makatulong na iayon tayo sa wangis ni Cristo- dahil sinasabi sa atin sa Exodo 15:3, "Ang Panginoon ay isang Mandirigma."

May mga pagkakataon na ang bayan ng Diyos ay aatakihin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mga demonyo o mga tao na nasa ilalim ng kanilang kontrol. Magiging malakas ba tayo at matapang kapag oras na upang makipaglaban sa digmaan ng Panginoon? Tandaan, ito ang madalas na naghihiwalay sa mga kalalakihan mula sa mga batang lalaki!

Maraming beses na akong naharap sa mga labanan na sa aking likas na sarili ay gusto kong iwasan. Madalas ay kasing simple lang ito ng pagbangon sa higaan sa gabi upang manalangin. Maaaring ito ay isang alitan sa simbahan. Noong ako ay isa pang katuwang na pastor, ay kinailangan kong tumayo sa labas ng pintuan ng simbahan at sabihin sa isang lalaking lasing na

inaalihan ng demonyo na hindi siya maaaring pumasok sa loob. Ang malaki at malakas na lalaking ito ay naging marahas at pumunta sa kalsada upang kunin ang karatula ng simbahan. Pagkatapos ay bumalik siya para gumanti sa simbahan, nakahandang ihagis ang karatula sa malaking bintana sa harapan, sa kabila lamang ng bintanang iyon ay ang aming Senyor Pastor na nangangaral sa pulpito! Doon mismo ay hiniling ko na sana ang ilang malalaking kalalakihan ng simbahan nalang ang nasa labas sa halip na ako; ngunit dahil ako lang ang nag-iisa roon, itinuro ko aking daliri sa marahas na lalaki at sinaway siya sa pangalan ng Panginoon. Tumugon siya na parang may isang tao na pumalo sa kanyang dibdib ng pamalo ng beysbol, at nagpasuray-suray na umikot palayo.

May ibang panahon na ako ay nagtuturo sa isang seminar ng mga pastor sa isang probinsiya ng Pilipinas na malawakang sakop ng mga komunista. Ang mensahe na binigay sa akin ng Panginoon na sabihin ay kung ang mga iglesya ay buong tapang na ipangangaral ang ebanghelyo, babaguhin ng Panginoon ang lalawigan at sisirain ang kapangyarihan ng komunismo roon. Ang mensaheng iyon ay nagdala sa akin ng isang banta ng kamatayan na sa natural ay nagawa kong makapag-isip na kumuha ng tiket sa kaagad na susunod na lipad ng eroplano palabas! Gayunpaman, alam ko na kung aalis akong takot, ang ministeryo ko ay mawawalan ng bisa at maiiwanan pa na talunan ang mga pastor. Kaya nanalangin ako ng husto, at nanatili ng ilang mga araw hanggang sa ang seminar ay natapos nang matagumpay.

Ang seminar na iyon ay nakatulong na hikayatin ang ilang mga tagapaglingkod sa kanilang agresibong pag-eebanghelyo. Sa loob ng walong taon ay nagkaroon sila ng mahigit 10,000 pinagbalik-loob, habang ang lakas ng kilusang komunista ay nawasak! Kaagad akong nagsimula roon ng paaralang Bibliya para sa 120 mga pastor at mga manggagawa sa simbahan ng isang lokal na pastor na dating naging kasama ng lokal na pangkat ng mga komunistang mamamatay-tao. Ano ang ating mga reaksyon kapag tumitindi na ang labanan? Nais ng Panginoon na turuan tayo kung paano “makipagtiis ng kahirapan gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus” (2 Tim.2:3). Ito ay isang kwalipikasyon na ating kailangan upang maging mga pinuno na pipiliin ng Diyos at susundin ng mga tao.

Ang isa pang aral na matututunan sa pamamagitan ng pagtalo ni Josue sa mga Amalekita ay may kaugnayan sa pamana ni Amalek. Siya ay apo ni Esau, na kinakatawan ang karnal na tao at ang mga gawa ng laman (Gal.4:22-29). Kung nais nating maging matagumpay na mga pinunong Kristiyano, dapat nating labanan ang mga gawa ng laman sa ating sariling mga buhay. Dapat nating ideklara ang giyera laban sa “mga Amalekita” na naghahangad na sirain ang ating sariling espirituwal na mga ministeryo. Si Haring Saul ay isang lider na nakipagkompromiso sa mga Amalekita nang sinabihan siya ng Panginoon na wasakin sila, at sa huli ay isang Amalekita ang nagmalaki na pinatay niya si Saul. Upang maging isang mabuting pinuno, hindi tayo dapat makuntento sa pagkakaroon lamang ng mga pansamantalang tagumpay laban sa pita ng laman. Dapat nating ideklara ang ganap na digmaan at sikaping puksain silang lahat sa ating mga buhay, kung hindi, sa panahon ng kahirapan o personal na kahinaan ay maaari silang bumalik at pumasok ng panakaw at sirain tayo.

## Si Josue ay isang Tagapaglingkod

Marami sa naunang mga reperensiya kay Josue na ating nabasa ay tinawag siyang lingkod ni Moises (Ex.24:13, Bil.11:28, Jos.1:1). Sa kanyang kabataan, si Josue ay hindi kabilang sa mga pinuno ng Israel, ni siya ay nagmula sa isang saserdoteng pamilya. Hindi siya mukhang gaya ng magiging isang lider. Sa modernong pananalita sabihin na natin na hindi siya nakatatanda sa iglesya o anak ng isang tagapaglingkod. Si Josue ay katulad ng isang diakono na siyang pinili ng Diyos na itaguyod at gawing susunod na punong pastor! Maging si Moises ay hindi napagtanto na si Josue ang pinili ng Diyos na maging susunod na lider hanggang sa ito ay ipinakita ng Panginoon sa kanya sa huling sandali ng kanyang buhay (Bil.27:15-21).

Ang pagiging isang lingkod (o ayon sa wikang Griyego ay *diakono*) ay hindi natural na nakikita bilang isang mahalagang tungkulin o isang baitang sa kadakilaan. Ngunit ang kaisipan ng Diyos ay kaiba sa ating mga kaisipan, at ang Kanyang pamamaraan ay mas mataas sa ating mga pamamaraan. Ang Panginoon mismo ang nagturo sa atin, "ang sinumang ibig na maging dakila sa inyo ay kailangang maging lingkod ninyo" (Mk.10:43). Ito ay sa pamamagitan ng ating pagkatutong maglingkod na tayo ay nagiging handa na maging isang tagapanguna. Ang dahilan dito ay ang bawat isang lider ay isang tao pa rin sa ilalim ng mas mataas na kapangyarihan-malibang gustuhin mo na maging isang diktador o papa! Habang mas natututo tayong maging tapat na mga lingkod at daluyan ng mas may kapangyarihan sa atin, mas lalo tayong maitataas at pagkakatiwalan ng mas matataas na antas ng kapangyarihang iyon. Ito ang kabaligtaran ng pamamaraan ng karnal na tao, kung saan ay itinuturo na dapat ay itaas mo ang iyong sarili at akyatin ang hagdanan ng tagumpay upang maging isang nakatataas na propesyonal na pinuno. Kung tayo ay susunod sa pamamaraan ng Diyos at kamtin ang Kanyang mga promosyon, mas dapat ay pakinggan natin ang mga pangaral na, "Magpakumbaba kayo sa harapan ng Panginoon, at Kanyang itataas kayo," "Anumang masumpungang gawin ng iyong kamay, gawin mo ng iyong kalakasan," "Ang tapat sa kakaunti ay tapat din naman sa marami" (San.4:10, Mang.9:10, Lc.16:10).

Bilang isang lingkod ni Moises, natutunan din ni Josue ang maraming mahahalagang aral habang siya ay malapit kay Moises at natuto sa kanyang karunungan. Sa Bilang 11:26-29 nang nais ni Josue na pigilan ang dalawang mga nakatatanda na nagpopropesiya sa kampo, tinulungan siya ni Moises na ipakita kung gaano ka-bukas ang puso ng Diyos. Kung hindi naibahagi ni Josue ang parehong di-mapangkating saloobin na ito sa Israel, ang mga lipi na nanirahan sa kanluran ng Jordan ay maaaring nilupig na ang mga lipi sa silangan ng Jordan nang sila ay nagtayo ng mga altar na nakatala sa Josue 22:10-34.

## Binago ni Josue ang Kanyang Pangalan (at Katangian)

Ang isang napakahalagang susi sa paghahanda ni Josue ay ang binago ng Diyos ang kanyang pangalan. Nagpapahiwatig ito na binababago ng Panginoon ang pagkatao at pagkatawag ni Josue. Pagkatapos na nakapaglingkod na si Josue kay Moises bilang kanyang katuwang at kapitan militar, mababasa natin sa Bilang 13 kung paanong siya ay pinili rin na isa sa 12 mga

tiktik na ipinadala sa Canaan. Sa talata walo, siya ay tinawag na Hosheas ayon sa kanyang orihinal na pangalan, ngunit sa talata 16 ay mababasa natin, "At tinawag ni Moises na Josue si Hosheas na anak ni Nun."

Ang mga pangalan ay madalas na propetiko sa ating pagkatao at pagkatawag. Natukoy ng tama ni Abigail kung paanong ang pangalan ng kanyang asawa ay umayon sa katangian nito nang kanyang sinabi na, "sapagkat kung ano ang kanyang pangalan ay gayon siya." 1 Sam.25:25. Kung matutuklasan natin ang kahulugan ng isang pangalan, madalas tayong makakuha ng pagkaunawa mula sa pangalan tungkol sa pagkatawag ng Diyos. Alam natin na natupad ni Abraham ang kanyang pangalan na maging isang "Ama ng mga Bansa," at ang pangalang Jesus ay propetikong nangangahulugan na "Ang Panginoon ay Kaligtasan."

Ang pangalan na ibinigay kay Josue sa kanyang kapanganakan ay Hosheas, na nangangahulugang "kaligtasan" o "ligtas." Si Moises ay pinangunahan ng Banal na Espiritu na baguhin ang kanyang pangalan sa pamamagitan ng pagdaragdag sa simula ng pangalan ni Hosheas. Ang karagdagan na ito ng isang "J" ay ginawa ang kanyang bagong pangalan na maging Jehoshua, o Yehoshua. Ngayon ito ay binabaybay na Josue (Joshua), Yeshua o Jesus sa modernong pinaikling anyo nito. Ang kumpletong kahulugan ng kanyang pangalan ay naging "ang Panginoon ay nagliligtas" o "ang Panginoon ay Kaligtasan."

Ang dakilang kahalagahan sa bagong pangalan ni Josue ay makikita kapag ating ihahambing ang kanyang pangalan sa pangalang ibinigay sa ating Panginoon sa Kanyang kapanganakan. Sa mga orihinal na wika ng Bibliya, ang Josue (Joshua) at Jesus ay parehong pangalan! Ang isang halimbawa kung paano maaaring gamitin ang dalawang pangalan na ito ay ipinakita sa atin sa Hebreo 4:8. Ang *King James* na salin ng talatang ito ay nagsasabing "Kung ibinigay sa kanila ni Jesus ng kapahingahan," habang ang karamihan sa mga modernong salin ay nagsasabing "kung ibinigay sa kanila ni Josue ang kapahingahan." Sa talatang ito ay talagang si Josue ang pinag-uusapan, ngunit dahil ang dalawang pangalan na ito ay mapagpapalit mula sa orihinal na mga wika ng Bibliya, inilagay ng mga tapagsalin ng *King James* ang pangalang "Jesus" sa talatang ito.

Si Josue ay naging isang larawan ni Cristo sa Lumang Tipan, maging sa eksaktong pagkakatulad na sila ay may parehong pangalan. Kapwa sila pumasok sa parehong pagkatawag nang pagiging mga tagapagpalaya, gaya ng kahulugan ng kanilang mga pangalan "Ang Panginoon ay Kaligtasan." Nang ang Panginoon ay nagpakita kay Josue sa kabanata 5:13-15, inihayag Niya ang sarili bilang ang "Pinuno ng Hukbo ng Panginoon." Ito rin ang pangunahing aspeto ng katangian ni Cristo na pinasok ni Josue. Sinasabi sa atin ng Kasulatan sa 1 Juan 3:2 at 2 Corinto 3:18 na tayo ay binabago na maging katulad ng Panginoon kapag nakikita natin Siya. Dahil dito ay ipinakilala ni Cristo ang Kanyang sarili kay Josue bilang Pinuno, upang baguhin si Josue na maging isa ring matagumpay na pinuno ng hukbo.

Si Josue ay naging pinuno ng Lumang Tipan na dinaig ang mga kaaway at pinangunahan ang bayan ng Diyos sa kanilang mana. Sa ganitong paraan ay naging katulad siya ni Jesus, na dinaig ang kasalanan, impiyerno, at kamatayan upang pangunahan ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan tungo sa kanilang mana. Si Moises na tagapagbigay ng batas ang nakapag-alis sa bayan ng Diyos mula sa kadiliman, ngunit kinailangan si Josue upang mapangunahan sila sa

Lupang Pangako. Ang Bagong Tipan ngayon ay parehong nagtuturo sa atin na habang ang batas na binigay ni Moises ay nagsisimulang gawain ang katubusan sa ating mga buhay, mangangailangan naman ng biyaya ni Cristo upang mapangunahan tayo sa katuparan nito.

Ang nagbabagong gawain ng biyaya ng Diyos na naghanda kay Josue ay naghahangad pa rin na ihanda ang mga Kristiyanong pinuno para sa ngayon. Ang Panginoong Jesus ay nagsabi sa Pahayag 2:17, "Ang magtatagumpay ay bibigyan ko ng…isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi ang tumanggap." Gaya ng pagbigay ni Cristo kay Josue ng isang bagong pangalan, pagkatao, at pagkatawag, marami sa mga mananampalataya ngayon ang mga nagsisihanda na maging "Henerasyon ni Josue" ng kasaysayan ng iglesya. (Pag-aaralan pa natin ito sa kabanata tatlo.)

Labinwalong taon na ang nakalipas nang ako, bilang isang tagapaglingkod, ay lubos na pinanghinaan ng loob. Ang Diyos ay nagbigay sa akin ng mga mabiyayang pangako tungkol sa kung ano ang ibig Niyang maganap sa aking buhay, ngunit hanggang sa mga panahong iyon ay kakaunting resulta lamang ang nakita ko. Sa pinakamababang punto ng aking panghihina, pinili ng Panginoon na mamagitan at sinimulan akong ihanda para sa aking pagkatawag.

Sa isang hindi pangkaraniwang gawain, may halos 15 katao ang mga nagpropesiya sa akin ng sunod sunod. Ang lahat ng propesiya ay patungkol sa kung paano ako gagawin ng Panginoon na isang Josue. Pagkatapos ay isang propeta ang nagdeklara sa akin ng isang bagay na nagpabagsak sa akin sa sahig sa matinding pag-iyak at panaghoy. Sinabi niya na ako ay binibigyan ng Panginoon ng isang bagong pangalan, ang pangalan ni Josue.

Ang deklarasyong iyon ay isang *rhema* o buhay na salita na malalim na pumasok sa aking espiritu. Ito ay isang pagtalikod pabalik mula sa aking panghihina na nagdala sa akin sa maraming mga pinakamabubungang taon ng ministeryo. Gaya ng pangunguna ni Josue sa mga Israelita at itinanim sila sa kanilang mana, nagawa kong makatulong na mapangunahan at itatag ang libu-libong mga pastor sa kanilang mga ministeryo (ang espirituwal nilang mga mana) sa pamamagitan ng mga pagsusulat, pa-seminar sa mga pastor, at mga paaralang Bibliya na aking napag-ministeryuhan sa maraming mga bansa. Ang Diyos ay nasa gawain pa rin ng pagbabago ng Kanyang bayan ngayon, at naghahanda sa atin na maging bahagi ng isang matinding hukbo na siyang tutulong na ihanda ang mundo para sa Ikalawang Pagbabalik ni Cristo. Kung paanong ang Diyos ay nagbabangon ng napakaraming mga Josue para sa mga huling araw na ito, nawa ay buong tiwala rin nating masasabi na, "Subalit salamat sa Diyos, na siyang laging nagdadala sa atin sa pagtatagumpay kay Cristo, at sa pamamagitan natin ay ipinahahayag ang samyo ng pagkakilala sa kanya sa bawat dako." (2 Cor.2:14).

## Si Josue ay naging isang Lalaki ng Pangitain at Pananampalataya

Gaya ng paghahanda ng Panginoon kay Josue makikita rin natin kung paano siya naging isang lalaki ng pangitain at pananampalataya. Ang bawat namumunong Kristiyano ay nangangailangan ng mga katangiang ito upang maging epektibo at maitatag sa kanilang mga ministeryo. Pinili ni Moises si Josue na maging isa sa 12 mga tiktik na lumakad tungo sa Lupang Pangako. (Bilang 13:16-26). Matapos ang kanyang paglalakbay sinabi ni Josue mula sa personal

na kaalaman na ito ay “isang napakagandang lupain” (Bilang 14:7). Ang karamihan sa mga Israelita ay narinig lamang ang ilang paulit-ulit na mga kwento tungkol sa lupain. Gayunpaman, nagawang matikman at makita ni Josue ang malaking larawan ng kung ano ang nais ng Panginoon na pagdalhan sa Kanyang bayan para kuhanin.

Totoo ang sinasabi ng kasulatan na “Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at hindi narinig ng tainga, at hindi pumasok sa puso ng tao, ay ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila na nagmamahal sa kanya” (1 Cor.2:9). Ngunit ang sumunod na talata ay nagpatuloy upang sabihin sa atin, “Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa amin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu.” Ang pagtamo ng pahayag na ito ay isa sa mga pambihirang tagumpay na kailangan natin upang magpatuloy mula sa natural tungo sa di-pangkaraniwan, mula sa sarili nating mga plano at mga programa upang makuha ang mga layunin ng Diyos para sa ating mga buhay. Kailangan nating manalangin katulad ni Apostol Pablo na bigyan tayo ng Diyos “ng espiritu ng karunungan at ng pahayag sa isang ganap na pagkilala sa kanya, yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso, upang malaman ninyo kung ano ang pag-asa sa kanyang pagkatawag (Efeso 1:17-18). Kailangan nating makatanggap ng isang malinaw na pangitain ng kung ano ang inihanda ng Panginoon na pasukin natin. Si Abraham ay sinabihang “Itaas mo ngayon ang iyong paningin, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilaga, timog, silangan, at sa kanluran; sapagkat ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakailanman” (Gen.13:14-15). Sinabi ng ating Panginoong Jesus sa Kanyang mga alagad “masdan ninyo ang inyong paligid at tingnan ang mga bukid” sa Juan 4:35. May isang “lupang pangako” para sa lahat ng hinirang ng Diyos, at kailangan nating makakuha ng kapahayagan mula sa Diyos upang malaman kung ano mismo ang inaalok ng Panginoon sa bawat isa sa atin.

Si Pastor Yonggi Cho ng Korea ay may makapangyarihang patotoo patungkol sa kahalagahan ng pagkakaroon natin ng pangitain ng Diyos para sa ating mga buhay at mga ministeryo. Noong siya ay isang batang pastor pa lamang, ang kanyang pag-asa at panalangin ay ang mamuno siya kinalaunan sa isang matagumpay na iglesya ng 300 katao. Ngunit habang hinahangad niya ang tunguhin na iyon, ipinakita sa kanya ng Panginoon na ang iglesya ay dapat lumago upang magkaroon ng 3,000 na mga miyembro. Nang maabot ang tunguhin na iyon ay ipinakita sa kanya ng Panginoon na maaari siyang magkaroon ng isang iglesya na may 10,000 na mga miyembro. Nang makuha niya rin iyon, pinangunahan siya ng Panginoon na maniwala para sa 50,000, at pagkatapos ay 100,000, pagkatapos ay 500,000, pagkatapos ay isang milyong miyembro sa kanyang iglesya! Ngayon ay mayroon siyang 700,000 na mga miyembro sa kanyang iglesya, at kapag ang mga miyembro ng kanyang mga inaabot na iglesya ay idinagdag, ang bilang ay tiyak na hihigit sa isang milyon. Ang kanyang ministeryo at iglesya ay nagkakaroon ng matinding pambansang epekto, at nakakatulong din na baguhin ang mundo. Ngunit isipin na lang kung ano ang nangyari sakaling nakuntento siya sa limitadong pananaw ng pagkakaroon lamang ng 300 na mga miyembro sa kanyang iglesya? Gaano karaming mga tagapaglingkod ngayon ang maaaring makuntento nalang sa isang komportableng sahod at iglesya, habang ninanais ng Panginoon na itaas ang kanilang pangitain upang sakupin ang mga lungsod at bansa? “Humingi ka sa akin at ang mga bansa ay gagawin kong mana mo, at ang mga dulo ng lupa ay magiging iyo” (Aw.2:8).

Gayunpaman, ito ay hindi lamang dahil siya ay nagkaroon ng isang pangitain sa kung ano ang iniaalok sa kanila ng Diyos na si Josue ay pinili upang pangunahan ang mga Israelita sa Lupang Pangako. Ito rin ay dahil sa naniniwala si Josue na dadalhin ito ng Diyos sa katuparan!

Sampu sa iba pang mga tiktik na sumama kay Josue ay nakita ang parehong Lupang Pangako na dinadaluyan ng gatas at pulot; ngunit hindi nila pinagana ang pananampalataya na maniwalang makakapasok sila dito. Ibinalita nila sa mga tao na ang mga paghihirap na haharapin sa pagsakop sa lupain ay napakalaki para mapagtagumpayan (Bil.13:25-14:10). Ang 10 mga tiktik na ito ay nilason ang mga Israelita ng kanilang kawalan ng pananampalataya, at ang resulta ay diskuwalipikado ang buong henerasyon mula sa pagpasok sa Lupang Pangako (Bil.14:26 -30). Ang tanging eksepsyon lamang sa kahatulan na ito ay ang dalawang tapat na mga espiya, sina Josue at Caleb, na siyang pinahintulutang pumasok sa Canaan dahilan sa kanilang pananampalataya.

Totoo na kailangan muna nating makakuha ng isang pangitain ng kung ano ang inaalok sa atin ng Panginoon para sa ating mga buhay at ministeryo. Ngunit upang makamit ang katuparan ng pangitaing iyon, ang susunod na hakbang ay kailangan nating gamitin ang ating pananampalataya. Kung ipinapakita ng Panginoon sa isang tao na inaalok sila ng paglago ng iglesya, rebaybal, isang pinalawak na ministeryo, o kung anuman, kailangan nilang maniwala sa Kanya at magsimulang magpatuloy upang makuha ang katuparan ng pangakong iyon. Ang karnal at likas na kaisipan ay maghahanap ng mga pasubali na hindi magpursige, gaya ng: "Hindi pa ito ang tamang panahon," "Wala kaming pera," o, "Nananaginip ka lang, ito ay hindi praktikal."

Bago tayo makapasok sa mga pangako ng Diyos, ang isang pangunahing larangan ng digmaan na kailangan muna nating pagtagumpayan ay ang ating isipan. Ang ating mga iniisip ay dapat magpasakop sa pangitain ng Diyos at Kanyang kalooban sa halip ng ating mga kalagayan. Habang ang 10 mga espiyang Israelita ay nagreklamo tungkol sa mga nakapader na lungsod ng Canaan na nakatayo laban sa kanila, sinasabi sa atin ng Bagong Tipan na may mga pader at pinatibay na mga muog sa kaisipan ng mga Kristiyano na kinakailangang pabagsakin. Sa 2 Corinto 10:4-5 mababasa natin, "Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipaglaban ay hindi makalaman, kundi maka-Diyos na may kapangyarihang makagiba ng mga kuta. Aming ginigiba ang mga pangangatuwiran at bawat palalong hadlang laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag ang bawat pag-iisip upang sumunod kay Cristo." Kapag ang ating sariling isip at puso ay ganap na nagpapasakop kay Cristo, tayo kung gayon ay gagawin ng Panginoon na isang makapangyarihang mandirigma na handang isakatuparan ang Kanyang mga gawain ng pananampalataya. Magagawa nating tumingin lampas sa mga kahirapan at magdeklara tulad ni Josue, "Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing iyon…huwag matakot sa mga tao ng lupaing iyon, sapagkat sila'y para lamang tinapay sa atin; ang kanyang kalinga ay inalis sa kanila, at ang Panginoon ay kasama natin" (Bil.14:8-9).

## Nakamtan ni Josue ang Pagpapahid

Ang iba pang susi sa buhay ni Josue ay kanyang nakamtan ang pagpapahid na kailangan niya upang maging isang matagumpay na pinuno ng bayan ng Diyos. Alam natin na ang lahat ng ating likas na mga talento at mga kakayahan ay walang kabuluhan kung ang Banal na Espiritu ay hindi gumagawa sa atin at sa pamamagitan ng ating buhay upang maisakatuparan ang mga gawain ng Diyos. Nakamit ni Josue ang pagpapahid na ito sa pamamagitan dalawang pangunahing mga paraan na kailangan ng bawat isa upang makatanggap ng higit na Espiritu ng Diyos.

Isang paraan upang makatanggap ng pagpapahid ay tanggapin ang Banal na Espiritu direkta mula sa Panginoon. Ang iba pang paraan ay tumanggap mula sa mga pinahirang lalaki at babae ng Diyos. Ang bertikal na pagkakaloob pababa mula sa langit kasama ang pahalang na impartasyon sa pamamagitan ng Katawan ni Cristo ay maaaring humubog sa bawat isa upang maging mga pinahirang Kristiyanong pinuno.

Nagsimulang makamtan ni Josue ang pagpapahid sa pamamagitan ng unang paraan na ito habang binubuo niya ang kanyang relasyon sa Panginoon. Makikita natin ito mula sa kwento sa Exodo 33:8-11 kung paano pumapasok si Moises sa tabernakulo upang makipagtagpo sa Diyos. Sa talata 11 mababasa natin, "Sa gayon nakikipag-usap ang PANGINOON kay Moises nang mukhaan, gaya ng pakikipag-usap ng isang tao sa kanyang kaibigan. Kapag siya'y bumabalik uli sa kampo, ang kanyang lingkod na si Josue, anak ni Nun, na may kabataan pa, ay hindi umaalis sa tolda."

Sa panahong ito, si Moises ay isa nang maygulang na lalaki ng Diyos na siyang napakalapit sa Panginoon. Si Moises ay nakakapasok sa tabernakulo, mabilis na nakikipagtagpo sa Diyos, at kinukuha ang mga kasagutan na kanyang kailangan. Ngunit habang si Moises ay pabalik sa kampo upang marahil ay muling ipagpatuloy ang kanyang mga tungkulin doon, si Josue ay nananatili sa tabernakulo. Natutunan ni Josue ang maghintay sa Panginoon at lumapit sa Kanya. Nais ni Josue na bumuo ng parehong malapit na relasyon sa Diyos na mayroon kay Moises!

Kailangan nating linangin ang ganitong parehong kagawian sa sarili nating mga buhay. Lahat tayo ay mamamangha sa mga panahon na ating makikita ang isang tao na mas maygulang na sa Panginoon, na mabilis makipagtagpo sa Diyos at dumaloy sa Espiritu habang ang pakiramdam lang natin ay nagpapainit palang tayo para makapagsimula! Maaaring nakapaglaan na sila ng maraming taon sa pagbuo ng ganoong pagkasensitibo, na dapat ay sinisimulan na nating gawin kung nais nating makamit ang kung anong mayroon sila sa Diyos.

May ilang pagkakataon na ang isang senyor lider ay maaaring kakailanganin na iwanan ang isang patapos na gawain upang magbigay-payo sa isang tao o may gagawing bagay. Marami sa mga miyembro ay maaaring nakikipagniig o nakikipagtagpo pa sa Diyos sa altar. Kung nais mong magkamaygulang sa Panginoon, maging isa ka doon sa mga taong nananatili sa presensiya ng Diyos. Marahil ang lahat ng iba pa ay tinatapos nalang agad ang gawain at umaalis na. Gayunpaman, ang Panginoon ay maaaring nandoon pa rin- at kung ikaw ay nanatili sa Kanyang

presensiya ng mas matagal kaysa sa ibang mga mananampalataya, ay maaaring mas mabilis kang lalago espirituwal kaysa sa kanila.

Marahil ay unang sinimulang malaman ni Josue kung paano maghintay sa Panginoon nang tinawag ng Diyos si Moises sa tuktok ng Bundok Sinai sa Exodo 24. Sina Moises at Josue ay parehong nagsimula sa Bundok ng Sinai, ngunit si Moises lang ang nagpatuloy hanggang sa pinakatuktok. Tila naghintay na lamang si Josue sa kalagitnaan ng Bundok hanggang sa muling bumaba si Moises (Ex. 32:15-19). Si Josue ay hindi nakapasok sa kabuuan ng kaluwalhatian ng Diyos na naranasan ni Moises sa tuktok ng bundok. Magkagayunman, bilang isang lingkod ni Moises ay nagawa niyang mas maging malapit sa Panginoon sa mga panahong ito higit kaysa mga nakatatanda at mga pinuno ng Israel (Ex. 24:13-14).

Ang bunga ng mga panahon ng paghihintay ni Josue sa Panginoon ay ang presensiya ng Diyos na nagsimulang maging bahagi ng kanyang sariling espiritu. Nang si Moises ay nanalangin sa huling sandali ng kanyang buhay na italaga ng Panginoon ang magiging kapalit niya, sinabi ng Panginoon sa kanya, "Isama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalaking nagtataglay ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kanya; iharap mo siya sa saserdoteng si Eleazar, at sa buong kapulungan; at sa harapan nila'y atasan mo siya" (Bil.27:18-19). Ang isang paglalarawan na binanggit ng Panginoon tungkol sa lalaki na Kanyang pinili bilang susunod na pinuno ay "isang lalaking nagtataglay ng Espiritu." At ang isang paraan na naitala ng Kasulatan na kanyang nakamit ang pagpapahid ng mga panahong iyon ay ang nakagawian niyang manatili sa tabernakulo, upang matutong makipatagpo sa Panginoon.

Noong si Josue ay kinomisyon ni Moises bilang isang bagong lider ng Israel, nakamit niya ang panibagong pagpapahid sa ikalawang pagkakataon. Sinasabi sa atin sa Deuteronomio 34:9 "Si Josue na anak ni Nun ay puspos ng espiritu ng karunungan, sapagkat ipinatong ni Moises ang kanyang mga kamay sa kanya. Pinakinggan siya ng mga anak ni Israel, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises." Habang nasa ilang sandali na lang bago ang oras na ito na pinuri ng Panginoon si Josue bilang "isang lalaking nagtataglay ng Espiritu", makikita natin dito na ibinahagi ni Moises ang karagdagang pagpapahid sa kanya nang ipinatong niya ang kanyang mga kamay kay Josue sa kanyang ordinasyon. Sa parehong paraan, kailangan din nating tanggapin ang mga impartasyon ng Banal na Espiritu parehong mula sa langit at mula sa mga espirituwal na lider na nakatataas sa atin sa Panginoon. Kung tapat tayo sa paglilingkod sa ating mga lider, gaya ng katapatan ni Josue kay Moises, ay ating matatanggap ang mga espirituwal na pagpapala, pagpapahid, kaloob, at balabal mula sa kanila na makatutulong sa atin na masangkapan upang pasanin ang mga ministeryo na sinimulan nilang gawin.

# Kabanata 3

# ANG PAGPASOK SA LUPAIN

(Josue mga Kabanata 1-5)

Nakita natin na ang unang seksyon ng Aklat ni Josue ay naglalarawan sa pagpasok ng mga Israelita sa Lupang Pangako. Sa mga kabanata isa hanggang lima ay sinabi sa atin kung paano naging isang bagong lider si Josue na siyang kinalaunan ay pinangunahan ang mga Israelita sa kabilang dako ng Ilog Jordan, kung saan sila naghanda sa kanilang unang pagsalakay.

Gayunpaman, bago natin pag-aralan ang mga kabanatang ito, dapat nating alalahanin na dati pa ay inihahanda na ng Panginoon ang mga Israelita sa maraming siglo. Mahigit 300 taon na ang nakaraan, si Jose ay nag-iwan ng tiyak na mga tagubilin para sa kanyang katawan na naka-embalsamo na ilibing sa Lupang Pangako kapag nakabalik na ang mga Israelita roon. (Gen.50:25-26). At matagal na panahon pa bago iyon, ang Panginoon ay nangako kay Abraham na ang kanyang mga inapo ay babalik at mamanahin ang lupain pagkatapos mamuhay bilang mga dayuhan sa estrangherong lupain sa loob ng 400 mga taon (Gen.15:13-16).

### Mula Genesis hanggang kay Josue

Mapapansin natin na ang isang pangunahing tema ng unang limang mga aklat ng Kasulatan ay ang pagpasok sa Lupang Pangako. Ang Aklat ni Josue, ang ikaanim na aklat sa Bibliya, ay magdadala sa atin sa katuparan ng mahalagang tema na ito,

Ang susunod na tsart ay makakatulong sa atin na ito ay makita sa mas malinaw na perspektibo, sa parehong Lumang Tipan na natural na katuparan at sa Bagong Tipan espirituwal na katuparan ng temang ito.

| **PAGHAHANDA UPANG SAKUPIN ANG MANA**<br>Ang Lumang Tipan Natural & Ang Bagong Tipan Espiritwal na Katuparan | | | |
|---|---|---|---|
| Ang AKLAT: | Ang LAYUNIN: | Katuparan ng L.T.: | Katuparan ng B.T.: |
| Genesis | ang Lupang Pangako | Genesis 13:14-16 | 1 Ped. 1:3-4, Gal. 2:29 |
| Exodo | Paglisan sa Dating Lupain | Exodo 13:3 | Colosas 1:13 |
| Levitico | Mga batas ng Bagong Lupain | Levitico 18:2-5 | Efeso 4:22-24 |
| Bilang | Naglagalag sa buong Lupain | Bilang 32:11-13 | Hebreo 3:17-4:1 |
| Deuteronomio | Paghahanda para sa Lupain | Deuteronomio 8:1 | Mt. 3:2, 1 Juan 3:3 |
| Josue | Pagkuha sa Lupain | Josue 21:43-44 | Mt. 28:19, Ef. 2:6-7 |

Sa Aklat ng Genesis, ang Panginoon ay nangako sa Kanyang kaibigan na si Abraham na gagawin Niyang isang dakilang bansa ang mga inapo nito na mamanahin ang lupain ng Canaan. Mababasa natin sa Genesis 13:14-16, “Sinabi ng PANGINOON kay Abram pagkatapos na

humiwalay si Lot sa kanya, “Itaas mo ngayon ang iyong paningin, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilaga, timog, silangan, at sa kanluran; sapagkat ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakailanman. Gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi, at kung mabibilang ng sinuman ang alabok ng lupa, ang iyong binhi ay mabibilang din.” Ang pangako ng Panginoon na ibibigay Niya sa mga inapo ni Abraham ang Lupang Pangako ay naging isang pangunahing tema o layunin kung saan sila ay inihanda sa buong nalalabi ng Genesis at ng Lumang Tipan.

Ang espirituwal na katuparan ng pangakong ito ay ibinigay para sa bawat mananampalataya na isang anak ni Abraham sa pananampalataya. Sa Galacia 2:7-29 si Apostol Pablo ay nanangan sa temang ito at sinasabi sa atin na natanggap natin ang pagpapalang espirituwal ni Abraham at mana nang tayo ay naging mga Kristiyano. Hindi natin tinanggap ang isang likas na pangako ng anak gaya nang tinanggap ni Abraham si Isaac, ngunit sa halip ay tinanggap natin ang espirituwal na ipinangakong Anak- ang Panginoong Jesu-Cristo. Habang ang mga Israelita ay pinangakuan ng isang panlupang pamana at lupain, ang mga Kristiyano ay inalok ng “isang manang hindi nasisira, walang dungis, at hindi kumukupas, na inilaan sa langit para sa inyo” (1 Ped.1:4). Titingnan natin ng mas malapitan ang pamana o “lupang pangako” na ibinigay sa Kristiyano sa mga kabanata apat at lima. Gayunpaman, sa ngayon ay gusto nating maunawaan na ang maluwalhating pamana na ibinigay sa atin ni Cristo ay isang pangunahing tema at tunguhin para sa mananampalataya ng Bagong Tipan, gaya ng ang Lupang Pangako ay isang pinakapangunahing bahagi ng mga layunin ng Diyos para sa mga Israelita.

Habang ang binubuo ng Aklat ng Genesis ang tema ng ipinapangako ng Diyos na lupain ng Canaan, ang ikalawang aklat ng Bibliya ay nagpapakita ng mga hakbangin tungo sa pagdadala nito sa katuparan. Pagkatapos paramihin ng Diyos ang mga Israelita sa lupain ng Ehipto, ipinapakita sa atin ng Aklat ng Exodo ang pagpapalaya ng Diyos sa kanila mula sa pagkaalipin ng Ehipto at pinasimulan sila patungo sa Lupang Pangako. Upang ihanda ang mga Israelita sa pagpasok sa lupain ng Canaan, ipinapakita ng Aklat ng Exodo kung paano nila unang dapat lisanin ang dati nilang lupain sa Ehipto.

Upang matupad natin ang mga plano ng Diyos, mayroon din tayong “dating lupain” na kailangang iwanan. Sinagip tayo ng Kaligtasan, hindi mula sa pang-aalipin ng Faraon, kundi mula sa pang-aalipin ni Satanas at kasalanan. Isinulat ni Apostol Pablo, “Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat tayo sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak” (Col.1:13). Gayundin, bilang muling ipinanganak na mga Kristiyano ay magagawa din nating iwanan ang lumang kalikasan ni Adan upang makapasok sa bagong kalikasan ni “Cristo na nasa inyo, na siyang pag-asa sa kaluwalhatian” (Col. 1:27).

Ang lumang tipan ay nagpapatuloy upang ipahayag ang susunod na hakbang ng Diyos para sa mga Israelita. Ang ikatlong aklat ng Bibliya ay naglalarawan sa mga batas ng saserdote na ibinigay sa kanila ng Diyos, upang ituro sa kanila kung paano sila dapat mamuhay sa Lupang Pangako. Sa Levitico 18:1-5 ay mababasa natin: “At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinasabi, ‘Magsalita ka ng ganito sa mga anak ni Israel: Ako ang PANGINOON ninyong Diyos. Huwag ninyong gagawin ang gaya ng ginagawa sa lupain ng Ehipto na inyong tinirahan; at huwag din ninyong gagawin ang gaya ng ginagawa nila sa lupain ng Canaan, na

pinagdadalhan ko sa inyo. Huwag kayong lalakad ng ayon sa mga alituntunin nila. Gagawin ninyo ang aking mga tuntunin at tutuparin ninyo ang aking mga batas at lakaran ninyo ang mga iyon: Ako ang PANGINOON ninyong Diyos. Tutuparin nga ninyo ang aking mga alituntunin at mga batas; na kapag tinupad ng isang tao, siya ay mabubuhay. Ako ang PANGINOON."

Kapag tayo ay naging mga Kristiyano, dapat ding ituro sa atin na mamuhay ng isang bagong buhay bilang mga mamamayan ng kaharian ng langit. Sa Efeso 4:22-24 ipinangangaral ni Pablo "na alisin ninyo ang dating paraan ng inyong pamumuhay, ang dating pagkatao na pinasama sa pamamagitan ng mapandayang pagnanasa, at magbago sa espiritu ng inyong pag-iisip, at kayo'y magbihis ng bagong pagkatao, na nilalang ayon sa wangis ng Diyos, sa katuwiran at kabanalan ng katotohanan."

Maaari tayong magpatuloy upang makita ang babala sa ikaapat na Aklat ng Bibliya na ang hinirang ng Diyos ay maaaring bumagsak sa pagtupad ng mga plano ng Diyos. Ang aklat ng Bilang ay naglalarawan ng mga karanasan ng mga Israelita nang hindi nila sinunod ang Panginoon at pagkatapos ay naging lagalag sa ilang sa loob ng 40 mga taon sa halip na nagmamartsa patungo sa Canaan. Nakaranas pa rin sila ng maraming mga pagpapala mula sa Panginoon nang mga panahong iyon; gaya ng patnubay, banal na kagalingan, at mahimalang katugunan. Gayundin naman kailangan nating mag-ingat na huwag umasang tayo ay nagpapatuloy sa Diyos dahil lamang sa tayo ay nakararanas ng marami Niyang mga pagpapala.

Sa Bagong Tipan, sa mga kabanata tatlo at apat ng Aklat ng Hebreo ay inulit at binigyang-pakahulugan ang kwento ng Israel sa ilang. Ang mga Kristiyano ay binalaan na sila rin ay maaaring mabigo sa pagpasok sa mga pangako ng Diyos, katulad din ng mga Israelita na nabigong pasukin ang Lupang Pangako dahil sa katigasan ng kanilang mga puso, di-pagsunod, at kawalan ng pananampalataya. Mababasa natin, "Ngunit kanino siya galit nang apatnapung taon? Hindi ba sa mga nagkasala, na ang mga katawan ay nabuwal sa ilang? At kanino siya sumumpa na hindi sila makakapasok sa kanyang kapahingahan, kung hindi sa mga sumuway? Kaya't nakikita natin na sila'y hindi nakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya. Kaya't habang nananatiling bukas ang pangakong makapasok sa kanyang kapahingahan, mag-ingat tayo na baka sinuman sa inyo ay hindi makaabot doon. Sapagkat dumating sa atin ang magandang balita, gaya rin naman sa kanila, ngunit hindi nila pinakinabangan ang pangangaral na narinig nila, sapagkat hindi sila naging kalakip sa pamamagitan ng pananampalataya ng mga taong nakarinig." (Heb.3:17-4:2).

Maraming mga beses na ang di-pagsunod at kawalan ng pananampalataya ay inaantala ang Kristiyano na makapasok sa plano ng Diyos sa kanilang mga buhay. Ang kanilang espirituwal na mga buhay ay tila paikot-ikot na gumala nang walang pinatutunguhan hanggang sa bumalik sila upang harapin ang parehong pagsubok o sitwasyon na hindi nila napagtagumpayan ng ilang buwan o kahit mga nagdaang taon pa. Ito ay maaari ding mangyari sa mga iglesya at sa buong mga organisasyon na tumanggap ng isang pagkatawag mula sa Panginoon. Ngunit ang layunin ng Diyos sa mga panahon na ito ng pagkaantala ay upang ihanda tayo para sa araw na maaari nating harapin ang ating mga nagdaang kabiguan at mapagtagumpayan ang mga hadlang na dating pumigil sa atin.

Matapos ang kabiguan at pagkaantala ng mga Israelita, ang layunin ng ikalimang aklat ng Bibliya ay ihanda sila upang tuluyang makapasok sa Lupang Pangako. Isinalaysay ni Moises ang Aklat ng Deuteronomio sa bagong henerasyon ng mga Israelita na lumaki sa ilang sa panahon ng paglalagalag sa ilang, sa panahon nang kararating lamang nila sa hangganan ng Canaan. Sa Deuteronomio ang mga Israelita ay nakahanda nang pumasok sa lupain habang inulit ni Moises ang mga batas ng Diyos sa kanila at itinalaga si Josue bilang susunod na pinuno.

Habang kumakain ang mga Israelita ng manna at sinundan ang ulap sa loob ng 40 taon sa ilang, ang pagkaantala ay naging sanhi sa mga naunang henerasyon na tumanda at mamatay. At sa parehong paraan, ganun pa man, isang bagong henerasyon ang bumangon upang kunin ang kanilang lugar- isang bagong henerasyon na hindi bilanggo sa pagkaalipin ng isipan at iba pang mga limitasyon na nakuha ng kanilang mga magulang sa mga mahabang panahon nilang pagpapakaalipin sa Ehipto. Ito ay katulad kung paanong ang lumang kalikasan ni Adan sa bawat isa sa ating mga buhay ay tatanda at mamamatay habang kinakain natin ang manna ng Salita ng Diyos at habang sinusundan natin ang ulap ng Kanyang presensiya. Habang ang lumang kalikasan ni Adan sa atin ay unti-unting namamatay, ang bagong kalikasan ni Cristo sa ating kalooban ay bumabangon upang ihanda tayo sa pagpasok sa pagkatawag at pamana ng Diyos. Sa gayon ay magiging handa tayo na sundin ang mga batas ng katuwiran at maging bahagi ng "Henerasyon ni Josue" ng huling mga araw!

Kaya't ang unang limang mga aklat ng Bibliya ay nagdala sa mga Israelita patungo sa isang napakatiyak na tunguhin. Ang layuning iyon ay matutupad sa ikaanim na aklat, ang aklat ni Josue. Pagtutuunan na natin ito ngayon ng pansin habang pinag-aaralan natin kung paano sila pinangunahan ni Josue sa pagsakop at pag-angkin ng lupain.

## Kabanata 1: Tinanggap ni Josue ang Utos

"Nangyari nga, pagkamatay ni Moises na lingkod ng PANGINOON, ang PANGINOON ay nagsalita kay Josue na anak ni Nun, na lingkod ni Moises, na sinasabi, "Si Moises na aking lingkod ay patay na. Tumindig ka at tumawid sa Jordang ito, ikaw at ang buong bayang ito hanggang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa mga anak ni Israel. Bawat dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa ay naibigay ko na sa inyo, gaya ng sinabi ko kay Moises. Mula sa ilang at sa Lebanon na ito, hanggang sa malaking ilog ng Eufrates, sa buong lupain ng mga Heteo, at hanggang sa Malaking Dagat sa dakong nilulubugan ng araw ay magiging inyong nasasakupan. Walang sinumang tao ang magtatagumpay laban sa iyo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; kung paanong ako'y nakasama ni Moises, ako'y makakasama mo rin. Hindi kita iiwan ni pababayaan man. Magpakalakas ka at magpakatapang na mabuti, sapagkat ipapamana mo sa bayang ito ang lupain na aking ipinangakong ibibigay sa kanilang mga ninuno. Magpakalakas ka lamang at magpakatapang na mabuti. Gawin mo ang ayon sa lahat ng kautusang iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod. Huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay maging matagumpay saan ka man pumunta. Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag aalisin sa iyong bibig, kundi ito ay iyong pagbubulay-bulayan araw at gabi, upang iyong

masunod ang ayon sa lahat ng nakasulat dito; sapagkat kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at magtatamo ka ng tagumpay…magpakalakas at magpakatapang na mabuti'" (Josue 1:1-9).

Ang Aklat ng Josue ay nagsisimula sa pagkilala ng Panginoon sa pagsasalin ng pamumuno mula kay Moises papunta kay Josue. Sinuportahan na ni Moises si Josue at inilagay bilang pinuno, ngunit ngayon ay makikita natin kung paano tumayo ang Panginoon kasama si Josue upang palakasin at gabayan siya sa kanyang bagong ministeryo.

Nang magsalita ang Panginoon kay Josue, tatlong beses Niyang inulit na kailangan niyang "magpakalakas at magpakatapang." Marahil si Josue ay labis na pinanghihinaan kapag tinitingnan niya ang sarili niyang kakayahan upang pangunahan ang Israel sa Canaan. Kailanman ay hindi siya naging isang prinsipe o lider ng mga tao. Hindi siya isang dakilang propeta katulad ni Moises. Si Josue kailanman ay hindi nakagawa ng isang himala, at ang Bibliya ay wala man lamang naitala na ang Panginoon ay personal na nakipag-usap sa kanya bago ang pagkakataong ito!

Nang sinimulang ibigay ni Josue ang Kanyang unang utos sa mga Israelita kalaunan sa kabanatang ito, ibinigay nila sa kanya ang kanilang pagsunod lakip ang dalawang "lamang" na kinakailangan. Ang una ay, "Sumaiyo lamang ang PANGINOON mong Diyos na gaya kay Moises." Sa talata 17; at, "magpakalakas ka lamang at magpakatapang na Mabuti," sa talata 18. Hindi lamang si Josue ang kinakabahan sa bago niyang pamumuno, ang mga tao rin. Marahil ang tanging nag-iisa na hindi kinakabahan o nakatitiyak ay ang Panginoon! Ang Diyos ay nakahanda nang pinagpahinga Niya si Moises, naplano na Niya ang lahat. Ang tanging bagay lamang ay hindi Niya sinabi ang lahat ng mga detalye kay Josue at sa mga tao.

Kapag tayo ay dinadala ng Panginoon sa alinmang bagong posisyon ng pamumuno, ang unang bagay na dapat nating gawin ay maniwala na bibigyan tayo ng Diyos ng lakas at kakayahan na maganap ang Kanyang pagkatawag. Kung ang isang lider ay buong tapang na mangunguna, at pinatutunayan ng Panginoon na sinasamahan siya, ang lider na iyan kung gayon ay makakapagbigay-sigla sa kanyang mga tagasunod sa mas malalim na katapatan at katapangan. Ang isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit ang modernong hukbo ng Israel sa kasalukuyan ay ang pinakamatagumpay na hukbo sa mundo sa dami nito, ay dahil ang mga pinuno ng hukbo ay nananatili sa unahan at pinangungunahan ang pagsalakay. Gusto mong magkaroon ng tapat, matapang na mga tagasunod? Kung gayon ay huwag kang humiling sa kanila na gumawa ng anumang mahihirap na bagay maliban na ikaw ay nakahandang pangunahan ang daan! Kinailangan kong gawin ang prinsipyong ito sa maraming mga kakaibang paraan sa pagmimisyon; mula sa pangunguna sa paghuli ng kobra, hanggang sa paglalakbay sa isang teritoryong sakop ng mga Muslim na mapagmalabis upang palakasin ang mga pastor doon na tinatakot ng mga rebeldeng grupo.

Gaya ng pagpapalakas ng Panginoon kay Josue sa simula ng kanyang pamumuno, Siya ay nagbigay ng mga pangako ng pagtatagumpay. Gayunpaman, ang Panginoon ay nagbigay din kay Josue ng tatlong mga kondisyon na kailangan niyang matupad upang makuha ang mga pangako na ito. Nakita na natin ang atas na si Josue ay dapat "magpakalakas at magpakatapang." Ang pangalawang kondisyon ay ang pagtala ng Panginoon ng mga hangganang dako kung saan Siya

ay magbibigay ng tagumpay sa mga Israelita. Mahalaga para sa bawat lider na malaman kung saan at ano ang iniatas ng Diyos sa kanya. Si Josue ay binigyan ng pangako ng tagumpay saan man niya ipatong ang kanyang mga paa. Ngunit ito ay malinaw na nilimitahan sa lupain lamang ng Canaan. Kung sinubukan niyang sakupin ang ilang lugar na hindi tinawag ng Diyos para sa Israel na manahin, sila ay maaaring magdusa sa isang miserableng pagkatalo. Kailangan nating malaman kung saan at ano ang partikular na pagkatawag sa atin ng Diyos na maaari nating magawa upang tayo ay maging ligtas sa gitna ng Kanyang kalooban. Nanirahan ako at naglakbay sa ilang mga mapanganib na dako ng mundo, subalit laging lubos ang kapanatagan hangga't nalalaman ko na pinangungunahan ako ng Diyos. Sa katunayan, mas pipiliin ko pa ang manirahan sa kalagitnaan ng pakikipaglaban na *nasa* kalooban ng Diyos, kaysa ang tumira sa isang komportableng kumunidad ng mga Amerikano na *wala sa* Kanyang kalooban.

At ang pangatlong kahilingan na ibinigay ng Panginoon kay Josue ay kailangan niyang patuloy na bulay-bulayin at isagawa ang "Aklat ng Batas." Kinailangan ni Josue na pag-aralan at sundin ang kanyang Bibliya, na siyang limang mga aklat ng Kautusan na nasulat na ni Moises. Hangga't ginagawa ito ni Josue siya ay may tuloy-tuloy na tagumpay. Gayunpaman, makikita natin mamaya na sa ilang mga pagkakataon kung saan ay nakaranas si Josue ng pagkatalo, ito ay dahil sa hindi niya nasunod ang ilang mga tuntunin sa Bibliya na ibinigay para maging gabay niya.

Ito rin ay isang kinakailangan na dapat ganapin ng bawat Kristiyanong lider ngayon upang makapanatili sa tagumpay. Sa 2 Timoteo 3:16-17 ay sinabi sa atin "Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran, upang ang tao ng Diyos ay maging ganap, nasasangkapang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti."

Ang Salita ng Diyos ay palaging mag-iingat sa atin na manatili sa tamang landas hangga't ito ay pumupuno sa ating isipan at nagagawa sa ating buhay.

## Kabanata 2: Tiniktikan ni Josue ang Lupain

Ang ikalawang kabanata ay ang kuwento ng dalawang espiya na sinugo ni Josue. Kailangan nilang imbestigahan kung ano ang nangyayari sa Canaan, lalung-lalo na sa lungsod ng Jerico. Ang Jerico ay nasa pagtawid lamang ng Ilog Jordan at unang hukbo ng militar na kailangan nilang sagupain sa Lupang Pangako.

"Si Josue na anak ni Nun ay palihim na nagsugo mula sa Shittim ng dalawang lalaki bilang tiktik, na sinasabi, "Humayo kayo, tingnan ninyo ang lupain, at ang Jerico." At sila'y humayo at pumasok sa bahay ng isang upahang babae na ang pangalan ay Rahab, at nakituloy doon. (Josue 2:1).

Yamang nais ng mga espiya na tahimik na maobserbahan ang Jerico, ang bahay ng isang upahang babae ay isang natural na pagpipilian para sa mga estranghero na naghahanap ng makukublihan. Maaari itong maging isang lihim na dako kung saan sila ay makakapagtanong ngunit hindi rin naman maaaring asahan na sasagutin ang anuman. Ngunit nang dumating ang mga kawal ng Jerico upang hanapin sila, mabilis na kumilos ang upahang babae na si Rahab.

Itinago niya ang mga tiktik sa bubong at nilinlang ang mga kawal sa paghahanap sa kanayunan sa halip na sa kanyang bahay. Nang bumalik siya upang makipag-usap sa mga espiya, sinabi niya sa kanila sa talata siyam, "Nalalaman ko na ibinigay sa inyo ng PANGINOON ang lupain, at ang pagkatakot sa inyo ay dumating sa amin, at ang lahat ng nanirahan sa lupain ay nanghihina sa harapan ninyo." Nagpatuloy si Rahab sa pagsabi sa talata 11, "sapagkat ang PANGINOON ninyong Diyos ay siyang Diyos sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba," at pagkatapos ay humingi ng proteksyon mula sa mga Israelita para sa kanyang mapangahas na kilos ng pagprotekta sa mga tiktik. Sinabi sa kanya ng dalawang espiya na kung mananatili siyang tapat sa kanila at kung maglalagay siya ng isang matingkad na pulang tali sa labas ng bintana ng kanyang bahay, ay poprotekhan ng mga Israelita ang lahat na sa loob ng kanyang bahay kapag sila ay lumusob.

Tinupad ng mga Israelita ang kanilang pangako nang nilusob nila ang Jerico, gaya ng nakatala sa Josue 6:22-25. Ngunit makikita natin na pinarangalan din ng Diyos ang pananampalataya ni Rahab. Ang kanyang bahay ay nakatayo sa pader ng lungsod, at ang pader ay gumuho nang umatake ang mga Israelita- maliban sa bahay ni Rahab, na naiwang buo. Ang matingkad na pulang tali na nakasabit sa labas ng kanyang bintana ay isang tanda ng kanyang bagong pakikipag-alyansa sa Diyos at Kanyang bayan. Naging epektibo ito para sa kanyang sambahayan dahil ang matingkad na pulang kulay dugo ng kordero ay para sa mga tahanang Israelita dati sa Ehipto. Ang iskarlatang tali na iyon, na isang simbolo ng dugo ni Cristo, ay sagisag din na inihulog pababa upang ipagkaisa siya sa bayan ng Diyos at kay Cristo mismo. Kinalaunan ay itinala sa Josue 6:25 "Ngunit si Rahab na upahang babae, ang sambahayan ng kanyang ama, at ang lahat niyang ari-arian ay iniligtas ni Josue. Siya'y nanirahang kasama ng Israel hanggang sa araw na ito, sapagkat kanyang ikinubli ang mga sugo na ipinadala ni Josue upang maniktik sa Jerico." Si Rahab ay nanirahang kasama ng bayan ng Diyos at ayon sa Mateo 1:5 ay napangasawa ang Israelita na may pangalang Salmon. Ang Ebanghelyo ni Mateo ay nagpatuloy sa pagpapakita na siya ay nakabilang sa talaangkanan ni Jesu-Cristo! Si Rahab ay pinuri din sa Bagong Tipan para sa kanyang pananampalataya at mabubuting gawa. (Heb.11:31, San.2:25). Ang matingkad na pulang tali na binitin ni Rahab sa labas ng kanyang bintana ay sagisag na inaabot tayo ngayon, ipinapakita na kahit ang pinakamasamang makasalanan ay kayang ilapit sa Diyos at mabago sa pamamagitan ng makapangyarihang dugo ni Cristo.

Nang bumalik ang dalawang espiya, sila ay nagdala ng isang mabuting balita gaya ng ginawa mismo ni Josue mga apatnapung taon na nakalipas. "Kanilang sinabi kay Josue, 'Tunay na ibinigay ng PANGINOON sa ating mga kamay ang buong lupain; at bukod dito'y nanghihina sa takot ang lahat ng naninirahan sa lupain sa harapan natin.'" (Jos.2:24). Pagkatapos ng mabuting balita na ito, si Josue at ang hukbo ay nakahanda ng harapin ang mga Cananeo.

Gaya ng nabanggit na natin, ang kwento ng pananakop ni Josue ay may espirituwal na pagkakatulad sa Kristiyano ngayon. Sinasabi sa atin sa Efeso 6:12 "Sapagkat ang ating pakikipaglaban ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pinuno, laban sa mga may kapangyarihan, laban sa mga kapangyarihang di-nakikita na naghahari sa sanlibutan sa kadilimang ito, laban sa hukbong espirituwal ng kasamaan sa kalangitan." Ang ating pakikipaglaban ngayon ay sa mga puwersa ng mga anghel ni Satanas na naghahangad na kontrolin at pamunuan ang bawat pamilya, lokal na lugar, mga lungsod at maging mga bansa. Ito

ay kapag itinali natin ang mga "malalakas na tao," tulad ng itinuro ng ating Panginoong Jesus sa Mateo 12:25-29, na maaari nating kunin ang kanilang pamamahala at sagipin ang mga kaluluwa na kanilang inalipin.

Ang mabuting balita para sa atin ay muli tayong nabubuhay sa isang natatanging panahon na pinangungunahan ng Panginoon ang hukbo ng Diyos sa malaking pagsakop. Sa mga huling araw na ito ay ipapakita ng Iglesya ang buong tagumpay ng krus hindi lamang sa mga bansa kundi pati na rin sa hukbo ni Satanas na naglalayong panatilihin ang mga bansa sa kadiliman at pagkaalipin. Si Apostol Pablo ay nangusap patungkol sa ministeryong ito ng Iglesya sa Efeso 3:10 "Ang layunin niya ay upang ipaalam, sa pamamagitan ng iglesya, ang malawak na karunungan ng Diyos sa mga pamunuan at mga kapamahalaan sa kalangitan." Gaya ng pagwasak ng hukbo ni Josue sa kapangyarihan ng mga hari ng Cananeo, ang Iglesya sa mga huling araw na ito ay wawasakin ang mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas mula sa mga bansa, upang ang rebaybal at malawakang pag-aani ng mga kaluluwa ay maganap.

Nang si Jesu-Cristo ay lumakad sa mundo, ang mga demonyo ay nanginig sa harapan Niya. Sa Mateo 8:29 ay sumigaw sila sa Panginoon, "Naparito ka ba upang pahirapan kami bago pa man dumating ang panahon?" Alam nila na ang kanilang oras ay limitado. Gaya ng di-magtatagal ay mapag-aaralan natin sa detalye, tayo na ngayon ang "Henerasyon ni Josue" na makakakita ng mga bagay na ito na magaganap. Kung paanong ang mga hukbo ng Cananeo ay pinanghinaan ng loob dahil naramdaman nila na ang oras ng kanilnag pagkawasak ay dumating na, ito na ngayon ang mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas na nanginginig! Maaaring mag-alangan tayo sa mga darating na digmaan sa mga huling araw na ito, tulad ng mga sundalo ni Josue na humarap sa malalaking hukbo. Ngunit habang nag-aalangan tayo, tandaan natin na natatakot ang ating kaaway! "Siyang nasa inyo ay higit na dakila kaysa sa nasa sanlibutan." (1 Jn.4:4).

## Kabanata 3: Pagtawid sa Jordan

Ang Ikatlong Kabanata ng Aklat ni Josue ay nagsisimula sa unang talata sa pamamagitan ng pagsasabi sa atin na, "Kinaumagahan, maagang bumangon si Josue at kasama ang lahat ng mga anak ni Israel ay umalis sa Shittim at dumating sa Jordan. Sila'y nagkampo muna doon bago tumawid."

Habang binabasa mo ang kabanatang ito, makikita mo na itinatala nito ang pagtawid ng mga Israelita sa Ilog Jordan. Ito ang huling heograpiyang hangganan na naghiwalay sa kanila mula sa Lupang Pangako. Habang inihanda ng Panginoon ang henerasyong iyon sa loob ng 40 taon (at inihahanda ang mga Israelita sa loob ng mahigit 400 taon) ang huling balakid na kailangan nilang malampasan ay ang Ilog Jordan.

Dalawang beses na kinailangan ng mga Israelita na tumawid sa tubig; una sa Dagat na Pula at pagkatapos ay sa Ilog Jordan ulit. Ang pagtawid sa Dagat na Pula sa espirituwal ay tumutukoy sa bautismo sa tubig, tulad ng isinulat ni Apostol Pablo nang sinabi niya na ang mga Israelita "ay nabautismuhan kay Moises…at sa dagat" (1 Cor. 10:2). Kapag ang isang Kristiyano ay nabautismuhan sa tubig, sa pamamagitan ng pananampalataya ay kinikilala natin ang kamatayan

at pagkalibing ni Cristo (Rom. 6:3). Tulad ng paglisan ng Israelita sa Ehipto at sa paghahari ng Faraon nang siya ay tumawid sa Dagat na Pula, tinatalikuran ng Kristiyano ang sanlibutan at pamamahala ni Satanas kapag sinunod niya ang Panginoon at nagpabautismo sa tubig.

Alam natin, gayunman, na ang paglisan sa Ehipto at pagtawid sa Dagat na Pula ay pasimula pa lamang ng paglalakbay para sa mga Israelita. Gayundin, nang tayo ay naligtas at nabautismuhan, iyon ay pasimula pa lamang ng ating espirituwal na paglalakbay tungo sa pagpasok sa pamana na inihanda ng Diyos para sa bawat isang Kristiyano. Habang ang pagtawid sa Dagat na Pula ay nagpalabas sa mga Israelita mula sa Ehipto, ang nagdala naman sa kanila sa Lupang Pangako ay noong tinawid nila ang Ilog Jordan.

Ang Ilog Jordan ay tumutukoy sa kapag tayo *sa pamamagitan ng karanasan* ay pumasok sa kung ano ang sinisimbolo ng bautismo sa tubig, ang *maipakong kasama ni Cristo*. Sinulat ni Apostol Pablo ang tungkol dito nang sinabi niyang, "Ako'y ipinakong kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng kanyang sarili dahil sa akin" (Gal. 2:20).

Kapag ang isang Kristiyano ay nabaustimuhan sa tubig, inihahayag nila sa pananampalataya na kinikilala nila ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo. Nangangahulugan ba ito na ang kanilang buhay ay agad na nagbabago upang maging katulad ni Jesus? Hindi, ito lamang ang unang hakbang ng pananampalataya na magsisimulang manguna sa kanila upang mangyari ang karanasang iyon. Ito'y sa kalaunan pa, habang ang biyaya ng Diyos ay gumagawa ng isang gawain ng paglilinis sa kanilang buhay, na mararanasan nila ang katuparan ng maipako sa krus kasama ni Cristo. Ito ang sinisimbolo ng pagtawid sa Ilog Jordan.

Ang totoong pagtawid sa Ilog Jordan ay nakatala sa mga talata 14 hanggang 17. Mababasa natin, "At nangyari nang umalis ang bayan sa kanilang mga tolda, upang tumawid sa Jordan, ay nasa unahan ng bayan ang mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan; At nang dumating sa Jordan ang mga may dala ng kaban, at ang mga paa ng mga saserdote na nagdadala ng kaban ay nabasa sa gilid ng tubig, (sapagka't inaapawan ng Jordan ang lahat niyang pangpang sa buong panahon ng pagaani,) na ang tubig na bumababang mula sa itaas ay tumigil, at nagisang bunton na malayo *sa kanila*, sa Adam, na bayang nasa tabi ng Sarethan: at yaong nagsisibaba sa dagat ng Araba, na Dagat na Alat ay lubos na nahawi: at ang bayan ay tumawid sa tapat ng Jerico. At ang mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon ay tumayong panatag sa tuyong lupa sa gitna ng Jordan; at ang buong Israel ay dumaan sa tuyong lupa, hanggang sa nakatawid na lubos sa Jordan ang buong bansa."

Ang mahimalang pagtawid na ito ng Ilog Jordan ay napakahalaga para sa atin na maunawaan ang pakahulugan nito sa ating Kristiyanong karanasan. Dito ay makikita natin na noong ang mga Israelita ay tumawid sa Jordan, ang tubig ay tumigil at naipon sa isang lugar na tinatawag na Adam. Ang paraan na tayo ay makatatawid sa ating "lupang pangako," o mamanahin kay Cristo, ay kapag ang kalikasan na dumadaloy sa atin mula kay Adan ay tumigil. Tulad ng Ilog Jordan na dumaloy mula sa Adan pababa sa Patay na Dagat, namana natin ang makasalanang kalikasan ng tao na dumaloy pababa mula sa ating naunang ninuno, si Adan, na nagdadala sa kamatayan (Rom. 5:12). Kailangang hayaan natin na ang makasalanang kalikasan

ni Adan sa atin ay maipakong kasama ni Cristo upang mapalitan sa pamamagitan ng espirituwal na kalikasan ni Cristo. Kagaya ng pagsakop ng mga Israelita sa kanilang mga kaaway upang pamahalaan ang Canaan sa ilalim ng pamumuno ni Josue.

Kinikilala ng lahat ng samahang Kristiyano ang Ilog Jordan bilang sumisimbolo ng kamatayan. Kahit na ang pangalan ng ilog ay nagsasalita tungkol sa katotohanang ito. Ang Ilog Jordan ay nangangahulugang "Ang Tagababa" dahil ito ay napakabilis na bumababa sa Patay na Dagat, kung saan ang pinakamababang lugar sa mundo sa 1290 talampakan sa ilalim ng taas ng dagat. Kapag "Ang Tagababa" ay nagmamadaling dumaloy mula sa Adan patungo sa pinakamababang lugar sa mundo, ang Patay na Dagat, ito ay sumisimbolo sa pagtatapos ng tao sa kamatayan.

Habang ang lahat ng magkakaibang mga pangkat ng Kristiyano ay sang-ayon sa simbolismong ito, silang lahat ay hindi sumasang-ayon sa kung paano ito iangkop. Ang ilang grupo ay nagmumungkahi na ang "pagtawid sa Ilog Jordan" ay nangangahulugang kailangan nating mamatay at pumunta sa langit. Gayunpaman ay hindi ito umaangkop ng tama sa simbolismo ng Aklat ni Josue. Sa sandaling ang mga Israelita ay tumawid sa Jordan kinailangan nilang labanan ang kanilang mga kaaway upang makamtan ang kanilang mana. Ngunit kung tayo ay nasa langit na tiyak na hindi na tayo makikipaglaban pa sa sanlibutan o sa demonyo! Dito sa mundong ito na kailangan nating maging mabubuting kawal ni Cristo upang matalo ang kapangyarihan ni Satanas at itatag ang kaharian ng Diyos. Ito ay hindi sa pamamagitan ng pisikal na kamatayan kundi sa pamamagitan ng espirituwal na maipakong kasama ni Cristo na ating "matatawid ang Jordan" at magsimulang sakupin ang sanlibutan, ang laman, at ang demonyo upang makuha ang ating mana dito sa lupa. Sa pamamagitan nito ay maghahanda rin tayo ng isang mabungang walang hanggang pamana para sa ating mga sarili sa langit at sa mga panahon na darating.

Ang Josue 3:2-4 ay nagsasabi sa atin ng higit pang mga katotohanan tungkol sa mahimalang pagtawid ng Jordan na may malaking kahalagahan sa atin. Mababasa natin, "Pagkatapos ng tatlong araw, ang mga pinuno ay dumaan sa gitna ng kampo; at iniutos nila sa taong-bayan, na sinasabi, "Kapag nakita ninyo ang kaban ng tipan ng PANGINOON ninyong Diyos na dala ng mga saserdoteng Levita, ay aalis kayo sa inyong kinaroroonan. Susundan ninyo iyon upang malaman ninyo ang daan na nararapat ninyong paroonan; sapagkat hindi pa ninyo nadadaanan ang daang ito noong una."

Bago lumakad si Josue at ang mga Israelita sa Jordan, ang mga saserdote ay pasan ng kaban ng tipan sa unahan nila, ang kaban na ito na ginawa ni Moises ay isang simbolo ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Si Cristo mismo ang nanguna sa Kanyang bayan, na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay pinutol ang "ilog ng kamatayan" na dumadaloy mula kay Adan.

Ang kaban ay "halos nasa 2000 kubiko" sa harap ng mga tao, upang ipakita sa kanila ang daan na kanilang pupuntahan. Napakahalaga na maunawaan ito sapagkat ang bilang ng 2000 ay may propetikong kahalagahan para sa atin. May 2000 taon matapos mamatay ni Cristo upang kunin ang mga kasalanan ng sanlibutan, ang bayan ng Diyos ay susunod sa likuran Niya. Papasukin natin ang ipinakong buhay at maging handa na sakupin ang mga pamunuan at kapangyarihan. May 2000 taon pagkatapos pinangunahan ni Jesus ang daan, ang bayan ng Diyos

ay susunod sa Kanya sa ipinakong buhay, sa binagong buhay, at pagkatapos ay sa lupang pangako ng Kaharian ng Diyos sa panahon ng Milenyo.

Ang bilang na 2000 ay tumutukoy din sa tinatayang haba ng Panahon ng Iglesya sa iba pang mga uri sa Lumang Tipan. Halimbawa, mayroon tayong mga sukat ng tatlong mga seksyon ng Tabernakulo ni Moises. Ang panukat sa haba ng dakong labas ay nasa 1500 siko kuwadrado ng linong pader. Ito ay tumukoy sa 1500 taon ng Panahon ng Kautusan, mula kay Moises hanggang kay Cristo. Ang mga kubikong sukat ng Banal na Dako ay nasa 2000 kubiko siko. Tinutukoy nito ang tinatayang 2000 taon ng Panahon ng Iglesya. Pagkatapos ang kubikong sukat ng Kabanal-banalang Dako, ay 1000 kubiko siko, na tumutukoy sa 1000 taon ng darating na Panahon ng Milenyo. Ang bilang ng mga sukat ng mga seksyon na ito ng tabernakulo ni Moises ay propetikong nangungusap tungkol sa mga taon na nilalaman sa susunod na tatlong panahon o mga dispensasyon, tulad na lang ng mga kasangkapan at mga aktibidad sa tatlong mga seksyon na ito na nangungusap din tungkol sa mga espirituwal na karanasan na magagamit sa panahon ng tatlong yugto.

Ang templo ni Solomon ay nagbibigay din sa atin ng isa pang propetikong uri ng Iglesya. Sa looban nito ay nakatayo ang isang malaking hugasang tanso ayon sa 1 Hari 7:23-26. Ang napakalaking mangkok na ito ay puno ng tubig na ginagamit ng mga saserdote upang linisin ang kanilang mga sarili para sa kanilang paglilingkod sa templo. Sa Bagong Tipan ay sinabi sa atin na bawat bagong mananampalatayang Kristiyano ay isang saserdote na dapat maglingkod sa Diyos sa templo na Kanyang Iglesya. Bukod dito, sinasabi din sa atin sa Efeso 5:26 na hindi isang natural na tubig ang pinanglilinis sa atin ngayon, kundi ang "paghuhugas ng tubig sa Salita." Ito ay ang Salita ng Diyos na makapagpapabanal sa atin ngayon.

Sa Unang Mga Hari 7:25 makikita natin na si Solomon ay gumawa ng 12 tansong baka na pasan ang hugasang tanso para sa templo sa Jerusalem. Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na ang baka ay isang uri ng tagapaglingkod (1 Tim.5:17-18 at 1 Cor.9:9-10). Ang mga tagapaglingkod ng Ebanghelyo ang magdadala ng Salita ng Diyos sa apat na sulok ng mundo, upang tulungang maihanda ang matagumpay, maluwalhating pandaigdigang Iglesya.  Ang 12 mga apostol din ang unang ipinadala ni Cristo mula sa Jerusalem, gaya ng si Solomon ay may 12 baka sa kanyang templo sa Jerusalem na nakaharap sa mundo.

Ang apat na direksyon (hilaga, kanluran, timog at silangan) na kinakaharap ng mga baka ay propetiko rin. Ipinapakita nila sa atin ang pagkakasunod-sunod kung saan nais ng ating Panginoong na pagdadalhan ng tubig ng Salita ng Diyos mula sa Jerusalem hanggang sa apat na sulok ng mundo. Ang ebanghelyo ay unang dumami sa hilaga ng Jerusalem, nang ang Europa ay naging mga Kristiyano. Ang sumunod na bahagi ng mundo na nakatanggap ng ebanghelyo ay ang Kontinente ng Amerika, na nasa kanluran ng Jerusalem. Sa mga kamakailang kasaysayan ng pagmimisyon, ang Aprika (ang kontinente sa timog ng Jerusalem) na ang nagkaroon ng mga pagsabog ng mga pagbabalik-loob sa Kristiyanismo. At ngayon habang ang salita ng Diyos ay nasisimula sa pagpuspos ng mundo, ang kontinente na ngayon ng silangan ng Jerusalem, ang Asya, ang sa wakas ay sinisimulang mabahaginan ng ebanghelyo. Ang mga rebaybal ay lumalaganap sa buong Asya habang inihahanda ng Panginoon ang isang maluwalhating pandaigdigang Iglesya na magiging mas higit na kahanga-hanga kaysa sa templo ni Solomon!

Nabanggit din sa Unang Mga Hari 7:26 na ang hugasang tanso ay puno ng 2000 bariles ng tubig. Ito ay propetiko sa kung paano pupunuin ang sanlibutan ng tubig ng Salita ng Diyos upang pakabanalin ang pagkasaserdote ng mula sa bawat lipi, bansa, at wika. Ang 2000 bariles ay nangungusap sa 2000 taon na magiging tinatayang haba ng Panahon ng Iglesya, kung saan ang Salita ng Diyos ay kakalat sa buong mundo.

Binanggit natin ang mga propetikong pangyayari na ito sa ilang mga detalye upang ipakita na may makapangyarihang mga katotohanan na nakatago sa mga simbolo ng Lumang Tipan. Ang numerong 2000 ay patuloy na tumuturo patungo sa tinatayang haba ng Panahon ng Iglesya.

Ang Bagong Tipan ay nagbibigay din sa atin ng isang malinaw na propetikong tanda ng haba ng Panahon ng Iglesya. Ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay nagpropesiya na kapag ang dayuhang Hentil na mga bansa ay hindi na namamahala sa Jerusalem, makikita na ng lahing iyon ang Ikalawang Pagbabalik. Ipinahayag ni Cristo, "Yuyurakan ang Jerusalem ng mga Hentil, hanggang sa matupad ang mga panahon ng mga Hentil… Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, hindi lilipas ang salinlahing ito, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay." (Luc.21:24, 32)

Pagkatapos ng halos 1900 taon ng pamamahala ng dayuhan, muling nakamit ng mga Judio ang kumpletong pamamahala sa Jerusalem noong 1967 sa panahon ng Anim na Araw na Digmaan. Ang Israel ay may kontrol sa isang seksyon ng Jerusalem simula 1948, ngunit sa panahon ng Anim na Araw na Digmaan ay nakuha nila ang malaking bahagi ng Jerusalem mula sa bansang Jordan. Simula pa noong 1967 maliwanag na tayo ay nabubuhay sa henerasyon na makakakita ng pagtatapos ng Panahon ng Iglesya, na kukumpleto sa "mga panahon ng mga Hentil."

Habang papalapit na ang Ikalawang Pagbabalik ni Cristo, maraming mga "tagapagtakda ng petsa" ang wala sa kapanahunan at walang karunungan na nagtatakda ng eksaktong oras kung kailan nila naramdamang si Cristo ay babalik. Isang kilalang tagapagturo ng Bibliya noong 1970 ang nagturo na dahil ang mga Judio ay nagkaroon ng bahagyang kontrol sa Jerusalem noong 1948 (habang ipinapalagay na ang isang biblikal na henerasyon ay dapat nasa 40 taon) ito ay magiging 1988 kapag ang Panginoon ay babalik. Ang iba pang mga tagapagturo ng Bibliya ay kinuha ang 2000 taon ng propetikong haba ng Iglesya na nangangahulugan na eksaktong 2000 taon pagkatapos ng kapanganakan ni Cristo (na inakala nila na 4 B.C.) ang Panginoon ay babalik noong 1996. Habang ang oras ng Kanyang pagbabalik ay papalapit na at ang mga tanda ng panahon ay nagiging malinaw, walang alinlangan na magiging mas marami pang tagapagtakda ng petsa ang magkakaroon ng mas "eksaktong" mga petsa. Gayunpaman, nagbabala ang ating Panginoon laban dito sa Mateo 24:36 nang sinabi Niya, "Subalit tungkol sa araw at oras na iyon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, ni ang Anak kundi ang Ama lamang."

Ang isang dahilan na dapat nating suriin ng mabuti ay nang magsimula ang 2000 taong yugto ng Panahon ng Iglesya. Ito ay nagsimula nang si Cristo ay namatay sa krus at ang Iglesya ay nagsimula noong Pentecostes, hindi kung kailan ipinanganak si Jesus sa Bethlehem. Habang ang petsa ng para sa pagsisimula ng Panahon ng Iglesya ay karaniwang tinatanggap na halos nasa 29 A.D., kahit ito ay hindi dapat kunin upang ipalagay na tayo ay mayroong na lamang hanggang eksaktong 2029 A.D., hanggang sa Ikalawang Pagbabalik ni Cristo.

Sinasabi sa atin sa Josue 3:4 na ang bayan ng Diyos ay susunod sa *halos* 2000 siko sa likuran. Gayunpaman, iminungkahi ng ating Panginoon na ang wakas ay paiikliin nang sinabi Niya sa Mateo 24:22 “At kung hindi paiikliin ang mga araw na iyon, ay walang makakaligtas na laman, subalit alang-alang sa mga hinirang ay paiikliin ang mga araw na iyon.”

Dahil sa mga pabagu-bagong ito, kamangmangan para sa atin na ituon sa anumang eksaktong petsa ang pagbabalik ng Panginoon. Gayunman, kung ano lang ang malinaw ay ang pangkalahatang oras at panahon na ipinamumuhay natin. Tayo ay bahagi ng huling henerasyon na nakakita sa Jerusalem na muling binawi ng mga Israelita. Tayo ay bahagi ng “Henerasyon ni Josue” na sumusunod sa halos 2000 taon na sa likuran ni Cristo ng pinutol Niya ang kasalanan ni Adan sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus. Tayo ay inaanyayahang makasama sa mga nakatalaga, magigiting na sundalo ng Diyos na siyang mangangaral ng ebanghelyo at ipamalas ang kapangyarihan ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw na ito. Gaya ng inihayag ni Cristo, “At ang magandang balitang ito ng kaharian ay ipahahayag sa buong daigdig bilang patotoo sa lahat ng mga bansa; at pagkatapos ay darating ang wakas” (Mt.24:14). Gaya ng sinasabi sa atin sa Josue 3:15 na ang mga Israelita ay tumawid sa Jordan sa “panahon ng pag-aani” sa parehong paraan, tayo ay maaaring makibahagi sa malawakang pag-aani ng mga kaluluwa na mauuna sa pagbabalik ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

Nakita ng henerasyon ni Moises ang mga tubig ng Dagat na Pula na nahati upang makatakas sila mula sa kanilang mga kaaway. Subalit ang henerasyon ni Josue ay nakita ang tubig ng Ilog Jordan na nahati upang sila ay makapasok at lumusob! Mula noon, si Josue at ang mga Israelita ay may iisang marubdob na hangarin: ang wasakin ang kanilang mga kaaway at sakupin ang lupain. Ang mga Israelita ay naghintay na ng halos 400 taon upang magawa ito, at ang pribilehiyo ng “Henerasyon ni Josue” ay nakahanda na upang tapusin ang gawain.

Sa pagkaalam natin sa oras at panahon na ating ikinabubuhay, nawa ay magkaroon tayo ng isang banal na pagtatalaga upang maisakatuparan ang kalooban ng Diyos para sa ating henerasyon. Tayo ang Henerasyon ni Josue; ngunit ang mga pribilehiyo ng Diyos sa atin ay nagiging responsibilidad din natin sa Diyos. Ang Iglesya ay naghihintay na ng halos 2000 taon upang maisakatuparan ang kanyang Dakilang Gawain, at ang natatanging pribilehiyo na ito at responsibilidad ay ibinigay na sa atin. Kung ano ang nakasulat sa Hebreo 11:39-40 ay maaaring iangkop sa atin na Henerasyon ni Josue. “At ang lahat ng mga ito [dating mga mananampalataya], bagaman pinuri dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi nila tinanggap ang ipinangako, yamang naghanda ang Diyos ng lalong mabuting bagay para sa atin, upang huwag silang gawing sakdal [o kumpleto] na hiwalay sa atin.”

## Kabanata 4: Ang Alaala ng Pagtawid

Pagkatapos nilang matawid ang Ilog Jordan, sinabi ng Panginoon kay Josue na gumawa ng isang alaala upang palaging mapaalalahanan ang mga Israelita nang kanilang mahimalang pagtawid. Labindalawang bato ang kinuha, isa sa bawat lipi, na ilalagay sa gitna ng ilog at pati na rin sa tuyong lupa kung saan sila nagkampo sa Gilgal. Sa Josue 4:9 ay mababasa natin, “At si Josue ay nagpasalansan ng labindalawang bato sa gitna ng Jordan, sa dakong tinayuan ng mga

paa ng mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan, at ang mga iyon ay naroon hanggang sa araw na ito.” May mga pagkakataon din minsan na maaari tayong pangunahan ng Panginoon na gumawa ng isang alaala; marahil isang plake, isang monumento, isang dokumento, isang litrato, o kahit pa nga isang awit, upang alalahanin kung ano ang ginawa ng Panginoon sa ating mga buhay at upang ituro ito sa susunod na henerasyon. Ang ating Panginoong Jesus ay gumawa ng isang alaala noong isinagawa niya ang Hapunan ng Panginoon. Ito ay upang ipaalala sa atin ang ginawa Niya sa krus ng Kalbaryo, kung saan ay tinupad niya ang totoong kahulugan ng “pagtawid sa Jordan.”

Halos 1500 taon pagkaraan ni Josue, isa pang lingkod ng Diyos ang tumayo sa parehong lugar sa Jordan upang ipaalala sa mga Israelita ang mga makapangyarihang gawa ng Panginoon. Sa Juan 1:28 mababasa natin na si Juan Bautista ay nangangaral at nagbabawtismo sa Betabara na nasa kabilang panig lamang ng Ilog Jordan. Ang ibig sabihin ng *Betabara* ay “Daanang Bahay,” at isang dako kung saan matatawid ang ilog. Ang lugar na ito ay tradisyunal nang kinilala na malapit sa Jerico, kung saan si Josue at ang mga Israelita ay dumaan papuntang Jordan. Si Juan ay nangaral doon, “Magbunga nga kayo nang karapat-dapat sa pagsisisi. Huwag ninyong ipalagay sa inyong sarili: ‘Si Abraham ang aming ama.’ Sinasabi ko sa inyo na ang Diyos ay makakalikha ng mga anak ni Abraham mula sa batong ito.” (Mt.3:8-9). Habang nangangaral si Juan tungkol sa mga bato sa Jordan, maaaring naisip ng kanyang mga tagapakinig ang mga bato na kinuha ng mga kalalakihan ni Josue bilang alaala ng mahimalang pagtawid ng ilog. At marahil sa lugar mismo kung saan ang kaban ng Diyos ay tumayo upang hatiin ang tubig, ipinahayag ni Juan Bautista sa buong Israel ang darating na katuparan ng kaganapang iyon ng kanyang ipahayag ang tungkol kay Jesus, “Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!” (Jn.1:29).

Sa Josue 4:14 mababasa natin, “Nang araw na iyon ay dinakila ng Panginoon si Josue sa paningin ng buong Israel.” Mahalaga na pinili ng Panginoon na itaas si Josue sa publiko nang ang Kaban ay nakatayo sa kalagitnaan ng Jordan. Si Josue ay isang sagisag ni Cristo, na Siyang unang itinaas nang Siya ay nakatayo sa parehong dako sa Ilog Jordan sa Kanyang pagpabawtismo. Dito kung saan sinabi ng tinig ng Ama na “Ito ang pinakamamahal kong anak na labis kong kinalulugdan.” At kung saan si Juan Bautista ay nagsimulang ipahayag Siya bilang ang hinihintay na Mesias.

Tulad ng pagtukoy ng lugar na ito sa gawain na isasakatuparan ng Kordero ng Diyos sa krus, ito’y propetiko din kung paanong itataas si Cristo sa pamamagitan ng Kanyang pagpapako sa krus. Ito ay dahil ibinaba ni Cristo ang Kanyang sarili upang mamatay sa krus na sinasabi sa atin sa Filipos 2:8-11 “Kaya nga, siya naman ay lubhang itinaas ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Ito ay upang sa pangalan ni Jesus ay luluhod ang bawat tuhod… upang ipahayag ng bawat dila na si Jesu-Cristo ang Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.” Ito ay sa pagpapakumbaba natin ng ating mga sarili at pagyakap sa gawain ng krus na tayo rin ay itataas ng Diyos Ama.

Sa Josue 4:14 ay mababasa pa natin na “Nang araw na iyon ay dinakila ng PANGINOON si Josue sa paningin ng buong Israel; at sila'y gumalang sa kanya, gaya ng kanilang paggalang kay Moises sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay.” Pagkatapos na mahimalang matulungan ng

Panginoon si Josue na pangunahan ang mga Israelita sa pagmamagitan ng pagtawid sa Ilog Jordan, siya ay ginalang ng mga tao gaya ng paggalang nila kay Moises. Bago ang sandaling ito ay walang pang nagagawa na anumang himala si Josue, o nagkaroon ng ibang kahima-himalang mga kumpirmasyon na ang Diyos ay kasama niya. Ngunit ng mahimalang hinati ni Josue ang tubig, gaya ng ginawa ni Moises dati, ang mga tao ay agad na tumugon sa kanyang ministeryo.

Noong bata pa ako sa ministeryo, nagtatrabaho ako sa ilalim ng isang mahusay na lider na nagsabi sa akin ng isang kwento tungkol sa unang simbahan na kanyang pinaglingkuran. Ang tagapaglingkod na ito ay napakabata pa nang siya ay naging bagong pastor ng isang iglesya ng may nasa walong pamilya. Dahil ang mga miyembro ng kanyang kongregasyon ay mas matanda kaysa sa kanya, hindi nila iginagalang ang kanyang ministeryo noong una. Sa halip na sawayin sila, nanalangin siya na ang Panginoon sa anumang paraan ay pagpalain ang bawat pamilyang iyon at patunayan sa kanila na inilagay siya ng Panginoon doon bilang kanilang pastor. Para sa isang pamilya, ang Panginoon ay nagbigay sa kanya ng isang salita ng karunungan nang mangailangan sila ng matalinong payo. Para sa isa pa, ipinanalangin niya ang isang taong maysakit kung saan ay kaagad na mahimalang gumaling. Sa loob ng ilang linggo pinatunayan ng Panginoon sa bawat pamilya sa iglesya na ang bago nilang pastor ay isang kabataang lalaki na sinugo ng Diyos, at buong-pusong sinimulan nilang igalang ang kanyang ministeryo.

Naalala ko ang kwentong iyon, at nang di-nagtagal na ako ay naging isang katuwang na pastor, natagpuan ko ang matandang mag-asawa sa iglesya na humahamak sa aking kabataan. Kaya sinunod ko ang halimbawang nabanggit, at nanalangin sa Panginoon na gumawa ng isang bagay na espesyal na magpapala sa kanila. Ang ginawa ng Panginoon ay binigyan Niya ako ng isang propesiya para sa mag-asawang iyon, na nagpakita sa kanila ng kasagutan sa isang mahirap na problema na mayroon sila sa kanilang anak na lalaki. Mula noon, ang matandang mag-asawa na iyon ay hindi lamang nagpakita ng kanilang paggalang para sa aking ministeryo sa simbahan, kundi pagkatapos noon ay sinuportahan din nila ang aking pamilya sa pagmimisyon sa loob ng maraming taon.

Sinisikap mo bang maglingkod sa Panginoon nang walang matanggap na pagrespeto sa ilan sa mga tao sa paligid mo? Ipanalangin mo sa Panginoon na pagpalain Niya ang mga tao, at kumpirmahin sa kanila na ang Kanyang kamay ay nasa iyong buhay. Kahit isang himala lamang, o isang pagpapagaling, o isang salita mula sa Panginoon ay maaaring magpanatili ng iyong ministeryo sa kanila, katulad ng ginawa nito kay Josue sa Ilog Jordan.

## Kabanata 5: Paghahanda upang Sakupin ang Lupain

Habang ang mga Israelita ay nagkampo sa tabi ng Jordan, ang sumunod na kaganapan ay ang lahat ng mga kalalakihan ng Israel ay tinuli. Nabasa natin sa Josue 5:2-5, “Nang panahong iyon ay sinabi ng PANGINOON kay Josue, “Gumawa ka ng mga patalim na yari sa batong kiskisan at muli mong tuliin sa ikalawang pagkakataon… Ito ang dahilan kung bakit tinuli sila ni Josue: ang lahat ng mga lalaking mandirigma na lumabas mula sa Ehipto, samakatuwid ay ang lahat na lalaking mandirigma na namatay sa ilang sa daan, pagkatapos na sila'y makalabas mula sa

Ehipto. Bagama't ang buong bayan na lumabas ay mga tuli, ang buong bayan na ipinanganak sa ilang sa daan pagkalabas sa Ehipto ay hindi natuli."

Pagkatapos lamang na makatawid ng mga Israelita sa Jordan, sinabi ng Panginoon kay Josue na kailangan nilang magpatuli. Ang kaganapang ito ay nagpapahiwatig ng isang karagdagang pagtatalaga para sa mga Israelita, at isa pang tanda para sa mga Kristiyano. Kapag natawid na natin ang ating Jordan (na nangangahulugan ng ating pagkapako sa krus kasama ni Cristo) ay kailangan nating matuli bago natin sakupin ang ating mga kaaway at kunin ang ating mana kay Cristo. Ngunit ano ang ibig sabihin nito para sa atin?

Sa natural, ang pagtutuli ay isang pagtatanggal sa laman. Ito ang tanda ng tipan na ginawa ng Diyos kay Abraham na ibibigay sa kanyang mga inapo ang lupain ng Canaan. Mababasa natin sa Genesis 17:7-14 na sinabi ng Panginoon kay Abraham, "Aking itatatag ang aking tipan sa iyo at sa iyong binhi kahit sa iyong pagkamatay sa buong lahi nila, isang tipang walang hanggan… At ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi pagkamatay mo ang lupaing kung saan ka ngayon ay isang dayuhan, ang buong lupain ng Canaan bilang pag-aaring walang hanggan… Ito ang aking tipan na inyong iingatan, ang tipan natin at ng iyong binhi pagkamatay mo: Ang bawat lalaki sa inyo ay tutuliin. Inyong tutuliin ang balat ng inyong maselang bahagi, at ito ang magiging tanda ng aking tipan sa inyo…Ang sinumang lalaking hindi tuli, na hindi tinuli ang balat ng maselang bahagi ay ititiwalag sa kanyang bayan; sinira niya ang aking tipan." Bilang resulta ng tipan na ito, ang natural na pinakamahalagang paghahanda para sa mga Israelita na makapasok at sakupin ang lupain ay ang pagtutuli.

Magkagayon nga, ay alam din ng mga Israelita na ang pagtutuli ay may isang malalim na kahalagahang espirituwal. Habang inihahanda ni Moises ang mga Israelita sa pagtawid sa Lupang Pangako, sinabi niya sa kanila sa Deut. 10:16 "Tuliin ninyo ang balat ng inyong puso, at huwag ninyong papagmatigasin ang inyong ulo" ang espirituwal na kahalagahan ng pagtutuli ay na dapat mahiwalay ang puso natin mula sa mga gawain ng laman at maitalaga sa Diyos. Inulit ni Apostol Pablo ang katotohanang ito para sa atin sa Filipos 3:3 kung saan ay sinabi niya, "Sapagkat tayo ang pagtutuli, na sumasamba sa Diyos sa espiritu at nagmamapuri kay Cristo Jesus, at walang anumang pagtitiwala sa laman."

May ibibigay ako na isang halimbawa kung paano makagagawa ang espirituwal na pagtutuli na ito mula sa naging karanasan ko noong ako ay isang batang Kristiyano. Ako ay nasa paaralang Bibliya, umiiyak sa Panginoon sa silid panalanginan, nang makakita ako ng isang pangitain ng isang tabak na kumumpas pababa at pinuputol ang isang bagay sa aking puso. Sa pagkakatulos ng tabak, napakatalas na ipinangusap ng Panginoon sa akin ang kasulatan, "Huwag kayong magtipon ng mga kayamanan para sa inyong sarili sa lupa, na dito ay naninira ang bukbok at ang kalawang at ang mga magnanakaw ay nakakapasok at nakakapagnakaw." Nang mga panahong iyon ay may ilang naipon ako sa bangko, at sa pagtangis ng aking puso ay sinabi ko sa Panginoon, "kukunin ko ang lahat ng pera ko at ipamimigay ko." Nasa matinding sakit ako; ang aking puso ay hiniwa pabukas sa katotohanan ng labis na kasamaan ng pagmamahal at pagtitiwala sa pera. Ngunit tumugon ang Panginoon na ayaw Niyang ipamigay ko ang pera, sa halip ay ihandog ko ito sa Kanya at pag-aralang maging isang mabuting katiwala ng Kanyang mga pag-aari. Tunay na ang Panginoon ay gumawa ng gawaing pagtutuli sa aking

puso nang araw na iyon. Iningatan ako nito sa loob ng maraming taon ng pagmiministeryo upang hindi ko ibigin ang salapi at abusuhin ang mga pera na dumadaan sa aking mga kamay.

Kung paanong tinuli ni Josue ang mga Israelita bago ang pagsakop sa Canaan, tayong mga Kristiyano ngayon ay kailangan ang isang pusong tuli upang makapasok at angkinin ang ating mana kay Cristo. Kung susubukan nating pumasok sa ating mga ministeryo at mana bago tayo maihanda, ang mga pakikipaglaban at mga tukso ay magiging napakahirap para sa atin na harapin. Kaya maaaring mangyari na tayo ay tatalikod at maging isang kadustaan sa ebanghelyo.

Ito ang dahilan kung bakit binalaan ni Apostol Pablo si Timoteo sa 1 Tim. 3:6 na huwag ordinahan ang isang batang mananampalataya upang maging isang tagapaglingkod. Kapag pinagpapala at pinararami ng Diyos ang ministeryo ng isang tao, napakadali para sa pagmamataas at bawat gawain ng laman na bumangon malibang ang ugat ng mga kasamaang iyon ay naputol na o natuli mula sa kanilang mga puso. Ang mga ito ay paulit-ulit nang nangyayari sa kahit na sa pinakamatindi at makapangyarihang mga tagapaglingkod. Ang maliliit na ugat ng kasamaan na hindi naalis sa maagang panahon ng kanilang Kristiyanong karanasan ay nagsimulang lumago at namukadkad sa kasalanan, hanggang sa ang kanilang mga ministeryo at mga pamilya ay nasira.

Gaya ng babala sa atin ng Kawikaan 20:21, "Ang mana na madaling nakuha sa pasimula, sa katapusan ay hindi mapagpapala.". Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga para sa atin na pag-isipang mabuti ang pagkakaroon ng tamang mga paghahanda para sa ating Kristiyanong buhay at ministeryo. Ayaw nating sumirit pataas sa katanyagan ng ministeryo para lang biglang bumulusok sa nakamamatay na pagbagsak!

Nang matapos tuliin ni Josue ang mga Israelita ay patuloy nating mababasa na, "At sinabi ng PANGINOON kay Josue, "Sa araw na ito ay iginulong ko palayo sa inyo ang kahihiyan ng Ehipto." Kaya't ang pangalan ng lugar na iyon ay tinawag na Gilgal hanggang sa araw na ito" (Jos.5:9). Ang kanilang kampo malapit sa Jordan ay pinangalanang *Gilgal,* na ang ibig sabihin ay "gumugulong" dahil sa kung ano ang nagawa doon. Sinabi ng Panginoon na ang pagkakatuli nila ay "iginulong papalayo ang kahihiyan ng Ehipto." Ito ay nagpapakita sa atin ng isang napakahalagang katotohanan.

Nang ang mga Israelita ay tumawid sa Dagat na Pula para lisanin ang Ehipto, alam natin na ang Faraon at kanyang hukbo ay nawasak doon. Ngunit habang ang mga Israelita ay napalaya mula sa pagkaalipin at makakalakad pasulong sa Lupang Pangako, ay may nananatili pa ring pag-ibig sa kanilang mga puso para sa Ehipto. Nang makasalubong sila ng mga pagsubok sa ilang, madalas silang magreklamo at umasang sana ay nasa Ehipto sila! Noon lamang nang sila ay makatawid sa Ilog Jordan at matuli, na ang pagmamahal sa Ehipto ay naalis sa kanilang mga puso. Ang "kadustaan ng Ehipto," kung saan ay ang pag-ibig sa mundo at mga bagay sa mundo, ay hindi naalis sa Dagat na Pula. Gaya ng nabanggit na natin, hindi sa ating pagkabautismo na ang lahat ng kasalanan ay maaalis mula sa ating mga puso. Ito ay kapag tumawid tayo sa Jordan- kapag tayo ay ipinakong kasama ni Cristo at makamit ang isang tinuling puso- na ang palakol ay umabot sa pinakaugat ng ating makasalanang kalikasan at igulong ito palayo.

Hindi na naalala pa ng mga Israelita ang bawang at mga sibuyas ng Ehipto nang makatawid sila sa Jordan at sinimulang kainin ang mabuting trigo, mga ubas, langis, at pulot ng

Canaan. Hindi na nila hinangad pa ang seguridad ng pagiging mga alipin ng Ehipto nang maranasan nilang maging mga taong malaya na namumuhay sa sarili nilang lupain. Sa parehong paraan, hindi na natin ikasisiya pa ang mga kasalanan at pagkagapos ng sanlibutan sa sandaling tayo ay ipinakong kasama ni Cristo at pumasok sa mga pagpapala, ministeryo, at walang hanggang mga gantimpala na inihanda ng Diyos para sa Kanyang mga hinirang. Ang iniaalok sa atin ng Diyos ay higit na mas maluwalhati, mas nakagagalak at nananatili, na hindi natin gugustuhing ipagpalit ang ating mana para sa isang mangkok na nilaga ni Esaw!

Makikita natin sa pamamagitan ng paglalakbay ng mga Israelita mula sa Ehipto hanggang Canaan kung papaano din natin kailangang dumaan sa isang proseso ng paghahanda. Bago tayo maging handa para sa gawain at pamana na itinawag sa atin ng Diyos, kailangan muna nating maipanganak na muli at mabaustismuhan sa tubig. Ang mga karanasang ito ay sinisimbolo ng Paskuwa sa Ehipto at ang pagtawid sa Dagat na Pula. Kailangan din muna nating mapuspos ng Espiritu, na sinisimbolo ng Bundok ng Sinai sa paglalakbay ng Israel. Kailangan nating magpatuloy na lampasan ang mga pagsubok gaya ng naranasan ng mga Israelita sa ilang, upang matutunan nating batahin ang kahirapan bilang mabubuting mga sundalo ni Cristo. Saka pa lamang, pagkatapos nating matawid ang Jordan at maging tuli sa puso, na tayo ay nakahanda nang sakupin ang ating mana.

Ang kampo na ginawa ni Josue sa Gilgal ay nanatiling base ng mga operasyon sa buong panahon ng pananakop sa Canaan. Pagkatapos nilang lumabas sa kanilang pakikipagdigmaan, sila ay bumabalik sa Gilgal (Jos.5:10, 6:11, 9:6, 10:6, 10:43, at 14:6). Binibigyang-diin nito sa atin ang isang katotohanan na kung gusto nating manahin ang lahat ng mga pangako ng Diyos para sa ating mga buhay at mga ministeryo, ay huwag lamang natin dapat *kamtan* kundi *panatilihin* din ang isang natuli na puso.

Pagkatapos na ang mga Israelita ay tinuli sa Gilgal, ang sumunod na pangyayari ay ang nagpakita ang Panginoon kay Josue. Mababasa natin sa Josue 5:13-15 “Nang si Josue ay nasa may Jerico, kanyang itinaas ang kanyang paningin at nakita niyang nakatayo ang isang lalaki sa tapat niya na may tabak sa kanyang kamay. Lumapit sa kanya si Josue at sinabi sa kanya, “Ikaw ba'y sa panig namin o sa aming mga kaaway?” At kanyang sinabi, “Hindi, ako'y naparito bilang pinuno ng hukbo ng PANGINOON.” At si Josue ay sumubsob sa lupa at sumamba, at sinabi sa kanya, “Anong ipinag-uutos ng aking Panginoon sa kanyang lingkod?” Sumagot ang pinuno ng hukbo ng PANGINOON kay Josue, “Hubarin mo ang panyapak sa iyong paa, sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal.” At gayon ang ginawa ni Josue.”

Nang ang mga sundalong Israelita ay tinuli sa Gilgal sila ay lubusang naging handa na simulan ang pagsakop. Upang maisagawa ito, ang Pinuno ay pumunta sa mga sandaling ito upang pangunahan ang Kanyang mga hukbo. Ang Panginoon ay nagpakita sa kaanyuan ng tao kay Josue, gaya ng pagpakita Niya ng Kanyang sarili kay Abraham at sa mga iba pa sa Lumang Tipan. Si Josue ay sinabihang hubarin ang kanyang sandalyas sa banal na dakong iyon, gaya ng karanasan ni Moises sa nagliliyab na palumpong. Gaya ng pakikipagtagpo ng Panginoon kay Moises at sinabihan kung paano palayain ang Israel, ang Panginoon ngayon ay nakipagtagpo kay Josue at sinabihan kung paano dapat simulan ng Israel ang pananakop sa Canaan. Ang mga

paghahanda ay tapos na, at ang Pinuno ng hukbo ng Panginoon ay dumating upang ihayag ang araw ng Kanyang Kapangyarihan.

# Kabanata 4

# ANG PAGSAKOP SA LUPAIN

(Josue Mga Kabanata 6-12)

### Kabanata 6: Tagumpay sa Jerico

“At sinabi ng PANGINOON kay Josue, “Tingnan mo, ibinigay ko na sa iyong kamay ang Jerico, ang hari nito at ang mga mandirigma. Lilibutin ninyo ang buong lunsod, lahat ng mga lalaking mandirigma ay liligid na minsan sa lungsod. Gagawin ninyo ito sa loob ng anim na araw. Ang pitong pari ay magdadala ng pitong tambuli na mga sungay ng tupa sa unahan ng kaban; at sa ikapitong araw ay inyong paliligiran ng pitong ulit ang bayan at hihipan ng mga pari ang mga tambuli. Kapag hinipan na nila nang matagal ang sungay ng tupa, at kapag inyong narinig ang tunog ng tambuli ay sisigaw nang malakas ang buong bayan. Ang pader ng lungsod ay guguho at ang buong bayan ay tuluy-tuloy na sasalakay” (Josue 6:2-5).

Sa pagdating ng Panginoon upang manguna bilang Pinuno ng Hukbo, ipinahayag Niya kay Josue ang mga plano ng digmaan para sa pagsakop sa Jerico. Ngunit kakaibang mga plano ito! Ang hukbo ay liligid paikot sa lungsod sa loob ng pitong araw habang ang mga saserdote ay hihipan ang mga trumpeta. Pagkatapos ang hukbo ay sisigaw, at ang pader ng lungsod ay guguho.

Ang mga planong pandigma na ito ay maghahasik ng kamangmangan sa isang likas na kaisipan. Ngunit gaya ng sinulat ni Apostol Pablo sa 1 Corinto 1:25, “Ito ay sapagkat ang kamangmangan ng Diyos ay higit sa karunungan ng tao at ang kahinaan ng Diyos ay higit sa kalakasan ng tao.” Binigay ng Panginoon ang kakaibang planong pandigma na ito upang ituro kay Josue ang katotohanang ito. Kinakailangang matutunan ng hukbo ng Israel kung paano magtiwala sa karunungan at kapangyarihan ng Diyos, hindi sa sarili nilang mga kakayahan. Dagdag pa rito, nang binigay ng Panginoon sa kanila ang mahimalang tagumpay na ito, ay dineklara nito sa lahat ng mga hari ng Canaan na ang kanilang pagkawasak ay nalalapit na.

Ang mga hukbo ng Canaan ay higit na mas malaki ang bilang kaysa sa hukbo ng Israelita. Sila ay may mga matitibay din na muog at matatayog na mga lungsod at maraming mga karwahe na panlaban sa Israel. Ang mga Hiteo, bilang halimbawa, ay pangatlo sa pinakamakapangyarihang imperyo sa Gitnang Silangan nang mga panahon iyon. Sa loob ng maraming siglo ay pinamunuan nila ang karamihan sa Canaan, Syria, at Asya Minor. At tinalo na o nakipaglaban sa isang matatag at pinakamahusay na hukbo ng Babilonya at Ehipto. Ang mga Hiteo at iba pang hukbo ng Cananeo ay mas nakahihigit sa hukbo ng Israel mula sa isang natural na pananaw ng militar. Gayunpaman, ang isang bagay na alam nilang walang silang panugma ay ang kapangyarihan ng Diyos na buhay! Matapos ang mga himala ng paghahati ng Ilog Jordan at pagguho ng pader ng Jerico, ang takot ng Diyos ay nagpahina sa mga hukbo ng Cananeo habang ang mga sundalo ni Josue ay naging matatapang na gaya ng mga leon. Alam nila ang espirituwal na panig ng labanan ay mas malakas kaysa sa natural na panig ng militar.

Alam ng mga Kristiyano sa Bagong Tipan na upang maitaguyod ang kaharian ng Diyos hindi tayo nakikipaglaban sa mga natural na labanan, subalit kailangang labanan ang mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas sa himpapawid. Gaya ng maraming iba't ibang antas ng awtoridad sa mga natural na pamahalaan, mula sa alkalde ng bayan hanggang sa mga gobernador hanggang sa mga pinuno ng nasyonalidad, mayroon ding iba't ibang antas ng espirituwal na pamahalaan na namumuno sa bawat pamilya, bayan, lungsod, estado at mga bansa. Dapat makita natin ang mga namumunong tagapamahala na ito ni Satanas na nakagapos at nahulog bago natin makikita ang rebaybal na magdadala sa mga lungsod at mga bansa kay Cristo. Gaya ng sinabi ng Panginoon kay Josue, "Tingnan mo, ibinigay ko na sa iyong kamay ang Jerico, ang hari nito at ang mga mandirigma." Kailangang ibigay ng Panginoon sa ating mga kamay ang mga espirituwal na hari at mga kapangyarihan ng demonyo upang ang ating mga bayan at lungsod ay mapanumbalik kay Cristo.

Ang isang halimbawa nito ay nangyari ilang taon na ang nakararaan noong nanguna ako sa isang seminar ng mga pastor sa Pilipinas. Sa pagtatapos ng seminar ay nanalangin kami sa mga delegado, at nagbigay ang Panginoon ng propesiya para sa isa sa kanila. Sinabi ng Panginoon na tinatali Niya at inaalis ang masamang prinsipe ni Satanas mula sa kanyang bayan at ang taong ito ay babalik upang makita ang rebaybal.

Wala kaming alam tungkol sa taong ito maliban na siya ay dumalo sa isang seminar ng mga pastor. Kinalaunan ay sinabihan kami na ang kapatid na ito ay nanghinang pastor mula sa isang maliit na bayan. Makaraan ang tatlong taon na pagpapayunir, ay kakaunti pa rin ang tao sa kanyang simbahan. Hiyang-hiya siya sa napakaliit niyang kongregasyon na nahihiya na siyang lumabas sa kanyang tahanan. Kapag kinailangan niyang pumunta ng lungsod upang magbigay ulat sa lider ng kanilang denominasyon, ipinapanalangin pa niya na sana maaksidente na lang ang bus para mamatay nalang siya at nang hindi na siya makapag-ulat muli ng "walang paglago sa iglesya."

Habang ang pastor na ito ay nakakaramdam ng pagkahamak at kawalan ng kahalagahan, ang tao sa kanilang bayan na kilala at iginagalang na espirituwal na "taong may kapangyarihan" sa loob ng maraming taon ay isang *albularyo*, isang espiritista na nanggagamot. Siya ay may di-pangkaraniwang mga pagpapagaling na nagagawa sa pamamagitan ng malakas na kapangyarihan ni Satanas na kumokontrol sa kanya. Ang mga tao mula sa buong sentro at hilagang bahagi ng bansa ay pumupunta upang mapagaling ng taong ito. Ang mananampalatayang pastor, gayunpaman, ay hindi kailanman nakakita ng anumang mga pagpapagaling o iba pang malinaw na mga resulta sa pamamagitan ng kanyang mga pananalangin. Ngunit sa kabila ng panghihina ng kanyang loob, nanatili siyang tapat sa kanyang ministeryo at siya ay nanalangin. Pagkatapos mangusap sa kanya ang Panginoon sa seminar na Kanyang itatali at aalisin ang masamang prinsipe ni Satanas mula sa kanyang bayan, ang pastor ay bumalik sa kanyang bahay, na nasasabik makita kung ano ang maaaring gawin ng Panginoon. Ang Lingguhang pangangaral niya ay nagkaroon ng bagong bisa, at sa kauna-unahang pagkakataon ay may mga bisitang pumunta at naligtas sa mga gawain. Nang siya at ang mga mananampalataya ay nagsimulang manalangin para sa may mga sakit, nakita rin nila ang kapangyarihan ng Diyos na dumadaloy sa di-pangkaraniwang mga pagpapagaling. Sa loob ng tatlong buwan ay napuno na ang simbahan

at nakapagbautismo siya ng 80 bagong mga mananampalataya sa isang maliit na bayan na matinding sumalungat sa kanya sa maraming taon.

Magkagayunman, ang susi sa lokal na rebaybal na ito ay nahayag nang makarinig ang pastor ng isang kuwento tungkol sa tanyag na albularyo sa kanyang bayan. Ang espiritista ay nagsara na ng kanyang negosyo at tumanggi nang pagalingin ang sinuman. Kapag may mga taong dumarating mula sa malayo na may dalang pera, humihiling ng kagalingan, sinasabihan niya silang umalis na.  Sinabi ng manggagamot sa kanila na isinara na niya ang kanyang negosyo dahil tatlong buwan bago ang sandaling iyon- mismo nang mangusap ang Panginoon na Kanyang aalisin ang masamang prinsipe mula sa bayang iyon- nawala ang lahat ng kanyang kapangyarihang magpagaling! Ang espirituwal na kapangyarihang magpagaling ay inalis mula sa kanya nang ang kanyang kasabwat na si Satanas ay pinabagsak mula sa kalangitan. Kasabay nito, ang mga Kristiyano ang nagkaroon ng espirituwal na kapangyarihan sa bayan upang magdala ng mga kagalingan, kaligtasan, at rebaybal nang ang lokal na “hari ng Jerico” ay ibinigay sa kanilang mga kamay.

Ang tagumpay ni Josue sa Jerico ay napanalunan sa espirituwal na nasasakupan sapagkat sinunod niya ang mga tagubilin ng Diyos. Kung tayo ay tapat at naghahanda para sa araw ng Kanyang kapangyarihan, ay bibigyan din tayo ng Diyos ng mga susi sa tagumpay at rebaybal. Si Josue at ang kanyang hukbo ay unang nagsimulang magmartsa sa paligid ng Jerico. Sinabi na ng Panginoon kay Josue na “bawat dakong tuntungan ng talampakan ng inyong paa ay naibigay ko na sa inyo” (Jos.1:3). Marahil ay bibigyan ka ng Panginoon ng parehong pangako, kung saan ang tagumpay ay maaaring dumating sa pamamagitan ng iyong pagpunta upang “tiktikan ang lupain,” paglalakad ng nananalangin, o nagsasagawa ng isang “Pagmamartsa sa Jerico.”

Si Josue at ang kanyang hukbo ay nagpatuloy sa pagmartsa sa loob ng pitong araw. Pito ang bilang na nangangahulugan ng pagtatapos sa mga Kasulatan. Pagkatapos lamang na manalangin ni Elias ng pitong beses na ang ulap ng ulan ay nagsimulang dumating, at pagkatapos lamang na si Naaman ay lumubog sa Jordan ng makapitong beses na siya ay gumaling. Ipinapakita nito na hindi lamang tayo dapat lumakad sa espiritu at gawin ang sinasabi ng Panginoon para sa tagumpay, kailangan din nating magtiyaga hanggang sa matapos ang gawain. Ang pagtitiyaga ay isang napakahalagang susi para sa tagumpay- huwag sumuko pagkatapos ng ikalima o ikaanim na beses!

Ipinag-utos din ni Josue sa mga hukbo na sundin nila ang mahigpit na katahimikan sa panahon ng kanilang pagmamartsa paikot (Jos. 6:10). Kapag tayo ay nasa kalagitnaan ng isang espirituwal na labanan, ang isa sa mga banayad na paraan na mawala sa atin ang tagumpay ay kung sisimulan nating magsalita ng labis. Ang mga panlalait at tsismis ay madaling makapagpahina sa pananampalataya at pagkabuong-puso ng anumang iglesya kung ang mga hinirang ay hindi maingat sa kanilang mga pananalita.

Ang tagumpay ay dumating sa ikapitong araw nang hinipan ng mga saserdote ang mga trumpeta at ang lahat ng mga sundalo ay sumigaw. Ang mga bagay na ito rin ay may espirituwal na kahulugan. Sa Bilang 10:9 sinabi sa atin na kapag ang mga Israelita ay nasa labanan, ay dapat hipan ng mga saserdote ang mga trumpeta upang maalala sila ng Panginoon at iligtas sila. Sa katulad na paraan, ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay mayroon pa ring responsibilidad na

tumawag sa Panginoon at itaas ang kanilang tinig tulad ng isang trumpeta upang mamagitan para sa mga tao sa panahon ng labanan (1 Sam. 7:7-10).

Kapag ang lahat ng mga preparasyon na ito ay nakahanda na, sinasabi sa atin sa Josue 6:20, “Kaya't sumigaw ang bayan, at hinipan ang mga tambuli. Nang marinig ng bayan ang tunog ng tambuli, ang bayan ay sumigaw ng napakalakas. Ang pader ay gumuho, kaya't ang bayan ay lumusob sa lungsod, ang bawat lalaki ay tuluy-tuloy na pumasok at kanilang sinakop ang lungsod.” Matapos ang pagmamartsa at ang pag-ihip ng mga trumpeta, ang lahat ng mga sundalo ay nagbigay ng isang napakalakas na sigaw ng tagumpay. Ang sigaw na ito ng tagumpay ay maaari ring magbigay ng isang mahalagang bahagi sa ating espirituwal na pakikipaglaban ngayon.

Ang mga salitang Hebreo na ginamit para sa sigaw na ito ng tagumpay ay *teruwah* at ang salitang-ugat nito ay *ruwa*. Tinutukoy nila ang isang malakas na sigaw, ginagamit man sa pakikipaglaban or pagdiriwang. Ang sigaw na ito ay maaaring maglabas ng pananampalataya at maging sanhi sa kamay ng Diyos na gumawa. Makikita natin ang isa pang pangyayari tungkol dito sa 2 Cronica 13:15 kung saan ay sinabing, “Pagkatapos ay sumigaw ng pakikipaglaban ang mga lalaki ng Juda; at nang sumigaw ang mga anak ng Juda, ginapi ng Diyos si Jeroboam at ang buong Israel sa harapan ni Abias at ng Juda.”

Alam din ni Haring David ang kapangyarihan ng sigaw ng tagumpay, hindi lamang sa araw ng digmaan, kundi kapag hinahanap din ang Panginoon sa iglesya. Sa Awit 27 ay nagsalita siya tungkol sa hukbo ng kaaway na bumabangon laban sa kanya sa talata tatlo: “Bagaman magkampo laban sa akin ang isang hukbo…bagaman magbangon ang digmaan laban sa akin…” Gayunpaman, sa ikaanim na talata si David ay nagpatuloy upang ipakita kung paano niya natamo ang tagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya habang nakikipagtagpo sa Panginoon sa tabernakulo, bago siya lumabas upang labanan ang kaaway: “At ngayo'y itataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko; at ako'y maghahandog sa kanyang tolda ng mga alay na may sigaw ng pagsasaya.” Ang mga *alay na ito ng kagalakan* mula sa orihinal na Hebreo ay mga “alay ng *teruwah*,” o matagumpay na mga sigaw ng kagalakan!

Sina Josue, Abias, at David ay sumigaw ng sigaw ng tagumpay at nagpakita ng pananampalataya *bago* sinimulan ng Panginoon na talunin ang kaaway. Bukod dito, si David ay nagbigay ng sigaw ng tagumpay habang hinahanap ang Panginoon sa tabernakulo, hindi lamang sa dako ng labanan.

Nais ng Panginoon na turuan tayo ng tamang mga panahon upang isagawa ng espirituwal na pakikipaglaban sa pagsigaw ng tagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya. Maaaring ito ay sa panahon ng ating pagpupuri at pagsamba. Maraming beses na nasa mga gawain ako kung saan ang bawat isa ay nagpupuri sa Panginoon, at mayroong isa na buong siglang sumisigaw ng “Alleluia!” o “Purihin ang Panginoon!” at naglalabas ng isang sariwang pagpapahid at tagumpay. Sa ibang pagkakataon ay maaari tayong sumigaw ng tagumpay sa isang pagtitipon sa pananalangin o sa isang pagtawag sa altar. Ang matagumpay na mga sigaw na ito ng kagalakan ay kayang magbigay ng pananampalataya at pagpapahid upang ang Panginoon ay makapagsimulang kumilos sa ating kalagitnaan. Tulad din ng pagpapahayag ng matagumpay na Awit 47 sa talata lima, “ang Diyos ay pumailanglang na may sigaw.”

Gaya ng pagkapanalo ni Josue ng digmaan sa Jerico nang sinunod niya ang tila kamangmangang mga tagubilin ng Diyos, nawa ay matutunan din natin sundin ang mga taktika sa labanan ng langit. Sinasabi sa atin sa Ikalawang Corinto 10:4, “Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikipaglaban ay hindi makalaman, kundi maka-Diyos.” At habang natututo tayong makipaglaban sa mga labanan ng Panginoon ay makakakita tayo ng mga matitinding tagumpay sa ating mga pamilya, mga simbahan, mga bayan, mga lungsod, at kahit ng mga bansa.

## Kabanata 7: Pagkatalo ng Ai

Matapos ang nakamamanghang tagumpay na ito, sumunod na nakipaglaban si Josue at ang kanyang hukbo laban sa maliit na lungsod ng Ai. Nabasa natin na si Josue ay nagsugo ng mga lalaki mula sa Jerico patungo sa Ai na malapit sa Bet-haven, sa gawing silangan ng Bethel, at sinabi sa kanila, “Umahon kayo at tiktikan ninyo ang lupain.” At ang mga lalaki ay humayo at tiniktikan ang Ai. At sila'y bumalik kay Josue at sinabi sa kanya, “Huwag mo nang paahunin ang buong bayan, kundi paahunin lamang ang dalawa o tatlong libong lalaki at salakayin ang Ai; huwag mo nang pagurin ang buong bayan, sapagkat sila'y kakaunti.” Kaya't umahon mula sa bayan ang may tatlong libong lalaki; at sila'y nagtakbuhan sa harapan ng mga lalaki sa Ai. Ang napatay sa kanila ng mga lalaki sa Ai ay may tatlumpu't anim na lalaki; at kanilang hinabol sila mula sa harapan ng pintuang-bayan hanggang sa Sebarim, at pinatay sila sa dakong pababa. At ang mga puso ng taong-bayan ay nanlumo at naging parang tubig” (Joshua 7:2-5)

Pagkatapos ng kanilang malaking tagumpay sa Jerico, ay naging mayabang ang mga Israelita. Sa kanilang bagong tiwala sa sarili ay hindi sila gaanong naging handa para sa nakakagulat na pagkatalo sa maliit na lungsod ng Ai. Kahit si Josue mismo ay pinanghinaan din ng loob at sinabi sa talatang pito, “O Panginoong DIYOS, bakit mo pa pinatawid ang bayang ito sa Jordan upang ibigay lamang kami at puksain ng kamay ng mga Amoreo? Sana'y nasiyahan na kaming nanirahan sa kabila ng Jordan!” Kaya sinabi ng Panginoon kay Josue sa talata 11 na ang kasalanan sa kampo ang tunay na dahilan kung bakit sila natalo: “Ang Israel ay nagkasala at kanilang nilabag ang tipan na aking iniutos sa kanila. Sila'y kumuha sa mga itinalagang bagay, sila'y nagnakaw, nagsinungaling at inilagay ang mga iyon sa kanilang sariling dala-dalahan. Kaya't ang mga anak ni Israel ay hindi makakatagal sa harapan ng kanilang mga kaaway.” Ang isa sa mga sundalong Israelita ay sumuway sa mga tagubilin ng Diyos na lubusang wasakin ang Jerico at ninakaw ang ilan sa mga samsam. Dahil sa kasalanan na ito, hindi tinulungan ng Panginoon ang Israel na talunin ang mga sundalo ng Ai.

Sa pangyayaring ito nakita natin ang kahalagahan ng pagharap sa tila maliit o nakatagong mga kasalanan. Ang kasalanan ng isang sundalo ay naging sanhi sa pagkatalo sa laban ng buong hukbo. Ang prinsipyong ito kung minsan ay maaaring iangkop sa isang pamilya, ministeryo, simbahan, o denominasyon. Ang isang tao na nagtatago ng kasalanan ay maaaring maging sapat nang mahalaga para sa Panginoon na pahintulatan ang buong grupo na magdusa ng pagkatalo! Ang kasalanan ay inihalintulad sa pampaalsa, at ang babala ay inulit ng dalawang beses sa Bibliya na “ang kaunting pampaalsa ay nagpapaalsa sa buong masa” (1 Cor.5:6 at Gal.5:9).

Dapat ay maging maingat tayo sa pagharap sa kasalanan sapagkat hangarin nitong tahimik na dumami at sirain ang bayan ng Diyos.

Upang harapin ang problema, sinabi ng Panginoon kay Josue sa talata 14, “Sa kinaumagahan ay lalapit kayo ayon sa inyong mga lipi. Ang lipi na pipiliin ng PANGINOON ay lalapit ayon sa mga angkan, at ang angkan na pipiliin ng PANGINOON ay lalapit ayon sa mga sambahayan, at ang sambahayan na pipiliin ng PANGINOON ay lalapit, bawat lalaki.” Sa pagtawag na ito, sinabi ng Panginoon na una Niya munang tutukuyin ang lipi, tapos ang angkan, sunod ang sambahayan, at sa huli ay ang taong nakagawa ng kasalanang ito. Bagaman hindi sinabi sa atin sa kwentong ito ang eksaktong pamamaraan kung paano natukoy ni Josue ang lalaki, mayroong pamamaraan sa Lumang Tipan na ginamit para sa mga naturang okasyon: palabunutan o ang Punong Saserdote na gagamit ng Urim and Thummin.

Kung ang pamamaraan na gagamitin ay ang paggamit ng palabunutan, sa gayon ang bato ay basta nalang dadamputin o ang dais ay ihahagis. Ang pinili ng bato o ng dais ay tinanggap at pinili ng Diyos (Kaw. 16:33). Ang pamamaraang ito ay ginamit sa buong Lumang Tipan, at maging ng mga unang alagad sa Gawa kabanata isa. Gayunpaman ang panlabas na patnubay na ito ay hindi na kailanman ginamit pang muli sa kasulatan pagkatapos ng Araw ng Pentekostes. Ito ay dahil ibinigay na ang Banal na Espiritu sa mga banal upang pangunahan at patnubayan tayo sa katotohanan. Ngayon, tayo ay dapat pangunahan ng Espiritu, hindi sa pamamagitan ng paghagis ng dais o palabunutan.

Ang isa pang anyo ng pagpatnubay ay ang pagkonsulta sa Punong Saserdote sa Urim at Thummin. Partikular na ibinigay ng Panginoon kay Josue ang uri na ito ng pagpatnubay noong siya ay inordinahan ni Moises upang maging bagong pinuno ng Israel. Mababasa natin sa Bilang 27:18-21, “Kaya't sinabi ng PANGINOON kay Moises, “Isama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalaking nagtataglay ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kanya. Iharap mo siya sa paring si Eleazar, at sa buong kapulungan; at sa harapan nila'y atasan mo siya…At siya'y tatayo sa harap ng paring si Eleazar, na siyang sasangguni para sa kanya, sa pamamagitan ng hatol ng Urim sa harap ng PANGINOON.”

Bagaman ang eksaktong paggamit ng Urim at Thummin ay hindi na alam, sinasabi sa atin ng Kasulatan na ang mga ito at inilalagay sa baluti ng Punong Saserdote upang takip sa kanyang puso sa kanyang paglapit sa Panginoon (Ex.28:30). Maaaring sila ay dalawang bato o palabunutan, at depende sa kung alin ang mabunot mula sa baluti, ito ay nagpapahiwatig ng “oo” at “hindi” upang ipakita ang pinili ng Diyos. Ang malinaw mula sa nakatala sa Josue kabanata pito ay ang Punong Saserdote ay maliwanag na pinangungunahan ng Espiritu sa pagkakaroon ng tamang pagpatnubay.

Tulad sa panahon ni Josue, may mga pagkakataon pa rin ngayon na ang nakatagong kasalanan sa mga hinirang ng Diyos ay kailangang mailantad at alisin. Tayo ngayon ay magiging mga saserdote ng Diyos na maaaring tumanggap ng gabay at kapahayagan na kinakailangan upang matukoy ang problema. Katulad ng pag-abot ng Punong Saserdote sa baluti sa kanyang dibdib upang piliin ang kasagutan ng Diyos, kailangan nating abutin ang ating mga puso ngayon at kunin ang patotoo ng Espiritu upang malaman ang pagpatnubay ng Diyos.

Ang isang matandang lalaki ng Diyos na naging bahagi ng rebaybal na tinawag na “Huling Ulan” ng mga taong 1950 ay minsang nagsabi sa akin ng isang kwento na mahusay na naglalarawan ng katotohanang ito. Siya ay isa sa mga pastor ng isang iglesya na lumago sa halos ilang libong miyembro sa rebaybal na iyon. Sa isang gawain, may isang propesiya na may dumating na isang tagapaglingkod ang nakaupo sa kongregasyon na may natatagong kasalanan sa kanyang buhay. Ang pastor na ito ay nanalangin habang siya ay nakaupo sa likuran ng pulpito, at sinimulang itingin ang kanyang mga mata mula sa kanang bahagi ng malaking kongregasyon papunta sa kaliwa. Nang dumating ang kanyang paningin sa gitna ng kaliwang bahagi, nakaramdam siya ng patotoo sa kanyang puso na bahagyang nawala habang patuloy siyang tumingin sa kaliwa. Kaya ibinalik niya ang kanyang paningin patungo sa kanan, pagkatapos sa kaliwa, tapos sa kanan, sa paliit at paliit na pagtingin, katulad ng isang pendulo na pahina ng pahinang dumuduyan hanggang sa dumating ito sa balanse. Sa wakas, naramdaman niya ang patotoo ng Espiritu na ituon sa gitna ang kanyang paningin sa isang tuwid na linya ng kongregasyon. Habang nakatingin siya sa tuwid na linyang iyon, muli niyang ginamit ang parehong pamamaraan na simulang tumingin sa unahang hilera ng kongregasyon at patungo sa likuran. Bago pa man makarating sa likuran ang kanyang paningin, naramdaman niyang naghahanap siya sa maling paraan, kaya muli ay sinimulang niyang tumingin papunta sa harapan, habang sinusunod niya ang patotoo ng Espiritu sa kanyang puso, dahan-dahan siyang nanatili sa isang dako malapit sa kalagitnaan ng kongregasyon- at doon ay nakita niya ang isang taong nakaupo, na siyang naramdaman niyang tao na tinutukoy ng Panginoon. Nang iwan niya ang altar at bumaba upang makipag-usap sa kanya, inamin ng lalaki na siya ay isang tagapaglingkod na nahulog sa kasalanan. Ang bisita ay umiyak at nagsisi sa kanyang kasalanan dahil sa pastor na ito, tulad ni Josue, ay natukoy ang “kasalanan sa kampo.”

Nakita ko ang isa pang paglalarawan kung paano matukoy ng Panginoon ang kasalanan ilang taon na ang nakalipas noong ako ay isa sa mga direktor ng isang organisasyon ng 50 mga iglesya. Isa sa mga binatang pastor ay iniwan ang kanyang iglesya na talunan. Ang iba pang mga lider at ako ay pinayuhan siya, sinusubukang malaman kung ano ang problema. Ang pinanghinaang batang pastor ay gumawa ng ilang pagdadahilan, ngunit sa aking espiritu alam ko na hindi pa namin natutuklasan ang tunay na problema. Makalipas ang ilang sandali sinabi ko sa aking puso, “ang kapatid na ito ay bulag,” dahil maliwanag na nawala ng binatang ito ang kanyang espirituwal na pangitain. Ngunit sa mismong pagkasabi ko sa aking sarili na siya ay bulag, ang Banal na Espiritu sa aking puso ay binuhay ang kaisipang “Bulag katulad ni Samson.” Habang tahimik kong ipinanalangin ang tungkol dito sa loob ng ilang minuto, naging kumbinsido ako na ang tunay na problema ng binatang pastor na ito ay ang parehong problema na mayroon si Samson, ang imoralidad. Sa puntong iyon ay aking inantala ang pagpapayo upang sabihin sa binata, “Kapatid, ang tunay na dahilan ng iyong problema ay nakagawa ka ng imoralidad.” Sa pagkagulat ay napatingin siya at sinabi, “Sino ang nagsabi saiyo niyan?” Sumagot ako na sinabi sa akin ng Diyos, dahil mahal siya ng Diyos at nais na siya ay palayain mula sa kasalanang ito. Sa puntong iyon ay nabasag ang binata, ipinahayag ang kanyang kasalanan, at nagsimulang magsisi. Nang araw na iyon ay nakatagpo niya ang Panginoon sa

isang nagpapanibagong-buhay na paraan, at pagkatapos ng isang panahon ng pagpapanumbalik ay nagpatuloy sa pagkaroon ng maraming taon ng mabungang ministeryo.

Sa pamamagitan ng patnubay ng Diyos ay natumbok ni Josue ang isang sundalo na nagngangalang Acan. Matapos niyang marinig ang pagpapahayag ni Acan at ang mga bagay na kanyang ninakaw, mababasa natin, “Kinuha ni Josue at ng buong Israel na kasama niya si Acan na anak ni Zera, at ang pilak, balabal, barang ginto, ang kanyang mga anak na lalaki at babae, ang kanyang mga baka, mga asno, mga tupa, ang kanyang tolda, at ang lahat niyang ari-arian, at kanilang dinala sila sa libis ng Acor. At sinabi ni Josue, “Bakit mo kami dinalhan ng kaguluhan? Dinadalhan ka ng PANGINOON ng kaguluhan sa araw na ito.” At pinagbabato siya ng mga bato ng buong Israel at kanilang sinunog sila sa apoy. Kanilang binuntunan siya ng mataas na bunton ng mga bato hanggang sa araw na ito; at ang PANGINOON ay tumalikod sa bangis ng kanyang galit. Kaya't ang pangalan ng dakong iyon ay tinawag na Libis ng Acor, hanggang sa araw na ito” (Jos.7:24-26).

Sa pamamagitan ng paghatol na ito ay inalis ng Panginoon ang kasalanan sa Israel. Tiyak na naglagay din ito ng pagkatakot sa Diyos sa kanila upang hindi na sila muling magkasala pa! Ang lambak kung saan binato si Acan ay tinawag na lambak ng Acor, na ang ibig sabihin ay, ang “Lambak ng Kaguluhan.” Tinutukoy nito ang lambak ng karanasan ng pagdurusa na dinanas ng buong Israel upang malinis ang kasalanan.

Makaraan ang ilang siglo ang Propeta Oseas ay nagsalita tungkol sa kung paano lilinisin ng Diyos ang makasalanang Israel sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa Lambak ng Acor. Sa Oseas 2:14-15 mababasa natin, “Kaya't akin siyang aakitin, at dadalhin siya sa ilang, at malambing ko siyang kakausapin. At doon ko ibibigay sa kanya ang kanyang mga ubasan, at gagawin kong pintuan ng pag-asa ang Libis ng Acor. Siya'y aawit doon, gaya ng mga araw ng kanyang kabataan, at gaya ng araw nang siya'y umahon mula sa lupain ng Ehipto.”

Sa kasulatang ito nakita natin ang Panginoon na muling dinadala ang Kanyang bayan sa isang karanasan sa ilang kung saan sila ay pumasok sa Lambak ng Kaguluhan. Maraming taon na ang nakalipas ay binigay ng Panginoon ang talatang ito sa aking asawa at sa akin noong kami ay dumadaan sa panahon ng pagpapakababa at paglilinis. Ngunit sinabi sa amin ng mga talatang ito na ang lambak na kaguluhan na ito ay dinisenyo ng Diyos upang maging isang pintuan ng pag-asa! Mula sa mga karanasan na ito, kami ay bibigyan ng Panginoon ng aming mga ubasan, na tumutukoy sa mabungang ministeryo. Ang ating mga puso ay maaaring mabago upang tayo ay makaawit sa kagalakan, tulad noong unang tayong ipinanganak na muli (o nakalabas mula sa lupain ng Ehipto). Ang ating relasyon sa Panginoon ay maaaring maging mas malapit, gaya ng mababasa natin sa susunod na talata ng Oseas 2:16. “Sa araw na iyon, sabi ng PANGINOON, tatawagin mo akong “Asawa ko;” at hindi mo na ako tatawaging, “Baal ko!” Ang karanasang ito sa lambak ay binabago tayo upang hindi na tayo maglilingkod sa Panginoon mula sa isang legalistikong pagsunod sa Kanya bilang ating Amo. Sa halip ang ating relasyon sa Kanya ay mababatay sa pagmamahal habang Siya ay naging Asawa natin. Oo, madalas gamitin ng Panginoon ang mga karanasan sa lambak upang tulungan tayo na magpatuloy sa ating paglakad kasama ang Diyos. Sa katunayan, ang pinakamabilis na daan paakyat sa bundok ay madalas na paglalakbay sa pamamagitan ng isang lambak!

## Kabanata 8: Tagumpay sa Ai

Dito sa susunod na kabanata ay makikita natin na ginamit ng Panginoon ang Lambak ng Acor para sa mismong hangarin na ito. Ito ay naging pintuan ng pag-asa na muling nagdala sa bayan ng Diyos sa tagumpay at kagalakan.

Sa unang talata ay mababasa natin, "At sinabi ni Yahweh kay Josue, "Huwag kang matakot, lakasan mo ang iyong loob. Tipunin mo ang lahat mong mga kawal at salakayin ninyo ang lungsod ng Ai. Ibibigay ko sa inyo ang hari ng Ai, ang kanyang mga tauhan, lungsod at mga lupain."

Ang natitirang bahagi ng kabanata ay nagsasabi sa atin ng kuwento kung paano natalo ang lungsod ng Ai. Nagpadala si Josue ng ilang mga pangkat upang umatake sa harap, habang ang ibang pangkat ay naghihintay ng pagtambang sa likuran ng lungsod. Nang pinaatras ni Josue ang unang grupo ng kanyang mga sundalo, iniwan ng mga kalalakihan ng Ai ang lungsod upang sila ay habulin. Sa sandaling iyon ang mga nakatagong pangkat ng pulutong ay tumayo upang pumasok sa walang bantay na lungsod at sinilaban ito ng apoy. At pagkatapos ay lumabas sila ng lungsod upang tulungan na palibutan ang mga kalalakihan ng Ai at lubusan silang nilupig.

Ang kwento ng tagumpay ng Israel sa Ai ay tinapos sa mga salitang, "At binitay niya ang hari ng Ai sa isang punungkahoy nang kinahapunan" (Jos.8:29). Ito ang wakas ng karamihan sa mga haring nilupig ni Josue, Jos. 10:26. Gayunpaman, ito ay hindi isang pagbitay katulad ng sa pamilyar tayo mula sa modernong kasaysayan, kung saan ang nagkasala ay may tali sa kanyang leeg at doon siya ibibitay. Sa katunayan, ito ay isang pagpapako sa krus, kung saan ang Hari ng Ai ay ipinako sa puno. Ipinako ni Josue sa krus ang karamihan sa mga hari dahil ito ay isang tanda ng matinding paghamak na nakalaan doon sa mga sinumpa (Dt.21:22-23, Est.7:10, & Ezra 6:11).

Ang ginawang ito ni Josue ay nagkaroon ng malaking espirituwal na kahalagahan. Binaliktad ng Diyos ang sitwasyon sa masamang hari na ito na inisip na muli niyang tatalunin si Josue. Ito ay isang propetikong anino ng Isa na siyang higit na dakila kay Josue, na Siyang kukuha ng pagkatalo sa krus at gawin itong pinakadakila Niyang tagumpay. Mababasa natin sa Colosas 2:14-15, "…At ito'y [ang Batas] kanyang [Cristo] inalis at ipinako sa krus. Inalisan niya ng sandata ang mga pinuno at ang mga may kapangyarihan at sila'y ginawa niyang hayag sa madla, na nagtatagumpay sa kanila sa pamamagitan nito. Sinasabi nito sa atin na ang krus kung saan si Jesus pinako ay katunayan kung saan ang mga prinsipe ni Satanas ay hinamak at nilupig! Kung paanong kinuha ni Josue ang mga hari sa Canaan at ipinako sila sa kahihiyan, kinuha ni Cristo ang mga nahulog na pamunuan ng mga anghel at mga kapangyarihan at inilagay sila sa pagkatalo at kahihiyan sa krus ng Kalbaryo.

Ito ay sa krus kung saan ay ipinapahayag natin na ang kaaway ay natalo. Ito ay habang itinataas natin ang krus at ipinagmamalaki ang dugo ni Cristo, "upang sa pamamagitan ng iglesya ay maipaalam ngayon sa mga pinuno at sa mga kapamahalaan sa sangkalangitan ang iba't ibang anyo ng karunungan ng Diyos" (Eph.3:10). Ganito kung paano natin mapagtatagumpayan ang ating mga kaaway at makuha ang pamana ng Panginoon.

Minsan na akong nakakita ng isang halimbawa nito nang ako ay hinilingang mangaral sa isang iglesya. May ilang mga taon dati na ito ay naging isang mabuti at malakas na iglesya na may ilang daang miyembro. Subalit, ang ilang bilang ng mga problema ay dumami sa iglesya, hanggang sa halos nasa anim na matatandang miyembro na lang ang naiwan.  Ang mga miyembro ay labis na pinanghinaan ng loob, gaya ng mga Israelita pagkatapos nilang matalo sa Ai. Gayunpaman, maraming mga lokal na tagapaglingkod ang nakaramdam na nais pa rin ng Diyos na dalhin ang iglesyang iyon sa mas maraming pamana, kung kaya pumayag akong mangaral doon.

Ang gabi bago ako magsalita, gumugol ako ng panahon sa pananalangin sa lugar ng iglesya. Biglang binuksan ng Diyos ang aking espirituwal na pangitain at nakita ko ang isang nahulog na anghel na nakaupo sa isang trono sa itaas ng simbahan. Alam ko na siya ang prinsipe na nagdala sa iglesyang iyon sa pagkatalo. Pagkakita ko sa kanya, aking sinimulan ang pagdeklara ng tagumpay ng krus at dugo ni Cristo. Habang inaawit ko ang mga kanta patungkol sa dugo ni Jesus, nakita ko din sa Espiritu na ang isang bukal ay nagsimulang bumukal sa loob ng simbahan. Gaya ng ipinahayag sa Zacarias 13:1, ito ay isang “bukal para sa kasalanan at karumihan.” Habang lalo kong pinalalaki ang dugo ni Cristo, mas lalo ring tumataas ang pagbalong ng bukal, hinuhugasan ang mga kasalanan, tsimisan, at katiwalian na dating nasa simbahan. Habang lalong pataas nang pataas ang pagbalong ng bukal, sa wakas ay nakaabot ito sa trono kung saan nakaupo ang nahulog na prinsipe na namamahala sa iglesya. Kinakabahan siyang nanood habang ang naglilinis na bukal ay umaakyat palapit nang palapit sa kanya hanggang sa iniwan niya ang kanyang trono at tumakas palayo.

Kinabukasan inaasahan ko na mahahayag ang tagumpay na napanalunan sa panalangin. Ang Diyos ay tapat na kumilos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu sa isang di-pangkaraniwang paraan at nakatulong sa iglesya na dumating sa isang malaking pagbabago. Sa loob ng halos isang taon, nagkaroon sila ng isang bagong pastor at isang matagumpay na kongregasyon ng halos mga 100 miyembro.

Natagpuan mo na ba ang sarili mo sa isang Ai kung saan ay iniwan ka ng kaaway na isang talunan at walang pag-asa? Tumingin muli sa Panginoon, sapagkat kaya Niyang baliktarin nang lubusan ang buong sitwasyon! Tumuon sa Panginoon hanggang sa ihayag Niya ang tagumpay para sa iyo gaya ng sinabi Niya kay Josue, “Tingnan mo, ibinigay ko sa iyong kamay ang hari ng Ai, ang kanyang sambahayan, ang kanyang lungsod, at ang kanyang lupain.”

Pagkatapos ng tagumpay sa Ai, ang lahat sa kabanata siyam ay nagsasalaysay kung paano muling kinumpirma ng mga Israelita ang kanilang tipan sa Panginoon. Tulad ng dati nang iniutos ni Moises sa Deuteronomio 27, nang makapasok sila sa lupain na dapat silang magtayo ng isang altar at magkaroon ng isang seremonya. Matapos basahin ang batas, ang kalahati ng mga lipi ay tumayo sa Bundok ng Gerizim upang ipahayag ang mga pagpapala ng batas. Sa kabila ng lambak, ang iba pang anim na lipi sa Bundok Ebal ay inulit ang mga sumpa ng batas. Ang kahanga-hangang seremonya na ito ay partikular na kapansin-pansin dahil sa sumpa at pagpapala na naranasan lamang nila sa Ai.

Ang kasaysayan na ito ay nagpapaalala sa atin na nais ng Panginoon na ang Kanyang bayan ay palaging magkaroon ng kamalayan sa Kanyang kalooban, at nakatalaga na gawin ito.

May gantimpala sa pagsunod, at isang kahatulan ang naghihintay doon sa mga susuway. Ang seremonyang ito na isinagawa ng milyun-milyong mga Israelita ay propesiya ng isang mas dakilang kaganapan na mangyayari sa Ikalawang Pagbabalik, kapag ihihiwalay ng Panginoon ang mga bansa sa Kanyang kaliwa at kanang kamay upang pagpalain o sumpain sila (Mt.25:31-46).

## Kabanata 9: Kabiguan sa mga Gibeonita

Ang sumunod na ulat tungkol sa pagsakop ng Canaan ay may kinalaman sa kabiguan na mayroon ang mga Israelita sa lungsod ng Gibeon. Mababasa natin, “Ngunit nang mabalitaan ng mga taga-Gibeon ang ginawa ni Josue sa Jerico at sa Ai, sila ay kumilos na may katusuhan. Sila ay umalis at naghanda ng mga baon, at nagpasan ng mga lumang sako sa kanilang mga asno at mga sisidlang balat ng alak na luma, punit at tinahi-tahi, at mga tagpi-tagping sandalyas sa kanilang mga paa, at ng mga lumang bihisan na suot nila; at ang lahat ng tinapay na kanilang baon ay tuyo at inaamag. Sila'y pumunta kay Josue sa kampo sa Gilgal, at sinabi sa kanya at sa mga Israelita, “Kami ay mula sa malayong lupain, ngayon nga'y makipagtipan kayo sa amin.” Si Josue ay nakipagpayapaan sa kanila at nakipagtipan sa kanila, at hinayaan silang mabuhay; at ang mga pinuno ng kapulungan ay sumumpa sa kanila. Sa katapusan ng tatlong araw, pagkatapos na sila'y makapagtipan sa kanila, kanilang nabalitaan na sila'y kanilang kalapit bayan, at sila'y naninirahang kasama nila” (Josue 9:3-6, 14-16).

Nakita ng mga Gibeonita na nakatakda na silang mawasak ng mga mananakop na Israelita. Kung kaya gumawa sila ng isang tusong plano upang makaiwas sa pagkawasak na ito. Ang lohika ng plano ay kasing luma ng kasabihang, “Kung hindi mo kayang talunin sila, sumali sa kanila!” Ngunit alam ng mga Gibeonita na ang mga Israelita ay inihanda sa pagsakop at hindi sa pakikipag-alyansa. Kung kaya ang tagumpay ng kanilang plano ay nakabatay sa pandaraya sa mga Israelita sa pagpapaniwalang sila nga ay nakatira malayo sa Lupang Pangako.

Nang ang mga Gibeonita ay lumapit kay Josue, sila at nagsuot ng mga lumang damit at nagdala ng inaamag na pagkain. Dinaya nila si Josue at ang mga lider ng Israel sa paniniwalang sila ay nakikipag-alyansa sa isang napakalayong bansa.

Maraming beses na ang ating mga kaaway ay hindi dumarating sa isang direktang pag-atake sa harap. Katulad ng mga Gibeonita, sila ay nagkukunwari na ating mga kaalyado o kaibigan. Maaaring gugustuhin nilang makisali sa atin sa ilang magagandang proyekto, tulad ng sinabi ng mga kaaway ni Juda na gusto nilang tumulong na muling itayo ang templo sa Ezra kabanata 4. Baka gustuhin pa nilang sumali sa grupo natin, gaya ng babaeng inalihan ng demonyo na sumunod kila Pablo paikot sa lungsod ng Filipos. Tila mayroon pa nga siyang napakagandang mensahe nang patuloy siyang nangangaral sa mga tao na “Ang mga taong ito ay mga alipin ng Kataas-taasang Diyos, na nagpapahayag sa inyo ng daan ng kaligtasan” sa Gawa 16:17. Binalaan tayo ni Apostol Pablo sa 2 Corinto 11:14 na kahit si Satanas minsan ay binabago ang sarili upang magpanggap na anghel ng kaliwanagan!

Minsan ang mga tao ay umaako na “tulungan” ang isang simbahan nang kanilang mga talento at kaperahan, ngunit ang tunay nilang mga motibo ay napakasama. May mga hindi

makadiyos na kabataang lalaki na umaaktong tulad ng mga Kristiyano hanggang sa mapangasawa nila ang nagugustuhan nilang dalagang Kristiyano. May mga nakita pa nga akong mga tao na sumusubok sumali sa mabubuting ministeryo, na mga nagpopropesiya at nagmumukhang "espirituwal". Gayunpaman, sila ay may masamang espiritu na nagsisikap na makapasok at kontrolin ang gawain ng Diyos! Kailangan natin ng hustong pag-iingat sa mga alyansa na ating ginagawa, dahil ang mga impluwensiyang ito ay makatutulong sa atin alinman sa maabot ang ating tunguhin o magkulang sa plano ng Diyos para sa ating buhay at ministeryo.

Ang dahilan ng kabiguang ito ni Josue at ng mga lider ng Israel ay nakatala sa talata 14: "Kinuha ng mga tao sa Israel ang kanilang baon, at hindi humingi ng payo sa PANGINOON." Hindi sila sumangguni sa Panginoon upang makuha ang Kanyang pagpatnubay tungkol sa pakikipag-alyansang iminungkahi ng mga Gibeonita. Bilang resulta, sila ay nakipagtipan sa pangalan ng Panginoon, para lang matuklasan kinalaunan na sila ay nalinlang!

Napakaimportate na matutunan nating makinig sa Panginoon tungkol sa mga alyansa, kontrata, at panunumpa na iniisip nating gawin. Ang ating kaalaman sa mga katotohanan at motibo ay madalas na napakalimitado lamang. Ang tanging paraan na maiwasan nating makagawa ng nakakapaminsalang mga pagkakamali ay ang makinig sa kung ano ang gustong sabihin sa atin ng Panginoon tungkol sa mga sitwasyon na ito.

Sa sandaling nagawa na natin ang mga pagtatalaga na ito ay hindi na natin basta masasabi na "ito ay isang pagkakamali," sirain ang ating kontrata, at umalis nang malaya (Mang. 5:4-6, Aw. 15:4). Ang karamihan sa mga alyansa at mga kontrata ay mga sumpaan na dapat sundin. Halimbawa, ang sumpa sa kalagayan ng isang tipan ng pagpapakasal ay pagtatali hanggang kamatayan.

Nang matuklasan ng mga Israelita na sila ay dinaya sa kanilang pakikipag-alyansa sa mga Gibeonita, ay gusto nilang patayin ng mga ito. Gayunpaman, kinilala ni Josue at ng mga lider ng Israel na hindi nila maaaring sirain ang tipan na ginawa nila sa kanila sa pangalan ng Panginoon. Hinawakan ng Diyos ang mga Israelita sa kanilang sinumpaan, kahit pa nang sinubukan ni Haring Saul na burahin ang mga Gibeonita halos 400 taon ang makalipas. Mababasa natin sa 2 Samuel 21:1-2 "Samantala, nagkaroon ng taggutom sa mga araw ni David, taun-taon sa loob ng tatlong taon; at nag-usisa si David sa PANGINOON. At sinabi ng PANGINOON, "May pagkakasala kay Saul at sa kanyang sambahayan, sapagkat kanyang ipinapatay ang mga Gibeonita." Kaya't tinawag ng hari ang mga Gibeonita. Ang mga Gibeonita ay hindi mga anak ni Israel, kundi mula sa nalabi sa mga Amoreo. Bagaman ang mga anak ni Israel ay sumumpang iligtas sila, pinagsikapan ni Saul na patayin sila dahil sa kanyang sigasig para sa bayan ng Israel at Juda."

Ang pakikipagtipan na ginawa ni Josue at ng mga lider ng Israel sa mga Gibeonita ay walang karunungan. Sa katunayan, ito ay direktang paglabag sa kautusan ng Exodo 23:32. Binalaan ni Moises ang mga Israelita na huwag gumawa ng anumang pakikipagtipan sa mga naninirahan sa lupain. Minsan lang itong ginawa, gayunman, ito ay isa pa ring pagtatali. Nang sinubukan ni Haring Saul na ito ay sirain makaraan ang 400 taon, ito ay nagdulot ng kahatulan sa bansa noong panahon ng paghahari ni David. Ipinapakita din nito sa atin na ang isang tipan na sinira ng isang lider ay maaaring magdala ng kaguluhan sa susunod na mamumuno. Ang isang

pastor ay maaaring magkaroon ng isang suliranin sa iglesya dahil sa pagsuway ng naunang pastor.

Kung kaya pinanatili ni Josue at ng mga lider ng Israel ang kanilang pakikipagtipan sa mga Gibeonita at hinayaan silang mabuhay. Sila ay naging alipin ng Israel, at sa isang pananaw ang tipan ay naging kapakinabangan sa Israel. Magkagayunman, hindi nagtagal ay makikita natin na ang kompromisong ito ay nagbukas ng maraming iba pang katulad na mga kompromiso na kinalaunan ay nagdala ng kapahamakan sa bansa.

## Kabanata 10: Pagsakop sa Timog ng Canaan

Sa Jerico at Ai na nasakop at ang Gibeonita bilang mga alipin, ang mga Israelita ay epektibo ngang nakarating sa kabilang ibayo ng gitnang bahagi ng Canaan upang hatiin ang lupain. Ito ay mabubuting taktikang militar, subalit nakapagdulot ito ng matinding alarma sa mga natitirang Cananeo. Mababasa natin, "Kaya't si Adonizedek na hari ng Jerusalem ay nagsugo kay Oham na hari ng Hebron, at kay Piram na hari ng Jarmut, at kay Jafia na hari ng Lakish, at kay Debir na hari ng Eglon na ipinasasabi, "Pumarito kayo at tulungan ninyo ako, at patayin natin ang Gibeon, sapagkat ito ay nakipagpayapaan kay Josue at sa mga anak ni Israel" (Josue 10:3-4).

Nang inatake ng mga haring ito ang Gibeon, si Josue ay pinakiusapan na pumunta at sagipin sila. At mababasa nga natin, "Kaya't si Josue ay biglang dumating sa kanila; siya'y umahon mula sa Gilgal sa buong magdamag. Nilito sila ng PANGINOON sa harapan ng Israel, at kanyang pinatay sila sa isang kakilakilabot na patayan sa Gibeon, at kanyang hinabol sila sa daang paahon sa Bet-horon at tinugis sila hanggang sa Azeka at sa Makeda. Habang tumatakas sa harapan ng Israel samantalang sila'y pababa sa Bet-horon ay binagsakan sila ng PANGINOON sa Azeka ng malalaking bato mula sa langit at sila'y namatay. Higit na marami ang namatay sa pamamagitan ng mga batong granizo kaysa pinatay ng mga anak ni Israel sa pamamagitan ng tabak. Nang magkagayo'y nagsalita si Josue sa PANGINOON nang araw na ibinigay ng PANGINOON ang mga Amoreo sa harapan ng mga anak ni Israel; at kanyang sinabi sa paningin ng Israel, "Araw, tumigil ka sa Gibeon; at ikaw, Buwan, sa libis ng Aijalon." At ang araw ay tumigil at ang buwan ay huminto, hanggang sa ang bansa ay nakapaghiganti sa kanyang mga kaaway. Hindi ba ito'y nakasulat sa aklat ni Jaser? Ang araw ay tumigil sa gitna ng langit, at hindi nagmadaling lumubog sa isang buong araw. At hindi nagkaroon ng araw na gaya niyon bago noon o pagkatapos noon, na ang PANGINOON ay nakinig sa tinig ng isang tao; sapagkat ipinakipaglaban ng PANGINOON ang Israel. At bumalik si Josue kasama ang buong Israel sa kampo sa Gilgal" (Jos.10:9-15).

Dito ay mababasa natin kung paano nakipaglaban ang Panginoon para sa Israel upang bigyan sila ng kahanga-hangang tagumpay. Habang umaatras ang hukbo ng kaaway, isang napakalakas na niyebeng ulan ang pumatay sa marami. Kinilala ng Diyos ang propetikong pahayag ni Josue para sa araw na humaba upang ang mga tumatakas na kaaway ay hindi makaligtas. Dito ay makikita natin si Josue na nakatayo ng matuwid sa kalakasan ng Panginoon. Siya ay hindi na tagapaglingkod lang ni Moises o isang bago at mahiyaing lider. Dito ay

makikita natin si Josue bilang isang dakilang lalaki ng pananampalataya, bilang isang propeta na inutusan kahit pa araw at buwan!

Sa simula at katapusan ng salaysay na ito ay makikita natin ang mahalagang susi na makatutulong para sa atin na maunawaan kung paano nakuha ng mga Israelita ang mga matitinding tagumpay. Sila ay nagmartsa mula sa Gilgal at bumalik doon pagkatapos ng kanilang mga pakikipaglaban. Sa kabanatang ito ay tunay na makikita natin ng limang beses na ang Gilgal ay binanggit.

Habang ang Gilgal ang base ng kanilang mga operasyon, ang katotohanang espirituwal na binibigyang-diin ng lugar na ito ay mahalagang maalala natin. Sa Gilgal kung saan ang mga Israelita ay tinuli. Ito ay tumutukoy sa gawain ng pagpapaging-banal na nakumpleto nang sila ay makatawid sa Jordan at makapasok sa Lupang Pangako. Ito ay habang ang mga Israelita ay nananatiling malapit sa Gilgal na nagagawa nilang magpatuloy at kamtan ang matitinding tagumpay laban sa kanilang mga kaaway. Sa parehong paraan, ito ay kapag nagkaroon tayo ng karanasan at nagpapatuloy din na manatili sa nagpapaging-banal na biyaya ng Diyos na makikita natin ang ating mga kaaway na babagsak sa ating harapan.

Matapos talunin ng Israel ang pagsasanib na ito, mababasa natin sa talatang 21, “walang sinumang nangahas magsalita laban sa sinumang Israelita.” Ang pagkatakot sa Diyos ay bumagsak sa buong kanayunan, at walang nakikipaglaban o kahit pumuna man lang sa mga Israelita. Kailangan din nating makita ang ganitong mga pagtatagumpay habang sinisikap nating sakupin ang sarili nating mana: “Walang sandata na ginawa laban sa iyo ang magtatagumpay, at bawat dila na babangon laban sa iyo sa kahatulan, ay iyong hahatulan. Ito ang mana ng mga lingkod ng PANGINOON, at ang pagiging matuwid nila ay mula sa akin, sabi ng PANGINOON” (Is.54:17). Habang may natitira pa ring mga lugar sa timog na kailangang wasakin, sinira na ni Josue ang lakas ng kaaway sa panahong ito ng pangkatapusang digmaan.

Tinapos ni Josue ang kanyang pagtalo sa kaaway na mga hari sa mga sumusunod na seremonya: “Ipinatawag ni Josue ang lahat ng lalaki sa Israel at sinabi sa mga pinuno ng mga lalaking mandirigma na sumama sa kanya, “Lumapit kayo, ilagay ninyo ang inyong mga paa sa mga leeg ng mga haring ito.” At sila'y lumapit at inilagay ang kanilang mga paa sa kanilang mga leeg. At sinabi ni Josue sa kanila, “Huwag kayong matakot ni mabagabag; kayo'y magpakalakas at magpakatapang, sapagkat ganito ang gagawin ng Panginoon sa lahat ninyong mga kaaway na inyong nilalabanan.” Pagkatapos ay pinatay sila ni Josue at ibinitin sila sa limang punungkahoy. Sila'y ibinitin sa mga punungkahoy hanggang sa kinahapunan” (Jos.10:24-26).

Ang unang seremonya ng tagumpay na naitala dito ay ng ipinapatong ni Josue sa kanyang mga tagapangulo ng hukbo ang kanilang mga paa sa leeg ng limang hari na kanilang natalo. Ito ay upang turuan ang kanyang mga pinuno kung paano sila nagbabahagi ng kapangyarihan at tagumpay laban sa kaaway. Ito ay propetiko din sa kung ano ang maaari nating maranasan sa mas matinding paraan sa panahon ng Bagong Tipan.

Si Josue ay isang tipo ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na bilang Pinuno ng hukbo ng Panginoon ay tinalo si Satanas. Sa krus ay dinurog Niya ang ulo ng ahas upang tuparin ang mesiyanikong propesiya na naitala sa Genesis 3:15. Bukod dito, itinakda na ng Panginoong Jesus na tayo ay makikibahagi sa tagumpay na iyon. Sa Roma 16:20 mababasa natin, “At si Satanas ay

dudurugin ng Diyos ng kapayapaan sa madaling panahon sa ilalim ng inyong mga paa." Gaya ng pinagawa ni Josue sa lahat ng kanyang mga pinuno ng hukbo na pagpatong ng kanilang mga paa sa mga natalo nilang hari, gagawin ng Panginoon na ating dudurugin ang mga pamunuan at mga kapangyarihan ni Satanas sa ilalim ng ating mga paa.

Ang isang halimbawa nito ay nangyari noong isang beses na nangaral ako sa isang bansang Hindu. Nanaginip ako na dumating ang isang baka upang atakihin ako. Ang baka ay pinararangalan bilang isa sa mga dakilang diyos ng Hindu at kumakatawan sa isang pamunuan sa bansang iyon. Sa panaginip ang baka na ito ay dumating upang atakihin ako at pagkatapos ay kinagat ang aking paa. Pinipilit niyang tanggalin ang sapatos ko at nguyain ito. Ito ay tila isang kahangalan hanggang sa maalala natin ang sinasabi sa atin ng Efeso 6:15 na bahagi ng ating espirituwal na baluti ay ang pagkakaroon ng ating mga paa ng panyapak (o karapat-dapat) sa paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan. Sinisikap ng baka na ito na kunin ang aking paghahanda upang maging isang tagapangaral ng ebanghelyo sa bansang iyon ng Hindu. Nagising ako mula sa espirituwal na pag-atake na ito at nanalangin ng halos isang oras hanggang sa makaramdam ako ng tagumpay sa aking espiritu. At ng muli akong nahiga upang makabalik sa pagtulog, kaagad ang baka ay nandoon at naghihintay na ako ay atakihin at kagating muli ang mga sapatos ko. Ngunit sa lakas na taglay ko sa pamamagitan ng panalangin, sa kanyang muling paglapit upang kagatin ang aking mga paa, ay itinaas ko ang aking mga paa at dinurog ang kanyang ulo.

Pagkaraan ng ilang araw ay nakita ko ang panlabas na katibayan ng labanan na ito. Ang mga kapangyarihan ng kadiliman ay napakalakas sa lugar na ito at ito ay labag sa batas na akayin ang sinuman sa Kristiyanismo. Kami ay magkakaroon ng isang seminar para sa halos mahigit 400 na mga pastor sa isang napalaking lungsod doon. Ang lokal na tagapag-ugnay ng seminar sa hindi inaasahan ay gumawa ng napakalaking bandila para sa seminar at inilagay ito sa pangunahing daanan ng lungsod. Sa panahon ng seminar ang hepe ng pulisya ay dumating upang bisitahin kami. Galit na galit siya at ipinagdidiinan, "Ano ang ginagawa mo dito sa lungsod ko? Hindi mo magagawa ito! Maaari kong bawiin ang bisa sa iyong pasaporte! Babalik ako ngayong hapon!" Ito ang pag-atake ng diyos na "baka" na nagnanais na alisin ako mula sa Hindung bansa na iyon. Ang labanan ay tunay na tunay, higit pa sa isang panaginip! Ngunit habang kami ay nananalangin at kinuha ang kapangyarihan laban kay Satanas, ang naging resulta ay hindi na bumalik pa ang hepe ng pulisya upang guluhin kami. Nagpatuloy kami sa pagkakaroon ng marami pang mga tagumpay sa seminar at sa panahon ng aming pagbibiyahe, ngunit ito ay dahil sa ating mas Dakila kaysa kay Josue na binigyan kami ng kapangyarihan na apakan ang haring "baka" na ito.

Ang ikalawang seremonya ng tagumpay na ating mababasa ay tungkol sa pagkakabitay (o pagkakapako) sa mga puno ng mga kaaway na hari ni Josue pagkatapos niya silang patayin. Muli, ito ay isa pang simbolo ng tagumpay ng krus, kung saan ang mga kapamahalaan ng mga masasamang hari na ito ay nasira sa kanilang mga lungsod. Oo, tatalunin ng Panginoong Jesus ang lahat ng mga kaaway, at gagawin na ang Kanyang mga lingkod ay makibahagi sa Kanyang tagumpay. Ngunit higit pa rito, ang matinding tagumpay ng krus ay ipahahayag nang paulit-ulit

sa lahat ng mga lungsod at bansa ng mundong ito, hanggang sa araw na si Cristo ay babalik upang itatag ang Kanyang kaharian na maghahari sa buong mundo!

Sinundan ni Josue ang mahigpit na labanang ito sa pamamagitan ng pagdadala sa kanyang mga pangkat sa isang kampanya patungo sa timog ng Lupang Pangako. Sa Makeda, Libna, Lakis, Eglon, Hebron at Debir ay mabilis na nasakop ng mga Israelita ang mga pangunahing hukbo at lungsod ng lupain. Sa pagtatapos ng kabanata ay mababasa natin sa mga talata 40-43, "Ganito ginapi ni Josue ang buong lupain, ang lupaing maburol, at ang Negeb, at ang mababang lupain, at ang mga libis, at ang lahat ng mga hari niyon. Wala siyang itinira, kundi kanyang lubos na nilipol ang lahat na humihinga, gaya ng iniutos ng PANGINOONG Diyos ng Israel. At ginapi sila ni Josue mula sa Kadesh-barnea hanggang sa Gaza, at ang buong lupain ng Goshen, hanggang sa Gibeon. At ang lahat ng mga haring ito at ang kanilang lupain ay sinakop ni Josue sa isang panahon sapagkat ang Israel ay ipinaglaban ng PANGINOONG Diyos ng Israel. At si Josue at ang buong Israel na kasama niya ay bumalik sa kampo sa Gilgal."

## Kabanata 11: Pagsakop ng Hilagang Canaan

Sa pamamagitan ng mga tagumpay na ito ay nasakop ng mga Israelita ang timog na bahagi ng Canaan. Ngunit napalakas naman nito ang mga Cananeo sa hilagang kalahati ng bansa upang mabilis na pagsamahin ang kanilang puwersa sa isang napakalaking hukbo na inaasahan nilang tatalunin ang mga Israelita. Mababasa natin, "Nang mabalitaan ito ni Jabin na hari sa Hazor, siya'y nagpasugo kay Jobab na hari sa Madon, at sa hari sa Simron, at sa hari sa Acsaf, at sa mga hari na nasa hilaga, sa lupaing maburol, at sa Araba sa timog ng Cinerot at sa mababang lupain, at sa mga kaitaasan ng Dor sa kanluran, sa Cananeo sa silangan at kanluran, sa Amoreo, sa Heteo, sa Perezeo, sa Jebuseo sa lupaing maburol, at sa Heveo sa ibaba ng Hermon, sa lupain ng Mizpa. At sila'y lumabas, kasama ang kanilang mga hukbo, napakaraming tao na gaya ng mga buhangin na nasa baybayin ng dagat sa dami, na may napakaraming kabayo at karwahe. Pinagsama-sama ng mga haring ito ang kanilang mga hukbo at dumating at sama-samang nagkampo sa tubig ng Merom upang labanan ang Israel" (Josue 11:1-5).

Sa pagkakaalam ng kanilang panganib, kumilos ang hari ng Hazor laban sa mga Israelita. Ang hazor ang may pinakamalaking lungsod sa hilaga na may populayon ng halos 40,000 katao nang mga panahong iyon. Ang lungsod ay nasa sangandaan din ng dalawang pangunahing daanan, na nagbigay ng karagdagang impluwensiya sa ekonomiya at militar. Ang hari ng Hazor ay nakapagtipon ng isang napakaraming hukbo na may mga karwahe upang sindakin ang maliit na hukbo ng Israel. Ngunit dahil sa ipinangakong tulong ng Diyos, ay buong tapang silang sinalakay at tinalo ng hukbo ni Josue sa ikalawang pagsasanib na ito. Mababasa natin, "Kaya't biglang dumating sa kanila si Josue at ang lahat niyang mga mandirigma sa tabi ng tubig ng Merom, at sinalakay sila. Ibinigay sila ng PANGINOON sa kamay ng Israel, at kanilang pinuksa at hinabol sila hanggang sa malaking Sidon, at hanggang sa Misrefot-maim, at hanggang sa libis ng Mizpa, sa dakong silangan at pinatay nila sila hanggang sa wala silang iniwan sa kanila na nalabi" (Jos.11:7-8). Muli ay sinundan ni Josue ang tagumpay na ito sa pamamagitan ng pagwasak sa mga pangunahing lungsod sa hilaga.

“Nang panahong iyon dumating si Josue at pinuksa ang mga Anakim… Walang naiwan sa mga Anakim sa lupain ng mga anak ni Israel; tanging sa Gaza, Gat, at sa Asdod lamang siya nag-iwan ng iilan” (Jos.11:21-22). Sa pagsakop ng mga Israelita sa lupain, mababasa din natin na pinatay nila ang lahat ng mga higante (ang mga Anakim) na nasa Canaan. Ang mga higanteng ito ay kumakatawan sa mga kapangyarihan ng demonyo na naghahari sa lupain. Gaya ng sinabi ng ating Panginoon Jesus tungkol sa paksang ito Mateo 12:29, “O paano bang makakapasok ang sinuman sa bahay ng malakas na tao at nakawin ang mga ari-arian nito, kung hindi muna gagapusin ang malakas na tao? At saka pa lamang niya mapagnanakawan ang bahay nito.” Ang mga higante at mga hari ay kailangan munang bumaba bago makuha ng mga Israelita ang lupain at makapamuhay nang mapayapa.

Ang mga higante na nananatili pa rin sa tatlong Filisteong lungsod ng Gaza, Gat at Asdod kalaunan ay naging isang problema para sa mga Israelita. Halos mga apat na siglo ang nakalipas, isa sa mga higante mula sa Gat ang nanguna sa hukbo ng mga Filisteo nang sumalungat sila kay Saul at sa kaharian nito. Si David ang pumatay sa higanteng ito, si Goliat, at muling nagdala sa mga Israelita sa tagumpay. Maraming iba pang mga sundalo ni David ang pumatay sa mga huling higante na binanggit sa Bibliya (1 Cron.20:4-8).

Sa pagbubuod ng lahat ng mga labanan kung saan ay kinontrol ng Israel ang Lupang Pangako, mababasa natin, “Si Josue ay matagal na panahong nakipagdigmaan sa lahat ng mga haring iyon. Walang bayang nakipagpayapaan sa mga anak ni Israel, maliban sa mga Heveo na mga taga-Gibeon; kanilang kinuhang lahat sa pakikipaglaban. Sapagkat pinapagmatigas ng PANGINOON ang kanilang puso upang pumaroon laban sa Israel sa pakikipaglaban, upang kanilang mapuksa silang lubos, at huwag silang magtamo ng biyaya, kundi kanyang mapuksa sila, gaya nang iniutos ng PANGINOON kay Moises” (Jos.11:18-20).

Ito ay kalooban ng Diyos na ang lahat ng dating mga naninirahan sa Lupang Pangako ay lubusang mawasak. Habang ang ilang mga tao ay maaaring isipin na ito ay isang napakalupit para sa isang mapagmahal na Diyos na gawin, dapat din nating tandaan na Siya ay isang Banal na Diyos na isang tumutupok na apoy (Heb. 12:29). Ang mga taong naninirahan sa Canaan ay sinira ang kanilang mga sarili sa iba’t ibang anyo ng idolatriya, kasamaan, at sekswal na kalisyaan. Ang mga templo ng pagano ay napuno ng prostitusyon. Ito’y karaniwan para sa bawat pamilya na ialay ang kanilang panganay na anak na lalaki bilang isang handog na tao sa kanilang mga diyus-diyusan. Ang tanging paraan na ang mga Israelita ay maingatan mula sa mga karumihang ito ay sirain ng lubusan ang mga dating naninirahan doon.

Mga halos 500 taon bago ito, nang si Abraham ay naglakbay sa Canaan, mayroon pang kaalaman ng Diyos noon na nananatili sa mga inapo ni Noe. Si Melquisedec, ang saserdote ng Diyos ang namuno sa Jerusalem (Gen.14:18). Si Job at ang kanyang mga kaibigan ay nakatira sa mga kalapit na lugar. Ang Panginoon ay nangusap kay Abraham na ibibigay Niya ang lupain sa mga inapo ni Abraham, ngunit pagkatapos lamang na mailaan nila ang apat na daang mga taon sa Ehipto (Gen. 15:13). Sinabi ng Diyos kay Abraham na ang dahilan ng pagkaantala ay, “sapagkat hindi pa nalulubos ang kasamaan ng mga Amoreo” (Gen. 15:16). Ang mga naninirahan sa Canaan ay hindi pa ganap na nararapat sa paghatol na darating sa kanila nang si Josue at ang kanyang hukbo ay pumasok upang sakupin ang lupain. Makikita natin mula dito na

tayo ay naglilingkod sa isang matiyaga at matiising Diyos, ngunit Siya rin ay isang matuwid na Hukom. Itatama Niya ang lahat ng mga pagkakamali. Gayunpaman, napakahalaga na magkaroon tayo ng balanseng mga espiritu upang hindi tayo magmadali at susubukang itama ang isang maling sitwasyon bago ang panahon ng Diyos. Tayo ay pinayuhan sa 1 Cor. 4:5, "Kaya't huwag muna kayong humatol ng anuman nang wala pa sa panahon, hanggang sa dumating ang Panginoon." Ngunit nang ito ay naging panahon na ng Diyos, wala ng makatayo sa harapan ni Josue at ng Kanyang hukbo habang sila ay patungo sa lupain.

Sa huling talata ng kabanatang ito ay sinabi sa atin, "Kaya't sinakop ni Josue ang buong lupain ayon sa lahat ng sinabi ng PANGINOON kay Moises; at ibinigay ito ni Josue bilang pamana sa Israel, ayon sa kanilang pagkakabahagi sang-ayon sa kanilang mga lipi. At ang lupain ay nagpahinga sa pakikipagdigma" (Josh.11:23). Sa pagtatapos ng kabanata labing-isa, ay nasakop ng Israel ang lupain. Ito ay tumagal ng halos pitong taon bago naisakatuparan. Marami pa rin ang mga puwersang pandigma ng mga Cananeo na namumuhay ng kalat-kalat sa buong lupain, ngunit ang lahat ng kanilang puwersang militar ay gumuho na. Ang mga Israelita ay nakahanda nang pumasok sa kapahingahan.

Sa kabilang panig ng Jordan ang mga Israelita ay sinabihan ni Moises, "sapagkat hindi pa kayo nakakarating sa kapahingahan at sa pamana na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON ninyong Diyos" (Deut.12:9). Marami sa mga kasulatan sa Lumang Tipan ay sinabihan sila na ang pananahan sa kapayapaan sa Lupang Pangako ay magiging dahilan para sa kanila na pumasok sa kapahingahan at makuha ang kanilang mana. (Deut.12:10, Deut.25:19, Josue 1:15).

Itinatampok ni Apostol Pablo ang temang ito sa Aklat ng Hebreo. Ipinapaalala niya sa atin na ang masuwaying henerasyon na lumisan sa Ehipto sa ilalim ni Moises ay nabigong pumasok sa kapahingahang ito: "Ngunit kanino siya galit nang apatnapung taon? Hindi ba sa mga nagkasala, na ang mga katawan ay nabuwal sa ilang? At kanino siya sumumpa na hindi sila makakapasok sa kanyang kapahingahan, kung hindi sa mga sumuway? Kaya't nakikita natin na sila'y hindi nakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya" (Heb.3:16-19).

Ang sumunod na kabanata ng Hebreo ay nagsasabi sa atin na ang Kristiyano sa Bagong Tipan ay binigyan din ng parehong pangako ng pagpasok sa kapahingahan: "Kaya't habang nananatiling bukas ang pangakong makapasok sa kanyang kapahingahan, mag-ingat tayo na baka sinuman sa inyo ay hindi makaabot doon. Sapagkat dumating sa atin ang magandang balita, gaya rin naman sa kanila, ngunit hindi nila pinakinabangan ang pangangaral na narinig nila, sapagkat hindi sila naging kalakip sa pamamagitan ng pananampalataya ng mga taong nakarinig. Sapagkat tayong sumasampalataya ay pumapasok sa kapahingahang iyon… Kaya't may natitira pang isang pamamahingang Sabbath para sa bayan ng Diyos. Sapagkat ang pumasok sa kanyang kapahingahan ay nagpahinga rin sa kanyang mga gawa, gaya ng Diyos sa kanyang mga gawa" (Heb.4:1-3, 9-10). Inalok ng Panginoon ang bawat isa sa atin ng ating sariling pamana kay Cristo kung saan tayo ay kailangang tumigil mula sa ating sariling mga patay na gawa. Sa halip, ito ay ang buhay at ministeryo ni Cristo na kailangang maipahayag sa pamamagitan ng ating mga buhay! Ito ang katuparan ng nabasa natin sa Galacia 2:20, "Ako'y ipinakong kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa

Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng kanyang sarili dahil sa akin." Ang mamuhay dito sa "ipinagpalit na buhay" ay nagdulot sa atin na magpahinga mula sa ating sariling mga pakikipagbaka at alitan, upang mabuhay sa masaganang buhay ni Cristo sa "ipinangakong lupain" ng kaharian ng Diyos.

## Kabanata 12: Ang Listahan ng mga Nasakop na Hari

"Ang mga ito ang mga hari sa lupain na pinatay ng mga anak ni Israel, at inangkin ang kanilang lupain" (Josue 12:1). Sa pagtatapos ng bahaging ito patungkol sa pagsakop ng Canaan, tayo ay binigyan ng isang listahan ng mga hari na natalo. Pinangunahan ni Moises ang mga Israelita sa tagumpay laban sa dalawang hari sa silangang bahagi ng Jordan, habang si Josue naman ay nilupig ang 31 mga hari sa Lupang Pangako.

Gaya ng nabanggit na natin, ang mga hari na tinalo ni Josue ay isang propetikong larawan. Kinakatawan nila ang mga pamunuan at kapangyarihan sa kalangitan na ibabagsak upang maitatag ang kaharian ng Diyos sa lupa. Tulad ng pagpapahid sa atin ng Diyos upang maging "mga Josue" para sa ating henerasyon, aalisin natin ang mga kapangyarihan ni Satanas na namumuno sa mga lungsod at bansa upang makita ang matinding mga rebaybal sa huling mga araw.

Ang lahat ng mga pagsubok na kinaharap ng mga Israelita sa ilang ay naglalayon na ilantad at harapin ang kasalanan sa kanilang mga puso. Ang henerasyon na pinangunahan ni Moises ay kumakatawan sa lumang maka-Adan na kalikasan ng tao na pinapanatiling masunurin sa pamamagitan ng batas. Gayunpaman, ang henerasyon na ito ay kinailangang mamatay bago makapasok at angkinin ang Lupang Pangako ng bagong henerasyon na pinamunuan ni Josue. Ang "Henerasyong Josue" na ito ay kinailangang tumawid muna sa Jordan (isang uri ng pagkapakong kasama si Cristo) at makaranas ng pagtutuli (o pagpapakabanal). Sa gayon ay handa na silang harapin at lupigin ang mga kaaway sa Canaan.

Ito ay nananatiling parisan para sa mga sundalo ni Cristo upang sundin ngayon. Kailangan nating lupigin ang mga kaaway *sa loob* ng ating mga buhay (ang ating karnal na kalikasan) bago tayo maging handa na lupigin ang mga kaaway *sa labas* ng ating buhay (ang mga kapangyarihan ni Satanas). Sa Juan 14:30 sinabi ng ating Panginoong Jesus, "sapagkat dumarating ang pinuno ng sanlibutan [Satanas]. Siya'y walang kapangyarihan sa akin." Kapag ang kapangyarihan ni Satanas ay hindi makakita ng anumang kasamaan sa ating kalooban na maaari nilang kontrolin, tayo ay makakapamuhay ng matagumpay sa mundong ito, gaya ng ating Panginoon na matagumpay.

Sa pamamagitan ng higit pang pag-aaral tungkol sa mga hari na tinalo ni Josue ay makakakuha tayo ng mga kaalaman para sa espirituwal na digmaan na ating kahaharapin. Ang mga pangalan ng mga lugar na pinamumunuan ng mga hari na ito ay madalas nagpapakita ng kalikasan ng mga pamunuan na ito. Gaya ng sinasabi sa atin ng 1 Samuel 25:25, "sapagkat kung ano ang kanyang pangalan ay gayon siya." Habang ang mga kahulugan ng ilan sa mga pangalan na ito ay hindi na nauunawaan mula sa orihinal nilang wika, ang karamihan ay maaaring mabigyan ng kahulugan sa Ingles. Marami ang maaaring mabigyan ng kahulugan sa maraming

paraan, gaya na lamang ng mga modernong salita na madalas ay maaaring magkaroon ng maraming magkakaibang kahulugan. Isasaalang-alang natin ngayon ang ilang mga pagpapakahulugan na maaaring magkaroon ng isang malinaw na espirituwal na kahalagahan para sa atin ngayon.

Ang mga pangalan ng mga lugar na pinamunuan ng mga hari na ito ay madalas na naghahayag ng masasama nilang kalikasan. Ang isang hari ay namuno sa Acsap. Kapag binigyang kahulugan sa Ingles, siya ay ang "hari ng Pagkabighani" o "hari ng Pangkukulam." Ang kapangyarihan ng pangkukulam at masasamang sumpa ay madalas namumuno sa mga lugar, at ang "hari" o kapangyarihan ni satanas ay dapat munang masira bago maitatatag ng matibay ang kaharian ng Diyos doon.

Ang hari ng Madon sa pagpapakahulugan sa katunayan ay ang "hari ng pag-aaway" ito ay isa pang masamang espiritu na madalas ay may kapangyarihan na apihin ang mga pamilya, mga iglesya, mga lungsod, at kahit ang mga bansa. Tulad ng sinasabi ng Kawikaan 18:19 "ngunit parang mga halang ng isang kastilyo ang pag-aaway." Sino ang namamahala sa kastilyong ito? Ang hari ng Pag-aaway! Ngunit kung ang ating likas na kalikasan ay nakapako sa krus, tayo ay hindi makokontrol ng pag-aaway at alitan. Maaari na nating maibagsak ang prinsipeng ito ng kadiliman at maitatag ang kaharian ni Cristo kung saan Siya namumuno.

Ang hari ng Hepher sa pagpapakahulugan ay ang "hari ng Kahihiyan." Ang unang resulta ng kasalanan ni Adan at Eba ay ang nahiya sila (Gen. 3:7). Ang kahihiyan ay maaaring maging isang napakalakas na puwersa. Ang motibasyon sa pagsisikap na "itago ang mukha" dahil sa kahihiyan ay makakapagdala sa mga tao sa pagpapakamatay at mga bansa sa digmaan. Magkagayunman, ang isang mananampalataya na nakakaalam na walang paghahatol sa sinumang nasa kay Cristo ay ganap na mapagtatagumpayan itong "hari ng Kahihiyan."

Ang lungsod ng Gezer ay nangangahulugang "putulin," at maaaring tumukoy sa kalagayan ng isang tao na may pakiramdam na sila ay tinanggihan ng Diyos. Si Jeremias ay isa sa maraming nakaranas nito nang ipinahayag niya sa Panaghoy 3:54, "aking sinabi, Ako'y nahiwalay." Ngunit habang pinag-aaralan ang parehong salitang Hebreo na ito, natuklasan natin sa Isaias 53:8 na ang ating Panginoong Jesus ay "itiniwalag." Kinuha Niya ang ating kahatulan sa Kanyang Sarili upang ngayon ay ating nang maipahayag na walang makakapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos, Rom.8:38-39.

Ang lungsod ng Debir ay binigyan din ng pangalang Kiryat Sana sa Josue 15:49, na ang ibig sabihin ay "lungsod ng Pagkasira." Ang isa pa sa mga hari na nalupig ni Josue ay namuno sa lungsod ng Horma, na ibig sabihin ay "nakatuon sa pagkawasak." Ang dalawang lungsod na ito ay maaaring magpapaalaala sa atin sa babala ng ating Panginoong Jesus sa Mateo 7:13 na nagsasabing "malapad ang daang patungo sa kapahamakan, at marami ang pumapasok doon."

Ang mga nabanggit na mga lungsod ay lahat espirituwal na tumutukoy sa mga bagay na likas na masama, na kailangang magapi at mawasak. Subalit marami ding mga sitwasyon na hindi kailangang sirain, kundi tubusin. Madalas ang isang lugar o isang sitwasyon ay nabigyan ng isang mabuting pamana ng Diyos na nasira o napasama sa pamamagitan ng puwersa ni satanas na namumuno sa kanila. Sa mga sitwasyong ito, ang mga lugar na ito sa ating "lupang pangako" ay hindi dapat masira, kundi ipanumbalik.

Makikita nating gagana ang prinsipyong ito kapag pinag-aralan natin ang marami sa mga lungsod na nasakop ni Josue. Ang isa sa mga pangunahing lungsod ay ang Hebron, na ang ibig sabihin ay "alyansa." Ang kasaysayan ng Hebron ay nagpapakita sa atin na ito ay isang lungsod ng mga pakikipag-alyansa, sa parehong mabuti at masama. Sa ilalim ng mga Amoreo ito ay bahagi ng masamang alyansa laban kay Josue sa Josue 10:3-5. Ngunit nang nasa ilalim ng kontrol ng matuwid, ito ay ang sentro ng dalawang mabuting alyansa noong si David ay pinahiran sa Hebron bilang hari (2 Sam.2:3-4 at 5:1-4). Pagkatapos kinalaunan ito ay naging sentro ng alyansa ng pagrebelde ni Absalom (2 Sam.15:10). Ang natatanging pamana ng lungsod ng Hebron bilang isang lugar ng pakikipag-alyansa ay ginamit para sa mabuti o masama depende sa kung sino ang may control.

Ang lungsod ng Jerico ay nangangahulugang "lugar ng halimuyak" marahil ay dahil sa mga balsam at henna na yumayabong doon. Sa Bagong Tipan tayo ay binigyan ng isang espirituwal na pagpapakahulugan ng kung ano ang maaaring ipinahihiwatig ng samyo sa 2 Cor. 2:15-16, doon ay mababasa natin, "Sapagkat kami ang mabangong samyo ni Cristo sa Diyos sa mga iniligtas at sa mga napapahamak; sa isa ay samyo mula sa kamatayan tungo sa kamatayan, at sa iba ay samyong mula sa buhay tungo sa buhay."

Kapag pinag-aralan natin ang kasaysayan ng Jerico makikita natin na ito ay talagang isang lugar na humahantong sa kamatayan at buhay. Noong panahon ni Josue ito ay isang lugar ng kamatayan, maliban sa pamilya ni Rahab na nagkaroon ng samyo at buhay ni Cristo. Sa 2 Hari 2:19-22 mababasa natin kung paano kinuha ng propetang si Eliseo ang mga tubig ng kamatayan sa Jerico at pinagaling sila upang gawin itong dako ng buhay. Mababasa din natin sa Lucas 10 kung saan ang Panginoon ay nangusap ng isang talinghaga tungkol sa taong iniwan na halos patay sa daanan patungong Jerico, na mahabaging pinanauli sa buhay.

Ang isa pang lungsod na nasakop ni Josue ay ang Jerusalem, na ibig sabihin ay "mga pundasyon ng kapayapaan" o "pag-aari ng kapayapaan." Una nang nabanggit sa Genesis 14:18 ang lungsod na ito kung saan ay pinangalanan itong Salem, o "kapayapaan." Ito ay orihinal na lugar ng kapayapaan sa ilalim ng matuwid na paghahari ni Melquisedec. Kalaunan ito ay isang lungsod kung saan ang mga Jebuseo ay ikinatuwa ang isang huwad na kapayapaan nang lubos silang nagtiwala ng kanilang kaligtasan lamang bago sila talunin ni David (2 Sam. 5:6-7). Nang sumunod na mga siglo ang lungsod ay madalas nagpapalit-palit sa pagitan ng pagiging isang lugar ng tunay at huwad na kapayapaan. Kapag ang matutuwid na mga hari at ang pagsamba sa Diyos ay nasa Jerusalem, ito ay iniingatan at pinagpapala ng Diyos ng kapayapaan (Aw. 122:6-7). Subalit, ang mga masasamang tagapamuno at mga bulaang propeta ay madalas magpahayag ng isang huwad na kapayapaan para sa Jerusalem bagaman ang digmaan ay malapit ng bumagsak (Jer.6:6, 13-14, Ezek.13:16). Tanging sa darating na milenyo lamang ito makakapasok ng tuluyan sa isang propetikong katuparan ng kanyang pangalan kapag ang Prinsipe ng Kapayapaan na ang mamahala sa mundo mula sa Jerusalem (Is. 2:1-4).

Ang prinsipyong ito ng isang espirituwal na pamana na ginagamit sa parehong mabuti at masama ay makikita rin sa lungsod ng Efeso ng Bagong Tipan. Bilang lungsod kapitolyo ng Asya Minor, hinahawakan nito ang pinakamataas na posisyon ng pamumuno. Ang pamumunong ito ay makikita rin sa espirituwal na kaharian, dahil ang lungsod ang dakilang pandaigdigang

sentro ng pagsamba kay Diana, ang inang-diyosa (Gawa 19:23-34). Ang nahulog na anghel ng prinsipalidad na namumuno sa Efeso ay ginamit ang posisyon ng lungsod sa pamunuan upang tulungan na masira ang buong Imperyo ng Roma sa pagsamba sa inang-diyosa.

Sa panahon ng rebaybal sa Bagong Tipan, ang “balabal ng pamumuno” ng lungsod ay tinubos upang magamit sa isang makadiyos na paraan. Nang maitatag ni Pablo ang isang malakas na iglesya doon, ito ay naging isang inang iglesya para sa maraming mga iglesya sa buong lalawigan (Gawa 19:10 at Pah. 1:11). Ang kapangyarihan ng huwad na relihiyon at ang pagsamba sa inang-diyosa ay malakas na naibagsak (Gawa 19:17-20, 24-27). Tinanggap ng iglesya ang Sulat sa mga taga-Efeso, na pinamagatang “ang Reyna ng mga Sulat” ng pandaigdigang Iglesya. Sa isang panahon ang iglesya sa Efeso ay naging isang pinuno o isang espirituwal na ina para sa mga iglesya sa Bagong Tipan.

Gayunpaman, habang dahan-dahang nawawala ang unang pag-ibig ng mga banal sa Efeso, ang iglesya ay naging mahina espirituwal (Pah. 2:1-5). Sa gayon, ang sinaunang masamang pamunuan ng inang-diyosa ay bumalik upang muling bawiin ang espirituwal na kontrol. Ang posisyon ng paggalang at pamumuno na kilala sa lungsod sa loob ng maraming siglo ay bumalik muli sa masasamang layunin. Noong taong 431 A.D. ang tumalikod na iglesya ng Imperyong Roma ay nagsagawa ng malaking pagtitipon ng konseho sa Efeso. Dito ang mga lider ng Simbahang Romano ay bumoto upang gawing opisyal sa doktrina ng iglesya na si Maria ay bigyan ng titulong “Ang Ina ng Diyos” at ibilang na karapat-dapat sambahin. Sa mga panahong ito ang bumagsak na pamunuan na nagpakalat sa pagsamba sa isang paganong inang-diyosa mula sa Efeso ay muling nabawi ang kontrol sa pamamagitan ng tumalikod na iglesya. Muli nitong sinira ang mga bansa, lamang sa mga pagkakataong ito ay sa pagsamba sa isang “Kristiyano” na inang-diyosa. Sa pag-aaral na ito ay makikita natin ang isang halimbawa ng isang espirituwal na pamana na ibinigay sa isang lungsod (Efeso) na ginamit ng mga nahulog na anghel ni Satanas para sa kasamaan hanggang sa ang iglesya sa rebaybal ay muling bawiin ng tuluyan ang espirituwal na mana. Makikita rin natin kung paanong ang pagpapala ay muling maaaring masira at magamit sa kasamaan kung hindi mapanatili ng bayan ng Diyos ang kanilang mana.

Ang lungsod ng Antipolo kung saan ako nakatira ay isang modernong halimbawa ng pagbawi ng espirituwal na pamana nito. Nakaupo ito sa mga burol na tinatanaw ang Maynila, ang kapitolyo ng Pilipinas. Ito rin sa espirituwal ay isang “mataas na dako” sa Maynila, at sa loob ng maraming siglo ay naging sentro ng isang peregrinasyon at lugar ng maraming dambana, pamamahinga at mga relihiyosong grupo ng espiritista.

Noong 1992 ay binigyan ako ng Panginoon ng isang pangitain tungkol sa lungsod habang ako ay nananalangin. Una kong nakita ang karamihan sa mga tao na sa maraming henerasyon ay naglalakad sa kalsada sa bawat taon para sa peregrinasyon sa Antipolo. Pagkatapos ay nagsimulang mangusap sa akin ang Panginoon mula sa Isaias 2:2-3 ng kung paano itataas ng Panginoon ang Kanyang Iglesya higit sa mga huwad na relihiyon. Sumunod na nakita ko nang lumipat ang pangitain na ang karamihan ay hindi na naglalakad paakyat sa Antipolo para sa pagpapala ng huwad na relihiyon, kundi ang maraming mga tao at mga bansa ay pupunta sa

tunay na Iglesya sa Antipolo para sa katuruan at patnubay. Batay sa pangitain na iyon naramdaman ko na marapat naming itatag ang punong tanggapan ng aming misyon sa Antipolo.

Sa nagdaang dekada nakita ko na tinutupad ng Panginoon ang pangitain na iyon. Marami ang hindi na naglalakad sa aming lungsod para sa taunang peregrinasyon. Isang maliit na bahagi na lamang ng mga ito ang pumupunta sa mas madaling pamamaraan ng mga bus at kotse. Gayunpaman, nagkaroon na ng isang malaking konsentrasyon ng mga paaralang Bibliya, mga organisasyon ng iba't ibang iglesya, at mga simbahang kristiyano na bumabangon sa lugar. Ang ministeryo ng organisasyon na aking pinamamahalaan ay naging bahagi ng ginagawa ng Panginoon sa aming lungsod, gaya ng sa pamamagitan ng aming mga paaralang Bibliya, publikasyon, at mga seminar ay tinutulungan naming sanayin ang libu-libong mga Kristiyanong Lider ng Asya mula sa aming tanggapan sa Antipolo. Ang isa pang tagumpay na nakamit namin mga isang taon na ang nakalilipas ay nang maraming mga lokal na simbahan ang nagtipon para sa isang malawakang pagtitipon sa bulwagan ng lungsod kasama ang kanilang mga pastor at ang gobernador ng aming lalawigan. Ang Gobernador ay nanalangin at inihandog ang Antipolo at ang buong lalawigan sa Panginoong Jesu-Cristo. Ang Katawan ni Cristo sa Antipolo ay muling binabawi para sa kaharian ng Diyos ang posisyon ng espirituwal na pamumuno na naging pamana ng lungsod, purihin ang Panginoon!

Kaya habang tinitingnan natin ang mga halimbawang ito, makikita natin ang isang prinsipyo ng pamana na maaari ring magamit hindi lamang sa mga lungsod, kundi gayundin din sa mga pamilya, mga iglesya, mga bansa, at mga indibidwal. Ang natatangi nilang mga kaloob at mga pagkatawag ay maaaring magamit para sa mabuti o masama depende sa kung sino ang nasa kontrol. Ang mga espesyal na katangian o pamana na ito ay hindi kailangang sirain, kundi tubusin. Tayo ay tutuklas ng mga paraan upang makilala, makuha, at mapanatili ang iba't ibang mga pamana na ito sa karamihan ng natitirang mga pahina ng aklat na ito.

# Kabanata 5

# PAGHAHATI SA LUPAIN

(Josue mga Kabanata 13-22:9)

Sa una at ikalawang bahagi ng aklat ni Josue napansin natin kung paano pumasok ang mga Israelita at sinakop ang Lupang Pangako. Sa ikatlong bahagi na ito ay makikita natin kung paano nahati ang lupain at ibinigay sa iba't ibang mga lipi.

Sa pagtatapos ng Josue kabanata 12 nalupig ng mga Israelita ang lahat ng mga hukbo ng kaaway at nasakop ang lupain. Magkagayunman, ang pagsakop sa lupain ay hindi sapat. Tayong lahat ay maaaring makakuha ng isang bagay, at kailanman ay hindi ito magagamit! Ang layunin ng pamana, pagkatawag, o kaloob ay hindi lamang para makuha ito, kundi upang magamit ito.

Ang isang tagapangaral na Ingles na nakilala ko kamakailan ay nagsabi sa akin ng isang kwento na naglalarawan ng katotohanang ito. Ang kanyang iglesya ay may sinisimulang gawain ilang taon na ang nakalipas upang matulungan ang mahihirap na mga tao sa kanilang komunidad. May isang matandang ginang ang binibigyan ng simbahan ng pagkain at tulong. Habang sinusubukan niyang makakuha ng pensiyon para sa kanya, natuklasan niya na ang tatay pala nito ay naging isa sa pinakamayamang tao sa Inglatera, at isinalin ang lahat ng kayamanan nito sa kanya! Sa pagkaalam nito, hinikayat siya ng aking kaibigan na gamitin ang ilang kaperahan nito para makabili ng isang disenteng na bahay at pagkain para sa kanyang sarili. Sumagot siya, “Ang aking ama ay isang mabuti ngunit mahigpit na tao. Sobrang maingat siya sa pagtatago ng kanyang pera. Ni hindi ko kailanman inisip na galawin ang kanyang pera.” Ang ginang na iyon ay namatay na mahirap at sakitin sa isang mahirap na bahay-gobyerno, kahit na sa katunayan ay isa siya sa pinakamayamang tao sa Inglatera! Hindi siya gumawa ng pagsasalin, at wala na siyang natitirang kamag-anak na nabubuhay, kung kaya nang siya ay namatay ang kanyang kayamanan ay ibinalik sa pag-aari ng gobyerno ng Inglatera. Ito ay isang napakaseryosong halimbawa ng isang tao na nakakuha ng isang malaking pamana, ngunit dahil sa kamangmangan ito ay nawalan ng saysay.

Sa buhay ng isang Kristiyano, maraming mga paraan kung saan tayo ay mabibigyan ng isang espirituwal na mana. Gayunpaman, ito ay atin ding responsibilidad na gamitin kung ano ang ipinagkatiwala sa atin at gawin itong isang mabungang pamumuhunan. Ang mga sumusunod ay ilang mga halimbawa nito:

G Ang isang ebanghelista ay kayang “sakupin” ang isang lungsod sa pamamagitan ng napakalawak na ebanghelikong krusada- ngunit kung hindi niya titipunin ang lahat ng mga nagbalik-loob at bumuo ng isang iglesya, ang mga bungang ito ay mawawala rin sa lalong madaling panahon.

G Sinasabi sa atin ng Kasulatan na nalupig ni Cristo ang lahat ng kapangyarihan ng kasalanan at ni Satanas. Gayunpaman, hindi natin palaging inaayon ang ating mga buhay ayon sa tagumpay na ito, at hindi natin palaging ipinamumuhay ito!

G Ang mga magulang ay maaaring magkaroon ng isang Kristiyanong pamilya, ngunit malibang ang kanilang mga anak ay sinanay sa tamang paraan, maaari nilang mawala ang kanilang mana sa pamamagitan ng buhay ng mga bata kung ang mga bata ay hindi lumaki upang sundin ang Panginoon.

G Ang isang rebaybal ay maaaring makapagyanig ng isang bansa, ngunit malibang ito ay magpatuloy upang baguhin ang kultura at pamahalaan, ang bansa ay hindi mananatili sa mga pagpapala na hatid ng rebaybal.

G Kung ang isang pastor ay nagtayo ng isang iglesya, ngunit ito ay naghiwa-hiwalay pagkatapos niyang lumipat sa isang bagong lugar ng pagmiministeryo, ang karamihan sa mga makadiyos niyang gantimpala na maaari niya sanang makuha mula sa iglesyang iyon ay mawawala.

G Kapag binigyan ng Panginoon ang isang Kristiyano ng isang kaloob o talento, siya ay papanagutin kung gagamitin ba niya sa kapakinabangan ang mga kaloob na iyon (Mt.25:14-30).

Ang mga halimbawang ito ay tumutulong na ipakita sa atin na maaaring magkaroon ng isang malaking pagkakaiba sa pagitan ng pagkuha ng isang bagay at paggamit nito ng mahusay. Ito ang dahilan kung bakit may kailangan pang gawin si Josue maliban sa sakupin ang Lupang Pangako. Matapos sakupin ito, ang lupain ay kailangang hatiin at ipamahagi sa mga lipi ng Israel. Doon pa lamang na ang mga Israelita ay nakakuha ng pagmamay-ari sa buong kanayunan, na ito ay maaari nang tirhan, payabungin, at itayo upang maging isang mabungang pamana.

Hindi nagtagal pagkatapos umalis ng mga Israelita sa Ehipto, ay binanggit ng Panginoon ang sitwasyong ito. Sinabi ng Diyos na ibibigay Niya sa kanila ang lupain nang unti-unti upang ang kanilang pamana ay hindi matiwangwang o maging ilang dahilan sa kapabayaan. Sa Exodo 23:27-30 ay sinabi Niya, “Aking susuguin ang sindak sa unahan mo, at lilituhin ko ang buong bayan na iyong paroroonan, at aking patatalikurin sa iyo ang lahat ng iyong mga kaaway. Aking susuguin sa unahan mo ang mga putakti na magpapalayas sa Heveo, sa Cananeo, at Heteo sa harapan mo. Hindi ko sila papalayasin sa harapan mo sa loob ng isang taon; baka ang lupa'y maging ilang, at ang mababangis na hayop ay magsidami laban sa iyo. Unti-unti ko silang papalayasin sa harapan mo, hanggang sa ikaw ay dumami at manahin mo ang lupain.” Sa kadahilanang ito ay inabot si Josue ng pitong taon sa pagsakop sa lupain at sa maraming taon pagkaraan nito ang mga Israelita ay nag-aaral pa rin sa pagmamay-ari dito.

Sa Kawikaan 20:21 tayo ay binalaan tungkol sa kapahamakang ito ng mabilisang pagkuha ng isang mana. Doon ay mababasa natin, “Ang mana na madaling nakuha sa pasimula, sa katapusan ay hindi mapagpapala.” Ipinakita ng Panginoong Jesus ang katotohanang ito sa

talinghaga ng isang alibughang anak. Ang nakababatang anak na lalaki sa kuwentong ito ay hiningi ang kanyang mana bago siya magkagulang man lang na ito ay magamit nang mahusay. Bilang resulta ay agad niya itong nilustay at naiwala ito.

Naranasan ng Hilagang Amerika ang isang matinding rebaybal noong huling bahagi ng 1940 at unang bahagi ng 1950. Ang pagbabagong-buhay na ito, na naging kilala bilang "Huling Ulan" ng rebaybal, ay nagbangon ng maraming kabataang ebanghelista na yumanig sa maraming bansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang ilan sa mga ebanghelista na ito ay nagsulat pa ng mga libro tungkol sa kung papaano maaaring makapasok ng mabilis sa mahimalang kapangyarihan ng Diyos kung sila ay mag-aayuno at mananalangin. Habang dumadaloy ang rebaybal, ang pamamaraang ito ay gumagana sa maraming mga bagong hikayat at mga nagmiministeryo. Mag-ayuno lamang at manalangin, "magpalinis," at ang kapangyarihan ay dadaloy! Ito ay isang panahon kung saan ay napakadaling makakuha ng isang makapangyarihang ministeryo, ngunit ang mga sumusunod na taon ang nagpatunay na marami ang hindi handa na gamitin nang mahusay ang pamanang iyon. Ang kwento ng alibughang anak ay nauulit nang maraming beses sa iba't ibang paraan. Ang ilan sa mga dakila sa mga rebaybalistang ito ay nahulog mula sa tuktok ng kanilang katanyagan at kapangyarihan upang maging mga lasenggero o nahulog sa iba pang malalalim na kasalanan. Hindi sapat na makakuha lamang ng isang bagay na mabuti mula sa Diyos- dapat din nating matutunan na gamitin ito ng maayos. Ito ang pangunahing mensahe na ating matututunan mula sa ikatlong seksyon ng Aklat ni Josue na ngayon ay sisimulan na natin itong pag-aralan nang mas detalyado.

## Kabanata 13: Mga Lugar na Hindi Nakuha at ang mga Hangganan sa Silangan ng Jordan

"Si Josue ay matanda na at puspos ng mga taon. Sinabi ng PANGINOON sa kanya, 'Ikaw ay matanda na, puspos na ng mga taon, at may nalalabi pang maraming lupain na sasakupin. Ito ang mga lupaing nalalabi: ang lahat ng lupain ng mga Filisteo, at ang lahat ng sa mga Geshureo… ang lahat ng naninirahan sa lupaing maburol mula sa Lebanon hanggang sa Misrefot-maim, samakatuwid ay lahat ng mga Sidonio; sila'y aking itataboy mula sa harapan ng mga anak ni Israel: lamang ay ibabahagi mo sa Israel bilang pamana, gaya ng iniutos ko sa iyo. Kaya ngayon, hatiin mo ang lupaing ito bilang pamana sa siyam na lipi, at sa kalahating lipi ni Manases'" Josue 13:1-2, 6-7).

Matapos sakupin ang Lupang Pangako, ang Panginoon ay nangusap kay Josue na ang lupain ay kinakailangan pa ring angkinin. Habang ang lahat ng mga hukbo na sumalungat sa mga Israelita ay natalo na, marami sa mga Cananeo ang naninirahan pa rin doon at tutol na umalis. Kailangang ma-iorganisa ang mga Israelita upang makuha ang buong pagmamay-ari sa lupain. Kailangang mangalat ang mga tribo ng Israel, itaboy ang mga dating naninirahan, at manirahan sa buong lupain. Pagkatapos lamang na ang mga Cananeo ay mapaalis at ang mga Israelita ay makapanirahan na ang tagumpay ay magiging ganap.

Sa sandaling ito ay iniutos ng Panginoon kay Josue na hatiin ang lupain sa kanluran ng Jordan sa siyam at kalahati ng mga lipi ng Israel. Ang natitirang bahagi ng kabanatang ito ay nagsasabi tungkol sa pamana na ipinangako na ni Moises sa iba pang mga tribo. Ang mga

hangganang teritoryo ng Ruben, Gad, at kalahati ng tribo ni Manases ay nakalista sa mahusay na detalye sa mga talatang 8 hanggang 32.

Ang mga tribong ito ay nakipagsang-ayunan na kay Moises na sasakupin nila ang silangang bahagi ng Jordan. Gayunpaman, ito ang malaking dako, kung saan ay hindi kailanman inanyayahan ng Panginoon ang mga Israelita na manirahan! Nais ng Panginoon na ang Kanyang bayan ay lahat tumawid sa Jordan at manirahan sa kanlurang bahagi sa Lupang Pangako.

Sinasabi sa atin ng Aklat ng Bilang ang kwento kung paano maagang hiningi ng mga tribong ito ang kanilang mana sa silangang bahagi ng Jordan. Mababasa natin mula doon, "…lumapit at nagsalita ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben kay Moises…'ang lupaing winasak ng PANGINOON sa harap ng kapulungan ng Israel ay lupaing mabuti para sa hayop, at ang iyong mga lingkod ay may mga hayop." At sinabi nila, "Kung kami ay nakatagpo ng biyaya sa iyong paningin ay ibigay sa iyong mga lingkod ang lupaing ito bilang ari-arian; at huwag mo na kaming patawirin sa Jordan'" (Bil.32:2-5). Pinahintulutan sila ni Moises na manirahan sa silangan ng Jordan kung ipadadala muna nila ang kanilang mga sundalo kasama sa mga nalalabi ng Israel upang tapusin ang pananakop. Gayunpaman, bagaman ito ay pinahintulutan ng Panginoon, ay hindi ito ang ganap na kalooban ng Diyos.

Maraming beses na pinahihintulutan ng Panginoon ang Kanyang mga anak na gawin ang mga bagay na hindi Niya kalooban kung ipinagpipilitan nila ang sarili nilang kagustuhan. Maalala natin kung paano pinahintulutan ng Panginoon ang mga Israelita na hirangin si Saul noong ginusto nilang magkaroon ng isang hari (1 Sam.8:6- 9). Pinayagan ng Diyos ang gahaman na si propeta Balaam na tumungo sa Moab pagkatapos Niyang sabihin dito na "Hindi," ngunit ang Diyos ay nagalit pa rin kay Balaam dahil sa kanyang pagsuway. (Bil.22:7-33). Nang ang mga Isralеita ay nagreklamo tungkol sa kanilang pagkain sa ilang, sila ay pinahintulutan ng Panginoon na magkaroon ng kasaganaan ng pugo bagama't hinatulan Niya sila dahil dito (Bil.11:4-6 at 31-34, Aw.106:13-15).

Ang Panginoon ay nagsalita tungkol sa usaping ito nang Kanyang tinuro ang talinghaga ng alibughang anak sa Lucas 15. Sa talinghagang ito ay ibinigay ng ama sa nakababatang anak ang hiniling na mana, kahit pa na alam ng ama na maaaring lustayin lamang ito ng kanyang anak sa magulong pamumuhay. Ang ama ng alibugha ay naglalarawan sa atin ng puso ng Diyos Ama. Kapag ang masuwail Niyang mga anak ay gustong lumakad sa sarili nilang paraan, ang mahabagin nating Ama sa Langit ay madalas pinahihintulutan ito, kahit na ang Kanyang mga anak ay maaaring matuto sa masakit at magastos na leksyon sa pamamagitan ng konsikuwensiya na aanihin nila (Gal.6:7-8).

Ang mga tribo na nais manirahan sa silangang bahagi ng Jordan ay kumakatawan sa atin na mga hindi nakatalagang Kristiyano na nasisiyahan sa mas mababa sa nais ng Panginoon na ibigay sa Kanyang bayan. Ang kanilang kahilingan ay "Huwag mo kaming dadalhin sa Jordan" sa Bilang 32:5. Gaya ng ating nakita ang pagtawid sa Jordan ay kumakatawan sa pagkakapakong kasama ni Cristo sa krus. Ang isang mananampalataya na "nakatawid sa Jordan" ay makakapagsabi sa Panginoon na, "Hindi ang aking kalooban, kundi sa Iyo ang masunod." Gayunpaman, ang isang mananampalataya na hindi "nakatawid sa Jordan" na napasakop sa kanilang makasalanang kalikasan ay madalas sabihin na, "Ginawa ko ito sa sarili kong paraan!"

Ito ang gustong sabihin ng dalawa at kalahating mga tribo na ito nang kanilang hiniling na hindi tatawid sa Jordan. Ayaw na nilang magpatuloy pa kasama ang Panginoon. Oo, iniwan nila ang Ehipto at tinawid ang ilang. Nagkaroon na sila ng maraming mga kahanga-hangang karanasan espirituwal at may matibay na pananampalataya sa Diyos. Gayunpaman, inisip nila na sapat na ang pagsunod nila sa Panginoon at nakahanda na silang magpahinga. Katulad ni Lot, pinili nila kung ano ang mukhang mabuti sa kanila (Gen.13:10-11, 2 Cor.5:7). Kung kaya't hiningi nila ang silangang bahagi ng Jordan bilang kanilang mana.

Gayunpaman, ang ating Ama sa langit ang nakakaalam kung ano ang pinakamabuti para sa Kanyang mga anak. Alam Niya ang katapusan mula sa simula, alam Niya na ang dalawa at kalahating tribo na ito ay mananatili para sa isang bagay na mas mababa sa kung ano ang maaari pa sana nilang makuha. Ang ilog Jordan ay hindi lamang heograpiyang naghiwalay sa kanila mula sa ibang mga tribo, kundi nagdala rin ito ng isang espirituwal na paghihiwalay. Ito ay unang ipinahayag sa Josue kabanata 22, kung saan ito ay nakatulong magsimula ng isang di-pagkakaunawaan na nagdala sa Israel sa bingit ng digmaang sibil. Bagaman ang dalawa at kalahating tribo na ito ay naging masagana sa loob ng maikling panahon, sa huli ay nahulog din sila sa idolatriya at unang mga tribo na nalupig at ginawang mga alipin. Mababasa natin 2 Hari 10:32-33 "Nang mga araw na iyon ay pinasimulan ng PANGINOON na putulan ng mga bahagi ang Israel. Ginapi sila ni Hazael sa buong nasasakupan ng Israel, mula sa Jordan patungong silangan, ang buong lupain ng Gilead, ang mga Gadita, ang mga Rubenita, ang mga Manasita, mula sa Aroer na nasa libis ng Arnon, na ito'y ang Gilead at ang Basan." Nawa ang halimbawa ng kanilang pagkabigo ay magpalakas sa atin na magpatuloy at huwag kailanman makuntento sa ikalawang pinakamabuti ng Diyos!

Ang parehong aralin ay binigyang-diin sa atin sa isang maliit na anekdota na nakatala sa talata 22. Pagkatapos maitala ang mga prinsipe na mga napatay noong salakayin ni Moises ang Madian, mababasa natin: "Maging si Balaam na anak ni Beor na manghuhula ay pinatay ng tabak ng mga anak ni Israel sa mga nalabi sa kanilang pinatay."

Kapag pinag-aaralan ang tungkol sa buhay ni Balaam, makikita natin na siya ay tinawag na propeta sa 2 Pedro 2:16. Kilalang-kilala niya ang Panginoon at may isang malakas na propetikong ministeryo (Bil. 22-25). Magkagayunman, ang kasulatan sa Josue 13:22 ay tinawag siyang isang manghuhula, at ginagawa niya din ang panghuhula at pagbibigay ng mabibigat na mga sumpa (Bil. 24:1 at 22:6). Ang kanyang buhay at ministeryo kung saan ay napuno ng pagkahalo, ay nagdala sa kanya ng katanyagan, kayamanan, at kapangyarihan. Gayunpaman, ito ay hindi nagdulot sa kanyang buhay na magtapos sa kabanalan at kaluwalhatian. Nang ang pagpapahid ay nasa kanya at siya ay nagpopropresiya tungkol sa kadakilaan ng Israel, inihayag ni Balaam, "Mamatay nawa ako ng kamatayan ng matuwid, at ang aking wakas ay maging tulad nawa ng sa kanya!" (Bil. 23:10). Subalit, si Balaam ay hindi namatay sa kamatayan ng matuwid-siya ay namatay kasama ang masasamang prinsipe ng Madian, nang wasakin sila ng hukbo ni Moises! Si Balaam ay binalaan na ng anghel na ang Diyos ay hindi nasiyahan sa kanyang pagsuway, at ang tabak ng paghahatol ay darating sa kanya (Bil.22:22-33). Pagkatapos mapayuhan ni Balaam ang hari ng Madian na nagnanais wasakin ang Israel sa pamamagitan ng imoralidad at idolatriya, ang tabak na iyon ng kahatulan ay tuluyan nang bumagsak (Pah.2:14,

Bil.25:1-3). Samantalang si Balaam marahil ay nagtatamasa pa sa mga gantimpala na ibinigay sa kanya sa matagumpay niyang pagpapayo laban sa Israel, si Moises ay nagpadala ng hukbo upang salakayin ang kaaway, at si Balaam ay namatay sa pamamagitan ng tabak.

May pagkakataon na si Balaam ay naging isang dakilang propeta ng Diyos, ngunit ang kanyang huling patotoo na naitala dito sa aklat ni Josue ay namatay siya bilang isang manghuhula. Ang magulo niyang buhay at kalunos-lunos na kamatayan ay nagsasabi muli sa atin ng mensahe na hindi tayo dapat magkaroon ng magkahalong motibo sa paglilingkod sa Panginoon. Kung ang isang Kristiyano ay may isang idolatriyang pagnanasa sa kapangyarihan, pera, o katanyagan, makukuha niya ito sa pamamagitan ng tulong ng demonyo. Ang mga Kristiyanong lider ay madalas inaalok ng mga tukso na ito, gaya ng pag-alok ni Satanas ng mga ito kay Cristo sa ilang. Gayunpaman, ang pangwakas na gantimpala ng mga gawaing ito ay paghuhusga, kahihiyan at kalungkutan.

## Kabanata 14: Paraan ng Pagtatakda ng mga Hangganan at ang Mana ni Caleb

Sa pasimula ng kabanatang ito, sinabi sa atin kung paano ibinahagi ng natitirang mga tribo sa kanilang sarili ang lupain. Mababasa natin, "Ito ang mga pamanang tinanggap ng mga anak ni Israel sa lupain ng Canaan, na ipinamahagi sa kanila ng paring si Eleazar, at ni Josue na anak ni Nun, at ng mga puno ng mga sambahayan ng mga magulang ng mga lipi ng mga anak ni Israel, sa pamamagitan ng palabunutan ng kanilang mana, gaya ng iniutos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises, sa siyam na lipi, at sa kalahating lipi" (Josue 14:1-2). Sina Josue, Eleazar, ang Punong Saserdote at ang mga matatanda ay ipinamigay ang mga bahagi ng lupain na sinukat sa pamamagitan ng pagpapalabunutan. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito ay binigyan ng Panginoon ang bawat tribo ng kanilang lugar ng lupain na aariin. Gaya ng sinasabi sa atin sa Kawikaan 16:33, "Ang pagsasapalaran ay hinahagis sa kandungan, ngunit mula sa PANGINOON ang buong kapasiyahan." Ang ganitong uri ng panlabas na paggabay ay ginamit sa Kasulatan sa buong panahon ng Lumang Tipan at hanggang sa Gawa 1:26. Subalit, gaya ng nauna na nating nabanggit, magbuhat ng bumaba ang Banal na Espiritu noong araw ng Pentekostes, ang bayan ng Diyos ay maaari na ngayong magabayan ang kalooban sa patnubay ng Espiritu. Ito ang pagbibigay-diin ng Bagong Tipan- "Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay sila ang mga anak ng Diyos." (Rom.8:14).

Ang natitirang bahagi ng kabanata ay nagsasabi sa atin ng tungkol sa partikular na pamana ng isang sa kilalang Israelita, ang tapat na espiya, si Caleb. "Nang magkagayo'y lumapit ang mga anak ni Juda kay Josue sa Gilgal; at sinabi sa kanya ni Caleb na anak ni Jefone na Kenizeo… ʿAko'y apatnapung taon nang ako'y suguin ni Moises na lingkod ng PANGINOON mula sa Kadesh-barnea upang lihim na siyasatin ang lupain; at dinalhan ko siya ng ulat na gaya ng nasa aking puso… si Moises ay sumumpa nang araw na iyon, 'Tunay na ang lupaing tinuntungan ng iyong paa ay magiging isang pamana sa iyo at sa iyong mga anak magpakailanman, sapagkat lubos kang sumunod sa PANGINOON kong Diyos.'" (Jos.14:6-9).

Dahil sa kanyang katapatan ipinangako ng Panginoon kay Caleb na mamanahin niya ang lupain na kanyang nakita ay nilakaran. Nagpapakita ito ng isang prinsipyo na paulit-ulit na

gumagabay sa tadhana ng bayan ng Diyos. Kapag ang isang batang mananampalataya ay nagkaroon ng isang pangitain o nagsimulang makaranas ng isang bagay na iniaalok ng Panginoon sa Kanyang mga hinirang, ang pangitain na iyon o karanasan ay makatutulong na gabayan siya tungo sa pagkamit ng katuparan nito. Kung hindi tayo tapat, mangyari na hindi natin maimamarapat ang ating mga sarili katulad ng 10 mga espiya na puno ng hindi paniniwala. (Bil.14:36-37, Heb.3:16-19). Gayunpaman, ang isang mahusay na susi na magagamit sa pagkilala sa tawag sa buhay ng isang tao ay ang suriin ang kanilang karanasan sa Diyos bilang isang batang Kristiyano. Gaya ng sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias, Siya ang Diyos na nagpapahayag ng wakas mula sa simula (Is. 46:10). Kung ano ang ating nakikita at nararanasan bilang isang batang Kristiyano ay madalas na inihahanda ng Panginoon sa atin sa pagpasok sa kaganapan kapag nakahanda na tayo para sa ating mamanahin. Para sa mga batang Kristiyano na nakararanas ng kapangyarihan ng Diyos sa pagpapagaling, ito ay maaaring maging isang binhi na itinanim sa kanilang buhay, kung saan ay lalago sa isang palagiang ministeryo ng pagpapagaling sa darating na mga taon. Ang ilan na napalaya mula sa masasamang espiritu nang sila ay naligtas ay maaaring magkamaygulang sa mga taong darating upang magkaroon ng ministeryo sa pagpapalaya. Ang ating mga karanasan at mga espirituwal na pangitain na ating nakuha bilang isang batang Kristiyano ay bumubuo ng ating direksyon sa buhay. Naalala ko ang isang mangangaral na nagsabing nakapagpatulo siya ng maraming luha para sa maraming mga bansa sa panahon ng kanyang mga pananalangin sa paaralang Bibliya, at sa 25 taon mula noon, ay dinala siya ng Panginoon sa bawat isa sa mga bansang iyon upang ipangaral ng ebanghelyo. Hindi natin dapat hamakin kailanman ang mga di-pangkaraniwang mga karanasan o matataas na pangitain ng isang batang mananampalataya. Bagaman maraming mga bagay ang dapat munang mangyari bago sila makapasok sa kaganapan ng mga ito, ang mga makabagong-panahon na “mga Caleb” ay hindi kailanman mabibigo sa kanilang mamanahin kung lubusan silang susunod sa Panginoon.

Sa talata sampu si Caleb ay nagpatuloy sa pagsabi, “At ngayon, gaya ng kanyang sinabi, iningatan akong buhay ng PANGINOON, nitong apatnapu't limang taon, mula nang panahong sabihin ng PANGINOON ang salitang ito kay Moises, samantalang lumalakad ang Israel sa ilang. Sa araw na ito ako'y walumpu't limang taong gulang na.” Kinailangang maghintay ni Caleb ng 45 taon upang makapasok sa ipinangakong mana sa kanya. Ang pagkaantalang ito ay hindi sanhi ng kanyang sariling kakulangan sa paghahanda, na kadalasang dahilan na hinihintay ng Panginoon upang mapangunahan tayo patungo sa ating mana. Sa sitwasyon ni Caleb, ito ay dahil ang mga hinirang ng Diyos na nakapaligid sa kanya ay hindi handa! Ang sitwasyong ito ay nauulit pa rin sa mga kongregasyon ngayon. Maaaring nagbigay ang Panginoon ng mahalagang pangako sa iglesya, ngunit marami sa mga nasa kongregasyon ay maaaring hindi handa o kwalipikado na maging bahagi nito. Bago makuha ng simbahan ang mga pangakong iyon, magkakaroon muna ng isang proseso ng pagliliglig sa mga miyembro ng kongregasyon. Bawat isa ay susubukin upang makita kung buong puso nilang yayakapin ang pangitain ng kung ano ang gagawin ng Panginoon. Ang ilang miyembro ay maaaring umalis sa simbahan. Ang ilan ay maaaring lilisan dahil sa katandaan at namamatay, katulad ng mga nasa henerasyon ni Caleb. Ang prosesong ito ng pagliliglig ay maaaring magpatuloy sa loob ng maraming taon, hanggang

sa ang mga matitira ay nagkakaisa sa pangitain at paghahanda. Sa gayon ay madadala sila ng Panginoon sa katuparan ng kanilang mana.

Sa mga panahong iyon ng napakahabang mahirap na mga taon sa ilang nang nililiglig ng Panginoon ang Kanyang bayan, ay kailangang patuloy na hawakan ng mga banal sa kanilang harapan ang pangitain ng kung ano ang ipinangako ng Diyos na Kanyang gagawin. Gaya ng sinabi ng Panginoon kay Habakuk, “Sapagkat ang pangitain ay naghihintay pa ng panahon nito; at nagsasalita tungkol sa wakas—hindi ito magsisinungaling. Kung ito'y parang mabagal ay hintayin mo; ito'y tiyak na darating, hindi ito maaantala” (Hab.2:3).

Mapapansin din natin na sinabi ni Caleb na kinailangan niyang maghintay ng 45 taon upang makapasok sa kanyang mana. Mula sa panahon na si Caleb ay naniktik sa lupain hanggang sa sandali na ang mga Israelita ay nakapasok sa Lupang Pangako ay 38 taon (Deut. 2:14). Sinasabi nito sa atin na inabot si Josue at ang kanyang hukbo ng pitong taon upang sakupin ang lupain, at sa sandaling iyon ay umakyat si Caleb upang makuha ang kanyang mana.

Ang pangyayari ay nagpatuloy sa sumunod na sinabi ni Caleb, “Ngayon nga'y ibigay mo sa akin ang lupaing maburol na ito na sinabi ng PANGINOON nang araw na iyon… At binasbasan siya ni Josue at kanyang ibinigay ang Hebron kay Caleb na anak ni Jefone, bilang pamana niya.” (Jos.14:12-13). Pinili ni Caleb ang isang pamana na isang espesyal na lugar sa mga Israelita. Ang kanilang mga ninuno na sina si Abraham, Isaac at Jacob ay nanirahan lahat sa Hebron (Gen. 35:27). Ito ay isang lugar kung saan ay nakatagpo nila ang Diyos, kagaya ng panahon na dinalaw ng Panginoon si Abraham at ipinangako sa kanya ang isang anak na lalaki sa Genesis kabanata 18. Makalipas ang ilang taon, ang Hebron ay nagkaroon ng katanyagan nang si David ay pinahiran at namuno doon bilang hari (2 Sam.2:1-4 at 5:1-5). Nakatanggap si Caleb ng isang mabuting pamana nang hiningi niya ang Hebron.

## Kabanata 15: Mga Hangganan ng Tribo ni Juda

“Ang naging lupain ng lipi ng mga anak ni Juda ayon sa kanilang mga angkan ay hanggang sa hangganan ng Edom; hanggang sa ilang ng Zin sa kadulu-duluhang bahagi ng timog. Ang kanilang hangganan sa timog ay mula sa kadulu-duluhang bahagi ng Dagat na Alat, mula sa look na nakaharap sa timog. Ito'y papalabas sa dakong timog paakyat sa Acrabim, at patuloy sa Zin at paakyat sa timog ng Kadesh-barnea, at patuloy sa Hesron, at paakyat sa Adar, at paliko sa Carca; at patuloy sa Azmon, at papalabas sa batis ng Ehipto, at ang mga labasan ng hangganan ay sa dagat: ito ang inyong magiging hangganan sa timog. Ang hangganan sa silangan ay ang Dagat na Alat, hanggang sa bunganga ng Jordan. At ang hangganan sa hilaga ay mula sa look ng dagat na nasa bunganga ng Jordan: at paakyat hanggang sa Bet-hogla, at patuloy sa hilaga ng Bet-araba; at ang hangganan ay paakyat sa bato ni Bohan na anak ni Ruben. Ang hangganan ay paakyat sa Debir mula sa libis ng Acor, hanggang sa hilagang paharap sa dakong Gilgal, na nasa tapat ng paakyat sa Adumim, na nasa timog ng ilog: at ang hangganan ay patuloy sa tubig ng En-shemes, at ang mga labasan niyon ay sa En-rogel” (Josue 15:1-7).

Ang kabanatang ito ng aklat ni Josue ay nagsasabi sa atin ng pamana na ibinigay sa tribo ni Juda. Halos bawat talata ay simpleng listahan ng heograpiyang mga hangganan ng lalawigan na

nakuha ni Juda. Katulad ng karamihan sa mga talata sa susunod na anim na mga kabanata, ang mga listahang ito ng mga lungsod, mga bayan, mga burol, at mga ilog ay tila walang masyadong halaga sa sinuman kundi sa agrimensor o tagagawa ng mapa. Bakit kaya ang mga bagay na ito ay nakalista sa gayon kaliit na detalye sa Bibliya? Kung isasaalang-alang ang lahat ng milyun-milyong mga Bibliya na ma-iimprenta sa buong kasaysayan, bakit inilagay ng Diyos ang napakaraming detalyadong impormasyon sa mga kabanatang ito na tila walang saysay sa atin ngayon? Sa makataong pananalita, tanging ang mahahabang mga talaangkanan ng Lumang Tipan ang tila nakikipagkumpitensiya sa heograpiyang mga listahan na ito bilang pinaka-nakakabagot na seksyon ng Bibliya!

Gayunpaman, para sa mga Israelita, ang mga tagubiling ito ay napakaimportante para mailagak sila sa kanilang mga minana. Naglalagay ito ng kahulugan at organisasyon sa lahat ng kanilang pagsisikap na makuha ang lupain at gawin itong mabunga. Ang mga walang saysay na pagkapareho at potensiyal na mga alitan ay inalis. Kapag maliwanag na nasabi sa lahat ang kanilang mga bahagi, maaari silang makipagtulungan ng maayos upang maitatag ang bansa ng Israel.

Sa mga panahon ng Bagong Tipan tayo ay nabigyan ng isang mas mahusay at mas espirituwal na mana. Ngunit sa parehong pagkakataon, upang makuha at maitatag ito, kailangan pa rin natin ang pinakadetalyadong organisasyon sa Iglesya. Ang bawat miyembro ng katawan ni Cristo ay kailangan malaman ang kanyang paglalagyan at tungkulin sa katawan, gaya ng bawat Israelita na kailangang malaman ang kanilang paglalagyan sa lupain (1 Cor.12:14-27). Hindi natin matatapos ang gawain ng Diyos bilang magkahiwalay na mga indibidwal- kailangan nating maging bahagi ng malaking larawan, ang pangunahing plano na inorganisa ng Panginoon. Ito ang mensahe na itinuturo ni Apostol Pablo sa Efeso 4:11-16, "Pinagkalooban niya ang iba na maging mga apostol, ang iba'y propeta, ang iba'y ebanghelista, at ang iba'y pastor at mga guro; upang ihanda ang mga banal sa gawain ng paglilingkod, sa ikatitibay ng katawan ni Cristo, hanggang makarating tayong lahat sa pagkakaisa ng pananampalataya, at sa ganap na pagkakilala sa Anak ng Diyos, hanggang maging taong may sapat na gulang, hanggang sa sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo. Tayo'y huwag nang maging mga bata, na tinatangay-tangay ng mga alon at dinadala-dala ng bawat hangin ng aral, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga katusuhan sa paraang mapandaya. Kundi humahawak sa katotohanan na may pag-ibig, lumago tayong lahat sa Kanya, na siyang ulo, samakatuwid ay si Cristo, na sa kanya ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakaisa sa pamamagitan ng bawat litid, ayon sa paggawa sa sukat ng bawat bahagi ay nagpapalaki sa katawan tungo sa ikatitibay ng sarili sa pag-ibig."

Upang matulungan tayong malaman ang ating tamang paglalagyan at mga tungkulin sa katawan ni Cristo, ang Bagong Tipan ay naglalaman ng maraming mga tuntunin. Sa mga modernong panahon ay napakaraming mga libro at mga manwal na isinusulat upang matulungan ang pagsasanay na ito. Ang mga Iglesya ay madalas maglagay ng detalyadong paglalarawan ng trabaho para sa iba't iba nilang mga tagapaglingkod, habang ang mga tagapagministeryo ay patuloy na sinasanay at pinakikilos ang mga miyembro ng iglesya. Kung ang iyong simbahan ay may dalawampung miyembro lamang, hindi mo na kakailanganin ang maraming pagsasaayos sa

iyong iglesya. Gayunpaman, kung ito ay lalago sa tatlong daang mga miyembro, kakailanganin mong maglagay ng isang mas detalyadong organisasyon sa simbahan upang mapanatili itong balanse at lumalago. Saka kapag tinitingnan natin ang katawan ni Cristo ngayon, nakikita natin ang pag-unlad na ito at pagpakadalubhasa sa isang malawak na pinaraming paraan. Habang kinikilos ng Panginoon ang Kanyang mga hinirang upang tapusin ang Dakilang Komisyon, nakikita natin ang libu-libong mga bagong tagapaglingkod at organisasyon ng mga iglesya na binubuo upang umabot at makibahagi sa maraming natatanging paraan. Gaya ng sa panahon ni Josue, ang mga hinirang ng Diyos ay kailangan pa ring magkaroon ng tukoy na hangganan (parehong natural at espirituwal) upang maayos na makapaglingkod nang magkasama at makumpleto ang plano ng Diyos. Ito ang importanteng aral na maaaring bigyang-diin sa atin ng mahahabang listahan ng mga hangganan at mga lungsod na matatagpuan natin sa mga kabanatang ito.

Itinuro sa akin ng Panginoon ang isang importanteng aral tungkol sa mga katotohanang ito sa pamamagitan ng isang panaginip maraming taon na ang nakalilipas. Sa panaginip na ito ako ay nagpaplano ng isang handaan para sa 9000 katao at nakatanggap ako ng isang makatwirang presyo para sa gastusin nito. Habang naglalakad ako sa kalsada na nagbabasa ng isang pahayagan, napansin ko ang isang anunsyo ng isang tagaplano para sa iba't ibang handaan. Sinabi ng anunsyo na ito na kaya nilang makapagbigay ng de-kalidad na handaan para sa isang presyo na mas mababa sa kahit kanino pa. Sa panaginip na ito ay napansin ko ang tirahan ng tagaplano ng handaang ito, at iyon ay sa unahan lamang ng kalsada. Habang naglalakad ako papasok sa loob, nakita ko ang pangalan ng gusali ay "*The Watchtower Society*." Nagtataka ako kung anong kinalaman ng mga Saksi ni Jehova sa mga handaan habang naglalakad ako sa loob ng isang opisina upang makipag-usap sa kanilang kasangguni ng gastusin.

Habang sinimulang pag-aralan ng kasangguni na ito ang presyo na ibinigay sa akin ng mga naunang tagaplano ng handaan., sinimulan niyang bawasan pababa ang mga presyo. Ipinakita niya sa akin ang matalinong pamamaraan ng pagtitipid na kanyang ginawa at ang panghuling presyo para sa handaan na mas mababa sa kalahati ng orihinal na presyo.  Sa pagtingin ko sa kanyang huling presyo, talagang napahanga ako sa bagong alok na ito. Ang Panginoon mismo ay lumakad sa silid!

Ang una kong naging reaksyon ay napahiya ako na matagpuan ako ng Panginoon sa isang gusali ng Saksi ni Jehova! Gayunpaman, masasabi ko na ang Panginoon ay pumunta hindi para husgahan ako, kundi turuan ako ng isang bagay doon. Sinabi nga ng Panginoon, "sapagkat ang mga anak ng sanlibutang ito ay higit na tuso sa pakikitungo sa sarili nilang lahi kaysa mga anak ng liwanag" (Lk.16:8). Alam ko na binaha ng mga Saksi ni Jehova ang mundo ng mumurahin nilang babasahin, gaya ng pag-alok nila ng handaan na ito sa isang napakamurang halaga. Nauunawaan ko na hindi pinupuri ng Panginoon ang mali nilang doktrina, sa halip ay ang kanilang karunungan kung saan ay nagawa nilang maipangalat ang mga mali nilang doktrina sa pinakamurang halaga sa buong mundo.

Nagpatuloy sa pagsabi sa akin ang Panginoon, "Kakailanganin ng kaayusan at kahusayan upang makagawa ng isang matinding liwanag na matatawag ang pansin ng maraming tao."

Pagkatapos ay nagpatuloy Siya sa pagturo sa akin ng mga bahagi ng karunungan na kung saan ay mapapangunahan ko ang organisasyon ng may kahusayan at kagandahang-loob.

Ang panaginip na ito ay nakatulong na pukawin ang aking puso upang manalangin at hanapin ang karunungan sa susunod na mga taon. Kalaunan ay naramdaman ko na ako ay pinangungunahan na magsimula ng isang bagong ministeryo para sa organisasyon ng mga iglesya kung saan ay maipadadaloy ko ang pangitain na inilalagay ng Panginoon sa aking puso. Nasa loob ng pitong taon na nang nagkaroon ako ng panaginip na iyon, ako ay nagpapa-imprenta ng isang panturong magasin para sa 9000 mga pastor- at ang bawat magasin ay nagkakahalaga ng eksaktong parehong mababang presyo ng mga pagkain sa handaan na inialok sa akin ng ikalawang tagaplano ng handaan! Ang ministeryo ay patuloy na lumago nang maayos sa nakaraang sampung taon, at pinalawak sa paglilimbag ng mga aklat, at mga magasin pati na rin ang pagsasagawa ng mga seminar para sa mga pastor at mga paaralang Bibliya sa marami sa mga bansa ng Asya. Ang aming kagalakan ay ang mag-alay sa mga bansang Asyano ng pinahiran, wastong doktrinal na mga katuruan mula sa Salita ng Diyos, sa isang presyo na maihahambing sa, o mas mababa, kaysa sa anumang iba pang relihiyosong organisasyon. Nauunawaan namin ang aming pagkatawag at ang aming mga hangganan, at sa biyaya ng Diyos ay makapagtatag ng isang mabungang pamana habang inaari namin ang lupain na inalok Niya sa amin.

Sa gitna ng heograpiyang listahan sa Josue kabanata 15 ay nakita natin ang isang interesanteng kwento tungkol kay Caleb at kanyang pamilya. Doon ay mababasa natin, "At sinabi ni Caleb, "Ang sinumang makatalo sa Kiryat-sefer at sakupin ito, sa kanya ay ibibigay ko bilang asawa si Acsa na aking anak na babae." Sinakop ito ni Otniel na anak ni Kenaz, na kapatid ni Caleb; at ibinigay niya sa kanya bilang asawa si Acsa na kanyang anak na babae. Nang si Acsa ay dumating sa kanya, kanyang hinimok siya na humingi sa kanyang ama ng isang parang; at siya'y bumaba sa kanyang asno at sinabi ni Caleb sa kanya, "Anong ibig mo?" At kanyang sinabi, "Bigyan mo ako ng handog; yamang inilagay mo ako sa lupain ng Negeb ay bigyan mo rin ako ng mga bukal ng tubig." At ibinigay ni Caleb sa kanya ang mga bukal sa itaas at ang mga bukal sa ibaba" (Jos.15:16-19).

Nang umakyat si Caleb upang kunin ang kanyang mana, nag-alok siya ng isang espesyal na gantimpala sa sundalo na matapang at malakas na manguna sa pagsalakay. Ang gantimpalang iyon ay ang mapapangasawa ang kanyang anak na si Acsa. Ang lalaki na tumindig upang mapanalunan siya ay si Otniel, ang pamangkin ni Caleb.

Tumanggap din si Otniel ng isang bahagi ng lupain na nakuha ni Caleb. Subalit ang lupaing iyon ay malapit sa timog na hangganan ng Israel, na nagiging tuyot dahil sumasama ito sa disyerto ng Negev. Samakatuwid ito ay isang napakahalagang kahilingan na ginawa ni Acsa sa kanyang ama nang hiniling niya ang kanilang lupain na samahan ng panustos na tubig. Malugod na tumugon is Caleb sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanyang anak at manugang na lalaki ng dalawang bukal.

Ang kwentong ito ay maaari ring magkaroon ng aplikasyon para sa mga kababaihan ngayon, ang mga babae ay kilala na mayroong mahuhusay na kakayahan na hikayatin at kilusin ang mga kalalakihan, maging ang kalalakihan mang iyon ay kanilang ama, asawa, o ibang tao. Ginamit ni Jezebel ang kanyang mga abilidad sa isang masamang paraan upang sirain hindi

lamang ang sarili niyang asawa at pamilya kundi maging ang buong bansa. Sa kabilang banda, si Acsa ay isang nagniningning na halimbawa ng isang tao na ginamit ang mga pangkababaihang talento sa isang makadiyos na paraan. Sa kanyang pamamagitan ay nakatulong siya na makuha ang kaginhawaan at kasaganahan para sa kanyang pamilya. Ang kwentong ito ay maaari ring magmungkahi ng espirituwal na aplikasyon na ang isang mabuting maybahay ay mananalangin at hihikayatin ang kanyang asawa na kunin ang mga bukal ng buhay na tubig na iniaalok ng Panginoon sa Kanyang bayan. Ang isang marunong na babae ay makakatulong na palakasin ang kanyang asawa at gawing makuha nito ang pagpapala ng Panginoon. Tiyak na nakuha ni Otniel ang parehong natural at espirituwal na mga pagpapala ng kanyang buhay habang siya ay nagpatuloy upang maging kauna-unahang hukom ng Israel, gaya ng nakatala sa Hukom kabanata tatlo.

Ang huling talata ng kabanata 15 ay binabanggit ang isa pang kagamitan sa mga nasa listahan ng mga hangganan at mga lungsod. Doon ay makikita nating nakasulat, “Ngunit ang mga Jebuseo na naninirahan sa Jerusalem ay hindi napalayas ng mga anak ni Juda; kaya't ang mga Jebuseo ay nanirahang kasama ng mga anak ni Juda sa Jerusalem hanggang sa araw na ito” (Jos.15:63). Ito ang unang naitala na pagkabigo ng isa sa mga tribo upang ganap na makuha ang kanilang mana sa Lupang Pangako. Gayunpaman, ang kabiguan ay tila hindi naman kailangan.

Una sa lahat, natalo na ni Josue at ng mga Israelita ang hari ng Jerusalem at kanyang hukbo sa kabanata 10. Nabasa din natin sa kalaunan sa Aklat ng Mga Hukom, “At ang mga anak ni Juda ay lumaban sa Jerusalem at sinakop ito. Pinatay nila ito ng talim ng tabak, at sinunog ng apoy ang lungsod” (Huk.1:8). Kaya maliwanag na ibinigay sa kanila ng Panginoon ang tagumpay sa Jerusalem, at gayon pa man ang tribo ng Juda ay hindi pinasundan ito at inari ang lungsod sa tamang panahon. Pinabayaan nila ang mga Jebuseo na muling makabalik, makapagtayo at kontrolin ang lungsod. Ang mga Jebuseo sa Jerusalem ay naging isang matinding problema na maaari sana nilang napaalis ng lubusan kung naging mas maingat lamang ang Juda sa panahon ng kanilang tagumpay.

Ito ay isang pangkaraniwang kahinaan ng laman na madalas ay nasusugatan tayo sa ganting-salakay pagkatapos mismo ng ating pinakamatinding mga tagumpay. Halimbawa, ang pinakamatinding tagumpay ni Elias ay nang ang buong bansa ay nanumbalik sa Diyos pagkatapos niyang hamunin ang mga propeta ni Baal sa Bundok ng Carmel. Ngunit kinabukasan si Elias ay tumakas para sa kanyang buhay dahil sa banta ni Jezebel! Gayundin, nakita natin kung paanong pagkatapos lang mismo ng mahimalang tagumpay ng mga Israelita sa Jerico na sila ay natumba sa pagkatalo sa isang maliit na lungsod ng Ai. Maalala din natin na sa maikling sandali lamang matapos magpahayag ni Pedro sa Panginoon, “Ikaw ang Cristo,” ay kinailangan siyang sawayin ni Jesus at sabihang “Layuan mo Ako, Satanas!” Kailangan nating maging mapagbantay palagi laban sa kaaway, o siya ay makakalusot para gumanting-salakay sa atin habang ipinagdidiwang pa natin ang ating huling matinding tagumpay.

Nagtapos ito sa halos apat na siglo bago tuluyang napaalis ang mga Jebuseo sa Jerusalem. Matigas nilang hinawakan ang kanilang lungsod dahil ito ay may malaking istratehikong kahalagahan. Nangyari lamang ito nang si David ay naging hari ng buong Israel na ang lungsod ay nasakop. Kaagad ginawa ni David ang kutang burol ng Sion na kanyang kapitolyo (2

Sam.5:6-10). Mula noon, ang Jerusalem ay naging sentro ng kung anong ginagawa ng Diyos sa Kanyang bayan. Gayunpaman, bago ang huling tagumpay na iyon, ang Jerusalem ay naging panimulang dako at isang sentro ng kung anong ginawa ni Satanas upang salungatin ang gawain ng Diyos! Ang isang matalinong pahiwatig ng isang mahalagang labanan para sa kaharian ng Diyos ay makikita kung gaano kasigasig ang kaaway na makipaglaban muli. Kahit sa ating modernong panahon, makikita natin kung gaano kahalaga ang Jerusalem sa mga plano ng Diyos kapag isinaalang-alang natin ang lahat ng mga digmaan, pagsasabwatan, pambobomba, at mapulitikang pagmamaniobra na nakasentro sa Jerusalem.

## Kabanata 16: Mga Hangganan ng Tribo ni Efraim

Ang susunod na kabanata ay nagtala ng heograpiyang mga hangganan ng tribo ni Efraim. Sa dulo ng listahang ito, gayunpaman, ang isang nakakagambalang kalakaran ay ipinakilala sa mga ulat kung paano nagpatuloy ang mga Israelita sa pag-angkin ng lupain. Mababasa natin sa talata 10, "Gayunma'y hindi nila pinalayas ang mga Cananeo na naninirahan sa Gezer, kaya't ang mga Cananeo ay nanirahan sa gitna ng Efraim hanggang sa araw na ito, ngunit naging mga aliping sapilitang pinagagawa."

Nakita natin ang alinsunuran na ito kinalaunan na naging isang parisan para sa mga tribo ng Israelita. Sa susunod na kabanata ay makikita natin, "Gayunma'y hindi maangkin ng mga anak ni Manases ang mga bayang iyon; kundi ang mga Cananeo ay nagpilit na manirahan sa lupain. Ngunit nang ang mga anak ni Israel ay lumakas, kanilang inilagay ang mga Cananeo sa sapilitang paggawa ngunit hindi nila lubos na pinalayas" (Jos.17:12-13). Ang parisang ito ay nagpapatuloy sa Aklat ng Mga Hukom, kung saan ay nagtala kung paano na ang mga mananagumpay na mga Israelita kinalaunan ay tumalikod upang maging mga nakikikompromiso, talunan na mga tao. Bilang isa sa maraming mga halimbawa, sa Mga Hukom 1:28 mababasa natin, "Nang lumakas ang Israel, kanilang sapilitang pinagawa ang mga Cananeo, ngunit hindi nila lubos na pinalayas."

Ang problema ay hindi ang mga Israelita na hindi kayang angkinin kaagad ang buong lupain. Sinabi na ng Panginoon sa kanila na kanilang aariin ang lupain ng paunti-unti hanggang sa sila ay dumami at kaya nang mapunan ito. Gayunpaman, ang malaki nilang kabiguan ay kung paano sila kumilos pagkatapos na sila ay dumami at maging malakas. Pagkatapos na sila ay lumakas, sa halip na palayasin ang mga Cananeo ay ginamit nila sila bilang mga alipin!

Binalaan na ng Panginoon ang mga Israelita na huwag makipagkompromiso sa mga Cananeo, ang utos ng Diyos sa kanila ay, "Kapag dinala ka ng PANGINOON mong Diyos sa lupain na iyong pinaroroonan upang angkinin ito, at pinalayas ang maraming bansa sa harapan mo, ang Heteo, Gergeseo, Amoreo, Cananeo, Perezeo, Heveo, at ang Jebuseo, na pitong bansang higit na malalaki at makapangyarihan kaysa iyo; at kapag sila'y ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, at matalo mo sila; ganap mo silang lilipulin, huwag kang makikipagtipan sa kanila, ni huwag mo silang pagpakitaan ng awa. Huwag kang mag-aasawa sa kanila, ang iyong anak na babae ay huwag mong ibibigay sa kanyang anak na lalaki, ni ang kanyang anak na babae ay kukunin mo para sa iyong mga anak na lalaki. Sapagkat kanilang ilalayo ang iyong anak na

lalaki sa pagsunod sa akin, upang maglingkod sa ibang mga diyos, sa gayo'y mag-aalab ang galit ng PANGINOON laban sa iyo, at mabilis ka niyang pupuksain" (Deut.7:1-4).

Alam ng Panginoon na kung ang mga Israelita ay gumawa ng mga kompromiso sa mga Cananeo, ang idolatriya, imoralidad, at bawat paganong polusyon ay pupuno sa Israel sa huli. Habang ang mga Cananeo ay nagdaragdag sa pansamantalang kasaganahan ng Israel, tinutulungan din nilang madala ang panghuli nilang pagkawasak. Halimbawa, sa panahon ni Solomon ang mga taong ito na naging alipin ang nagtayo ng kanyang dakilang kaharian (2 Cron.2:17-18). Gayunpaman, ang mga asawa niya rin mula sa parehong mga tao ang kalaunan ay bumaling sa puso ni Solomon palayo sa Panginoon (1 Ha.11:1-8). Ito ay nagdala ng idolatriya, pagkahati, at pagkawasak sa kaharian.

Katulad sa mga Israelita, kailangan nating maging maingat sa parehong mga tukso na ibibigay sa atin ng kompromiso. Sa halip na sirain ang ating mga kaaway kapag malakas tayo, hinahayaan ba natin silang manatili, at iniisip na gamitin sila para sa ating kapakinabangan? Sinisikap ba nating gamitin ang sanlibutan, ang laman, o ang demonyo upang maganap ang ating adhikain? Sa ating kahihiyan, maraming beses na hinahangad ng mga Kristiyano na gumamit ng pandaraya, pagnanasa, galit, o iba pang mga kasiraan bilang kanilang "mga kasangkapan" upang makuha ang sarili nilang kagustuhan.  Ang mga taktikang ito ay maaaring pansamantalang makapagdala ng mga resulta, ngunit dadalhin din nila ang huling pagbagsak ng sinuman na natutong magtiwala sa kanila. Huwag matutong gumamit ng makamundong pamamaraan, ang mga gawa ng laman, o demonyong kapangyarihan para sa iyong sariling kalamangan. Huwag mo silang gamitin- lupigin mo sila, at palayasin ng tuluyan palabas sa iyong buhay, sa iyong pamilya, at iyong ministeryo!

## Kabanata 17: Mga Hangganan ng Kalahati ng Tribo ni Manases

Ang susunod na kabanatang ito ay nagsasabi sa atin tungkol sa mana ng kalahati ng tribo ni Manases na nanirahan sa Lupang Pangako. Ang iba pang kalahati ay pinili na ariin ang teritoryo ng Basan sa maling bahagi ng Jordan (Jos.13:29-33). Ngayon, gayunpaman, ang higit na tapat na kalahati ng tribo ay tumanggap ng kanilang teritoryo sa Lupang Pangako sa pagitan ng tribo ni Efraim, Asher, at Isacar.

Ang isang pamilya ng tribo ni Manases ay binanggit sa ulat na ito, ang pamilya ni Zelofehad. Mababasa natin, "Ngunit si Zelofehad na anak ni Hefer, na anak ni Gilead na anak ni Makir, na anak ni Manases, ay hindi nagkaroon ng mga anak na lalaki kundi mga babae; ito ang mga pangalan ng kanyang mga anak: Mahla, Noa, Hogla, Milca, at Tirsa. Sila'y lumapit sa harapan ng paring si Eleazar at sa harapan ni Josue na anak ni Nun, at sa harapan ng mga pinuno at sinabi, "Iniutos ng PANGINOON kay Moises na bigyan kami ng pamana kasama ng aming mga kapatid na lalaki," kaya't ayon sa utos ng PANGINOON ay kanyang binigyan sila ng pamana kasama ng mga kapatid ng kanilang ama" (Jos.17:3-4).

Ang kwentong ito ay nagsimula pabalik sa Aklat ng Mga Bilang. Nang mamatay si Zelofehad na walang anak na lalaki na magdadala sa pamana ng pamilya, ang kanyang mga anak na babae ay lumapit kay Moises at hiniling na ibigay ito sa kanila (Bil. 27:1-4). Sumangguni si

Moises sa Panginoon tungkol dito at tumanggap ng sumusunod na tagubilin: “Nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinasabi, “Tama ang sinasabi ng mga anak na babae ni Zelofehad. Bigyan mo sila ng ari-arian na pinakamana mula sa mga kapatid ng kanilang ama; at iyong isasalin ang mana ng kanilang ama sa kanila. At iyong sasabihin sa mga anak ni Israel, “Kung ang isang lalaki ay mamatay at walang anak na lalaki, inyong isasalin ang kanyang mana sa kanyang anak na babae… At ito ay magiging isang tuntunin at batas sa mga anak ni Israel gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises” (Bil.27:6-8, 11).

Ang mga alintuntuning ito ng likas na batas ng pamana ay may mahalaga ring espirituwal na aplikasyon para sa atin ngayon. Karamihan sa mga Israelitang babae ay nakibahagi sa mana ng lupain sa pamamagitan ng asawa na kanilang pinakasalan. Sa Katawan ni Cristo ay makikita natin ang pagkakahalintulad. Maraming mga kababaihan ay tumatanggap ng kanilang espirituwal na mana sa pamamagitan ng pagsuporta sa gawain ng kanilang asawa. Habang ang mga kababaihang ito ay may sariling natatanging mga kaloob at kakayahan, sila ay pangunahing aktibo sa pagsuportang tungkulin sa kanilang mga asawa at pamilya. Sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga asawa na matupad ang plano ng Diyos sa kanyang buhay at ministeryo, magkasama silang hahati sa walang hanggang mga gantimpla na nakuha ng kanyang ministeryo. Ang prinsipyong ito ay makikita rin sa batas na itinatag ni Haring David sa 1 Samuel 30:24-25. Idineklara ni David na magkakaroon ng pantay na paghahati ng samsam sa labanan sa pagitan ng mga nasa digmaan at sa mga sumusuporta sa hukbo mula sa likuran. Ang isang ginang na naiiwan sa bahay, itinataguyod ang pamilya, at sinusuportahan ang asawa ay maaaring makatanggap ng parehong mana o gantimpala tulad ng kanyang asawa na naglilingkod sa Panginoon sa “unahan ng labanan”

Gayunpaman, mayroon ding mga Israelitang kababaihan (gaya ng mga anak na babae ni Zelofehad) na binigyan ng sarili nilang mana sa Lupang Pangako. Sa magkatulad na paraan, ngayon ay may mga kababaihang Kristiyano na tinawag ng Diyos na magkaroon ng sarili nilang espirituwal na ministeryo. Maaari nilang matupad ang kanilang ministeryo bilang solong tao na hindi na kailanman mag-aasawa, gaya ni Corrie Ten Boom, Madame Guyon, at Mary Slessor kasama ng maraming iba pa sa kasaysayan ng iglesya. Ang iba ay maaaring magtrabaho bilang katuwang sa ministeryo kasama ang kanilang asawa.

Sa aking sariling pamilya kami ay biniyayaan ng Panginoon ng dalawang anak na babae at walang mga anak na lalaki. Habang ako at ang aking maybahay ay binigyan ng Panginoon ng kakayahan na magbahagi ng espirituwal na mga kaloob at ministeryo sa maraming mga espirituwal na anak na lalaki, nanalangin din kami na ang aming pagkatawag sa ministeryo ay maibahagi sa aming mga anak na babae. Ang Diyos ay nangusap ng mga mabiyayang mga pangako sa kanila at alam namin na ang aming mga anak ay binigyan ng aming pagkatawag at ministeryo bilang isang pamana sa pamilya.

Ang tala ng minana ng mga anak na babae ni Zelofehad ay may iba pang mahalagang aral para sa atin. Sa Bilang 36:1-6 ay mababasa pa natin, “Ang mga puno ng mga sambahayan …ay nagsabi, “Ang PANGINOON ay nag-utos sa aking panginoon na ibigay sa pamamagitan ng palabunutan ang lupain na pinakamana sa mga anak ni Israel at inutusan din naman ng PANGINOON ang aking panginoon na ibigay ang mana ni Zelofehad na aming kapatid sa

kanyang mga anak na babae. Kung sila'y mag-asawa sa kaninuman sa mga anak ng ibang mga lipi ng mga anak ni Israel ay aalisin ang mana nila na mula sa mana ng aming mga ninuno, at idaragdag sa mana ng lipi na kinabibilangan nila; sa gayo'y aalisin ito sa manang nauukol sa amin…At iniutos ni Moises sa mga anak ni Israel ayon sa salita ng PANGINOON, na sinasabi, "Tama ang sinasabi ng lipi ng mga anak ni Jose." Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON tungkol sa mga anak na babae ni Zelofehad, na sinasabi, 'Hayaan silang mag-asawa sa sinumang iniisip nila na pinakamabuti; ngunit sa angkan ng lipi lamang ng kanilang ama.'"

Nakita ng mga pinuno ng Israel na ang mga hangganan ng lalawigan ng labindalawang tribo ay maaaring magsama. Kung ang mga babaeng nagmamay-ari ng lupa ay mag-aasawa ng mga kalalakihan mula sa ibang tribo, sa gayon ang mga kalalakihang ito ay magiging sanhi na ito ay magiging pag-aari na ng kanilang sariling mga tribo. Upang maprotektahan ang mga pamana ng mga tribo mula sa pagkalito at kaguluhan, sinabi ng Panginoon sa mga anak na babae na may namana, "Hayaan silang magpakasal sa iniisip nila na pinakamabuti, ngunit mag-aasawa lamang sila sa loob ng pamilya na katribo ng kanilang ama."

Ang utos na ito ay naghahayag ng isang bagay na napakamahalaga para sa atin ngayon. Kung ang isang babae ay may isang personal na pagkatawag sa ministeryo ay kailangan niyang mas maging maingat tungkol sa kung sino ang kanyang pakakasalan. Kailangan niyang mapangasawa ang isang tao na nagmula sa sarili niyang "tribo," ibig sabihin isang lalaki na may kaparehong pangitain at pagkatawag mula sa Diyos. Kung siya ay magpapakasal at magpasailalim sa pamamahala ng isang lalaki na may ibang pagkatawag, ay kailangan niyang magpasakop at suportahan ang pagkatawag nito. Sa gayong mga sitwasyon, ang kanyang personal na pagkatawag ay mawawala. Halimbawa, kung ang isang babae na may pagkatawag ng pagmimisyon sa Tsina ay nagpakasal sa isang pastor na taga-Canada, ano ang mangyayari? Susundin ba ng lalaki ang panawagan ng kanyang maybahay, aalis ba siya sa iglesya at lilipat sa Tsina? Hindi, ang asawang babae ang magpapasailalim sa kanyang asawa at susunod dito. Sa sitwasyong ito ang babae na tinawag sa Tsina ay dapat manatili sa Canada at isuko ang kanyang pagkatawag sa pagmimisyon. Dapat niyang suportahan ang ministeryo ng kanyang asawa sa pagpapastor, at sa paggawa nito ay magkakaroon siya ng bahagi sa gantimpala o pamana na ibubunga ng ministeryo nito. Gayunman, sa paggawa nito ay mawawala niya rin ang personal na pamana na una nang inialok sa kanya ng Panginoon bilang isang misyonero. Gayundin, dahil siya ay nilikha na may kakaibang pagkatawag at hangarin kaysa sa kanyang asawa, mahihirapan siyang maging isang mabuting asawa ng pastor.

Narinig ko ang isang babaeng mangangaral minsan na nagpatotoo na siya ay tinawag na maging isang manlalakbay na ebanghelista noong siya ay bata pa. Gayunpaman, ang lalaki na kanyang napangasawa ay tinawag na maging isang pastor. Sa loob ng maraming taon ay nakadama siya ng pagkabigo dahil nais niyang magbiyahe at mangaral, ngunit ang kanyang asawa ay palaging nananatili sa kawan at naglilingkod sa kanila. Nagkaroon siya ng kapaitan at naging mapaghimagsik na maybahay na kinalaunan ay naging sanhi ng maagang pagkamatay ng kanyang asawa. Sa kanyang patotoo ay nagbigay siya ng malinaw na babala: mga kabataang babae, huwag maging katulad ko!

Ang Bagong Tipan ay nag-uutos sa bawat Kritiyanong babae na magpakasal lamang sa kapwa Kristiyano at huwag makipamatok (2 Cor.6:14). Gayunpaman, sa pamamagitan ng nakatala sa mga anak ni Zelofehad, nakita natin na mayroong mas mataas na pamantayan para sa mga tinawag sa ministeryo. Upang mapanatili ang sarili nilang pamana ay dapat nilang pakasalan ang isang tao na may parehong pagkatawag, isang tao na mula sa sarili nilang espirituwal na "tribo." Mga kapatid na babae, kung kayo ay buong kabaitan na binigyan ng Diyos ng isang pagkatawag sa ministeryo, pahalagahan ito bilang isang napakahalagang mana. Pumili ng mapapangasawa na iyong magiging katuwang, hindi ang iyong hadlang, sa pagtupad ng magandang plano ng Diyos para sa iyong buhay.

Marahil ay nakapag-asawa ka na at natuklasan na ang iyong asawa ay hindi sumusuporta sa kung ano ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos. Huwag mawalan ng pag-asa at sumuko, sapagkat kayang baligtarin ng Diyos ang sitwasyon higit sa ating mga kakayahan at mga inaasahan. Sinasabi sa atin ng Bibliya "At nalalaman natin na sa lahat ng mga bagay ang Diyos ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kanya, sa kanila na mga tinawag alinsunod sa kanyang layunin" (Rom.8:28). Tayo ay naglilingkod sa isang Diyos na dalubhasa sa pagbibigay ng "bulaklak sa halip na mga abo." Kaya Niyang kunin ang kasakitan at mga pangarap na hindi natupad sa ating mga buhay, at ipagkaloob ang Kanyang biyaya upang maisakatuparan ang mga dakilang bagay sa atin at sa pamamagitan natin.

May isa pang kwento sa kabanatang ito na mayroong aral na maibabahagi sa atin. Pagkatapos maisulat ang mga hangganan ng kalahating tribo ni Manases, ang mga talata labing-apat hanggang labingwalo ay nagsasabi sa atin tungkol sa reklamo ng mga anak ni Jose. Ang mga "anak ni Jose" na ito ay tumutukoy sa tribo ni Efraim gayundin ang kalahating tribo ni Manases na kapwa nabigyan na ng kanilang mana.

Mababasa natin mula doon, "Ang mga anak ni Jose ay nagsalita kay Josue, "Bakit ang ibinigay mo sa akin bilang pamana ay isa lamang lote at isang bahagi, bagaman ako'y isang malaking sambayanan…Ang lupaing maburol ay hindi sapat para sa amin; at ang lahat ng mga Cananeo na naninirahan sa lupain ng libis, ang mga naninirahan sa Bet-shan at sa mga nayon niyon, gayundin ang mga nasa libis ng Jezreel ay may mga karwaheng bakal…At sinabi ni Josue sa sambahayan ni Jose, ni Efraim at ni Manases, "Ikaw ay malaking bayan, at may dakilang kapangyarihan; hindi marapat sa iyo ang isang bahagi lamang; kundi ang lupaing maburol ay magiging iyo. Bagaman isang gubat, ito ay mahahawan ninyo at maaangkin hanggang sa kanyang pinakadulong hangganan. Mapapalayas mo ang mga Cananeo, bagaman sila'y may mga karwaheng bakal, at bagaman sila'y malalakas."

Ang pangunahing reklamo ng mga tribong ito ay na hindi sila binigyan ni Josue ng sapat na lupain. Sila ay nagreklamo na sila ay malaking sambahayan na karapatdapat sa mas higit pa. Gayunpaman, hindi sila umaakto na "malaking sambahayan" nang makita nila ang mali sa parehong kabundukan at kapatagan! Ang kabundukan ay hindi pa natitirhan at hindi kasiya-siya dahil sa makapal na kakayuhan doon. Sa kabilang banda, ang kapatagan ay may kabaligtaran na kahirapan dahil may mga naninirahan na! May naghihintay na trabaho sa mga anak ni Jose, ang linisin ang magubat na kabundukan at ang tinitirhang kapatagan. Tiniyak sa kanila ni Josue na

dahil sila ay isang malaking sambahayan ay kayang-kaya nilang ariin ang kanilang lupain at masusumpungan ito na isang sapat na pamana.

Ang reklamo ng mga tribong ito kay Josue ay inuulit ngayon ng mga pagpuna ng ating karnal na kalikasan kay Cristo. Maaaring nagrereklamo tayo sa Panginoon tungkol sa kabundukan gayundin din sa kapatagan ng ating mga buhay. Marahil ay ayaw nating mag-isa, at marahil ayaw natin na napapaligiran tayo ng mga tao! Kung hindi tayo mananatili sa tagumpay ng Isang Ipinako sa Krus magrereklamo tayo tungkol sa ating mga sitwasyon na kailangan nating harapin at lupigin sa ating buhay Kristiyano. Ang mga mananagumpay ay hindi nilikha ng biglaan, sila ay unti-unti hinubog sa pamamagitan ng mga nagniningas na mga pagsubok sa palihan ng kahirapan. Ang tunay na papuri para sa atin na maging isang "malaking sambahayan" ng Diyos ay hindi ang "inaangkin" natin kapag ang mga kongregasyon ay nagtitipon, kundi kung ano ang ating "ipinamumuhay" kapag tayo ay lumalabas upang magtrabaho at makipaglaban sa kaaway. Kapag nagreklamo tayo na karapat-dapat tayo sa mas higit pa, iyon ay hindi nangangahulugan na ang Panginoon ay hindi nahabag o naging maramot sa atin. Ang talagang inilalantad nito ay hindi talaga tayo naging masipag na gamitin kung ano ang ibinigay sa atin ng Diyos! Kung tayo ay tapat sa maliliit na bagay, tayo ay bibigyan ng Diyos ng higit pa. Kung tayo ay tapat sa ating "Jerusalem," ang Panginoon kung gayon ay dadalhin tayo sa ating "Judea at Samaria." Kapag sinabi natin na karapat-dapat tayo sa mas higit pa at magreklamo tungkol sa mga limitasyon sa ating paligid (gaya marahil sa ating lokal na iglesya), ay talagang ipinapakita natin na hindi pa tayo naging mananagumpay sa ating kasalukuyang mga sitwasyon sa buhay.

Upang makamit ang tagumpay at pagpapalawak na kailangan natin, sundan natin ang parisan na ibinigay ni Josue sa mga anak ni Jose: itaboy ang mga kaaway, at magtrabaho! Kung itataboy natin ang mga kaaway na nagtatago pa rin sa ating mga buhay, at magtrabaho ng ating buong lakas, makikita natin kung gayon na ang mana na ibinigay sa atin ng Panginoon ay talagang higit pa sa sapat upang matugunan ang bawat pangangailangan natin. Hindi natin kailangang magreklamo tungkol sa lote natin sa buhay, kundi sasabihin kasama ng Salmista na, "Ang pisi ay nahulog para sa akin sa magagandang dako; oo, ako'y may mabuting mana" Awit 16:6

## Kabanata 18: Mga Hangganang Inihanda para sa Huling Pitong mga Lipi, ang mga Hangganan ni Benjamin

"Kaya't ang buong kapulungan ng mga anak ni Israel ay nagtipun-tipon sa Shilo, at doon ay itinayo ang toldang tipanan. Ang lupain ay napasailalim sa kanilang pangangasiwa. May nalalabi pang pitong lipi sa mga anak ni Israel na hindi pa nababahaginan ng kanilang pamana. At sinabi ni Josue sa mga anak ni Israel, "Hanggang kailan kayo magpapakatamad na pasukin ang lupaing ibinigay sa inyo ng PANGINOON, ng Diyos ng inyong mga ninuno?" (Josue 18:1-3).

Makalipas ang pitong taong digmaan ang mga Israelita ay higit pa sa handa na tamasahin ang mga gantimpala ng kanilang mga pagsisikap. Ang lupain ay nasakop at ang mga dating nakatira na nanatili pa rin ay takot na takot sa mga Israelita para umaklas laban sa kanila.

Bilang isang pagkilos na sumisimbolong kinukuha nila ang pagmamay-ari sa Canaan, itinatag ng mga Israelita ang Tabernakulo ni Moises sa gitna ng lupain, sa Shilo. Dito nanirahan ang Panginoon sa gitna ng Kanyang bayan. Gayunman, kinailangan ni Josue na hikayatin ang pitong mga lipi na naging mabagal sila sa pag-angkin sa natitirang lupain. Sila ay mga mananagumpay na, subalit mabagal pa rin na isagawa ang huling pagsisikap na kinakailangan upang maitaboy ang mga nalupig na kaaway at sakupin ang buong lupain. Gaano ka magkatulad ang karnal na kalikasang natitira- kahit ngayon, habang iniaalok ng Panginoon na mabubuhay tayo sa buong tagumpay ng Kalbaryo, madalas ay nasisiyahan ang tao na huwag palayasin ang mga kaaway na nananatili sa paligid natin hangga't hindi sila nagdudulot ng kasalukuyang problema sa atin! Tulad ng ginawa ni Chamberlain kay Hitler, ang tendesiya nating tao madalas ay makikompromiso sa kaaway hangga't maaari nating maipagmalaki na nakakuha tayo ng "kapayapaan sa ating kapanahunan."

Upang hadlangan itong lumalagong kawalang interes, nakita ni Josue na kailangan ng mga Israelita ng isang sariwang pangitain ng kung ano ang ibinigay ng Panginoon sa kanila. Kaya't iniutos ni Josue, "…Inyong iguguhit ang lupain sa pitong bahagi, at inyong dadalhin ang pagkaguhit dito sa akin at magpapalabunutan para sa inyo sa harap ng PANGINOON nating Diyos… Kaya't ang mga lalaki ay humayo at lumibot sa lupain, at hinati sa pito ang mga bayan. Pagkatapos na maiguhit ito sa isang aklat, sila'y bumalik kay Josue sa kampo sa Shilo. At ginawa ni Josue ang palabunutan para sa kanila sa Shilo sa harap ng PANGINOON; at doon ay binahagi ni Josue ang lupain sa mga anak ni Israel ayon sa kanilang mga bahagi," Jos. 18:6-10. Nagpadala si Josue ng mga lalaki upang iguhit ang lupain at dalhin pabalik ang detalyadong ulat ng mga natitirang bahagi na hindi pa nahahati at naaangkin ng mga tribo. At nagpalabunutan si Josue para sa mga liping ito upang tumanggap ang bawat isa ng isang lalawigan mula sa mga lupain na minarkahan na.

Gaya ng pagpili ni Josue sa mana ng iba't ibang tribo kung saan ang tatanggapin, ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay napili na rin ang espirituwal na pamana na iaalok Niya sa bawat indibidwal na Kristiyano, pamilya, iglesya at denominasyon. Ang mga pamanang ito ay iniaalok sa bayan ng Diyos hindi lamang para sa kasalukuyan nating buhay sa mundo, kundi pati na rin sa ating walang hanggang tirahan at gantimpala. Ang pinakahuling bagay na sinabi kay Daniel sa pamamagitan ng isang anghel sa huling sandali ng kanyang buhay ay, "Ngunit humayo ka sa iyong lakad hanggang sa katapusan; at ikaw ay magpapahinga at tatayo para sa iyong gantimpala sa katapusan ng mga araw" (Dan. 12:13).

Maging sa makalangit na Bagong Jerusalem, napag-alaman natin na mayroong labindalawang mga tarangkahan na kung saan ang iba't ibang "mga lipi" ng mga Kristiyano ay makahahanap ng mapapasukan sa iba't ibang lugar ng lungsod (Pah. 21:12). Hindi interesado ang Panginoon na gawin tayong lahat na maging katulad ng mga robot. Pinili Niyang gamitin ang paglalarawan ng katawan ng tao upang ipakita na ang katawan ni Cristo ay dapat binubuo ng maraming iba't ibang miyembro. Gayunpaman, napakahalagang malaman kung ano ang tinawag ng Diyos at sinanay sa atin na gawin upang ang bawat isa sa atin ay makapag-ambag ng ating mga kakayahan at makuha ang ating gantimpala.

## Kabanata 19: Mga Hangganan nina Simeon, Zebulon, Isacar, Aser, Neptali at Dan

Itinatala ng kabanatang ito ang heograpiyang mga hangganan ng huling anim na mga lalawigan na minarkahan para sa mga tribo ng Israel. Ang mana ng lipi ni Simeon, ang unang lugar na nabanggit, ay may aral na ituturo sa atin. Mababasa natin, “Ang pamana sa lipi ni Simeon ay bahagi ng nasasakupan ng anak ni Juda; sapagkat ang bahagi ng lipi ni Juda ay napakalaki para sa kanila; kaya't ang mga anak ni Simeon ay nagkaroon ng pamana sa loob ng kanilang pamana” (Jos.19:9). Ang lipi ni Simeon ay binigyan ng isang natatanging pamana na inilagay sa loob ng mga hangganan ng ibang lipi. Nakatulong ito na protektahan si Simeon sa loob ng mga hangganan ng mas malakas, mas malaking lipi ni Juda. Gayunpaman, nangangahulugan din ito na madaling mapapasunod ni Juda si Simeon. Ang lipi ni Simeon sa huli ay napahalo o “nadaig” na ng Juda kung kaya’t nang maghiwalay ang kaharian pagkatapos ng panahon ni Solomon, ang kaharian sa timog (kung saan nanirahan ang lipi ni Simeon) ay pinangalanan na lamang na Kaharian ng Juda.

Ang dahilan na hindi pinanatili ng lipi ni Simeon ang kanilang pagiging indibidwal ay matutunton pabalik kay Simeon, ang kanilang nagtatag na ama. Sinasabi sa atin ng aklat ng Genesis na dalawa sa labindalawang mga anak ni Israel, sina Simeon at Levi ay nagkaroon ng propetikong kahatulan na inilagay sa kanila ng kanilang ama. Pinatay nina Simeon at Levi ang mga kalalakihan ng kanilang bayan dahil ginahasa ng lokal na prinsipe ang kanilang kapatid na babae. Bilang resulta, nang ang kanilang ama ay nagpropesiya sa kanila bago siya mamatay ay kanyang sinabi, “Si Simeon at si Levi ay magkapatid; ang kanilang mga sandata ay mga kasangkapan ng karahasan…Sumpain ang kanilang galit, sapagkat ito ay mabangis; at ang kanilang poot, sapagkat ito ay malupit. Hahatiin ko sila sa Jacob, at ikakalat ko sila sa Israel” (Gen.49:5,7). Ang sumpang ito ay malawakang natupad sa pamamagitan ng pamana na ibinigay ng Panginoon sa tribo ni Simeon nang sila ay itinanim sa loob ng mga hangganan ni Juda.

Natanggap ni Simeon ang sumpang ito dahil sa kanyang kasalanan at kung paano niya inalipusta ang kanyang ama (Gen. 34:30). Maalala din natin kung paanong ang sumpa ay magkatulad na inilagay kay Ham ng kanyang ama, si Noe. Ang mga epekto ng mga kahatulang ito ay makakapagpatuloy sa mga henerasyon ng ating natural pati na rin sa ating espirituwal na mga anak.

“Igalang mo ang iyong ama at ina” ay ang ikalima sa Sampung Utos ni Moises. Ngunit si Apostol Pablo ay tinawag ito na “ang unang utos na may pangako” sa Efeso 6:2. Ang pangakong ito na naglalaman na sinasabi, “upang ang iyong mga araw ay humaba sa lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos” (Ex.20:12). Natural na lamang na ang sinumang iginagalang ang kanilang mga magulang ay anyayahang manatili sa lupain ng pamilya at bibigyan ng bahagi sa mana ng pamilya pagkatapos mamatay ang kanilang mga magulang. Sa kabaligtaran, totoo rin na ang isang rebelde sa pamilya ay maaaring palayasin sa bahay at mawalan ng mamanahin. Gayunpaman, ang prinsipyong ito ay mayroon ding isang espirituwal na aplikasyon. Kailangan nating igalang ang ating mga ama at ina kay Cristo kung gusto nating manatili sa espirituwal na pamana na maaari nilang ibahagi sa atin. Ang bawat pastor at tagapaglingkod na tunay na isang espirituwal na ama ay may pamana na maaari nilang ibahagi sa kanilang mga espirituwal na

anak. Kung mananatili tayong tapat na mga espirituwal na anak, matatanggap natin ang mga pagpapala, pagpapahid, at mga ministeryo na maaari nilang ipasa. Ngunit kung maging mapaghimagsik tayong mga anak na hindi iginagalang ang ating espirituwal na mga ama at ina, ang kahatulan ay maaaring bumagsak sa atin sa halip na pagpapala! Maaari nating maalis ang ating mga sarili mula sa pagkamit ng ating pamana. Ang isa pa na maaaring mangyari, tulad ng alibughang anak, ang ilan ay nakakuha na ng kanilang mana bago sila maging handa. Gayunpaman, ito ay maaaring magresulta sa kanilang mana na masayang at mawala.

Ang ikalimang utos ay hindi sinasabing, "igalang ninyo ang inyong ama at ina kung sila ay mabuti, marunong at espirituwal." Hindi, kailangan natin silang igalang dahil sila ang ating mga magulang. Kailangan din nating maging maingat na iginagalang natin ang ating mga ama at ina kay Cristo, kahit pa na maaaring marami silang mga kahinaan at mga pagkukulang! Nais natin sa biyaya ng Panginoon na parangalan sila sa parehong mga salita at ating mga gawa. Sa gayon ay mamarapatin natin ang ating mga sarili para sa isang mabuting pamana sa kaharian ng Diyos, at hindi lamang na tatanggapin natin ito, kundi tayo ay pinangakuan na "ang ating mga araw ay hahaba" sa ating mana. Iingatan natin ang mga pagpapala at ministeryo na binigay sa atin ng ating mga ama at ina kay Cristo, at hindi agad lulustayin ang ating mana, gaya ng ginawa ng Alibughang Anak.

Sa katapusan ng ikalabingsiyam na kabanata ng Josue mababasa natin, "Nang kanilang matapos ang pamamahagi ng lupain bilang pamana ayon sa mga hangganan niyon, ay binigyan ng mga anak ni Israel ng pamana si Josue na anak ni Nun sa gitna nila. Ayon sa utos ng PANGINOON ay kanilang ibinigay sa kanya ang lunsod na kanyang hiningi, ang Timnat-sera sa lupaing maburol ng Efraim; at kanyang muling itinayo ang lunsod at nanirahan doon" (Jos.19:49-50).

Matapos makumpleto ni Josue na ipamigay ang iba't ibang mga lalawigan sa 12 tribo, ay hiniling naman niya ang kanyang sariling mana. Ito ay isang dako mula sa kabundukan na tinanggap ng kanyang lipi, ang mga Efraimita. Ang lugar na pinili ni Josue ay ang Timnat Sera, na ang ibig sabihin ay "Bahagi ng Kasaganaan" o "Dalawang Bahagi." Ang pangalang ito ay naangkop sa pamana ni Josue. Tulad ng pagpatuloy ni Eliseo upang makuha ang dalawang bahagi, si Josue rin ay naging masigasig at tapat upang makuha ang lahat ng pinakamainam na inalok ng Panginoon sa kanya. Tanging si Josue at Caleb lamang ang naging karapatdapat na pumasok sa Lupang Pangako mula sa mga may edad na kalalakihang lumisan sa Ehipto. Si Josue nga ay tinawag na humalili kay Moises bilang susunod na lider ng bansa. At habang nakagawa si Josue ang ilang mga walang karunungang mga pagkakamali sa panahon ng kanyang ministeryo, siya ay isa sa iilan na mga pangunahing karakter sa Bibliya na hindi naitalang nakagawa ng anumang kasalanan. Walang alinlangan na karapatdapat si Josue na tumanggap ng isang masaganang gantimpala, kapwa sa kanyang natural na heograpiyang mana ng Temnat Sera pati na rin sa kanyang espirituwal na gantimpala sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

## Kabanata 20: Mga Kublihang Lungsod ay Itinalaga

"At ang PANGINOON ay nagsalita kay Josue, na sinasabi, Sabihin mo sa mga anak ni Israel, 'Pumili kayo ng lunsod-kanlungan na aking sinabi sa inyo sa pamamagitan ni Moises, upang matakbuhan ng taong nakapatay nang walang balak o hindi sinasadya at magiging kanlungan ninyo laban sa tagapaghiganti sa dugo. Siya'y tatakas patungo sa isa sa mga lunsod na iyon, at tatayo sa pasukan ng pintuan ng lungsod, at ipapaliwanag ang pangyayari sa pandinig ng matatanda sa lungsod na iyon. Kanilang dadalhin siya sa lungsod at kanilang bibigyan siya ng isang lugar upang siya'y manatiling kasama nila" (Josue 20:1-4).

Itong susunod na kabanata ng Aklat ni Josue ay nagsasabi sa atin ng tungkol sa mga lungsod-kanlungan na itinalaga ng Panginoon sa mga lipi ng Israel. Anim na lungsod ang pinili ng Diyos na maging dako ng proteksyon para sa sinuman na hindi sinasadyang makapatay ng isang tao. Kung sila ay tumakas sa isa sa mga lungsod, ang takas ay maaaring ipagsumamo ang kanyang kaso sa mga matatanda ng lungsod at ng lokal na kongregasyon. Kung masumpungan siyang inosente sa sadyang pagpatay, ang takas ay bibigyan ng matitirhan doon mula sa paghihiganti ng pamilya ng namatay.

Ang proteksyon na ito na handog ng mga lungsod-kanlungan ay binigyan ng isang espirituwal na interpretasyon sa Aklat ng Hebreo. Doon ay sinabi sa atin, "tayong nagtungo sa kanlungan ay magkaroon ng higit na katiyakang panghawakan ang pag-asang nakalagay sa harapan natin" (Heb.6:18). Sinabi pa ng Salmista na ang Panginoon ay ating kanlungan nang kanyang inihayag "Siyang naninirahan sa tirahan ng Kataas-taasan, ay mananatili sa lilim ng Makapangyarihan, sasabihin ko sa PANGINOON, "Aking muog at aking kanlungan, aking Diyos na siya kong pinagtitiwalaan…Ang mga nakakakilabot sa gabi ay di mo katatakutan, ni ang pana na nagliliparan kapag araw; ni ang salot na lihim na bumubuntot sa kadiliman, ni ang pagkawasak na sumisira sa katanghalian. Mabubuwal sa iyong tabi ang isang libo, sa iyong kanan ay sampung libo, ngunit ito'y hindi lalapit sa iyo…Sapagkat ikaw, O PANGINOON, ay aking kanlungan! Ang Kataas-taasan bilang iyong tahanan; walang kasamaang darating sa iyo, walang parusang lalapit sa tolda mo" (Aw.91:1-2, 5-7, 8-10).

Sa Josue 20:6 sinabi sa atin na ang mga takas ay dapat manatili sa lungsod-kanlungan hanggang sa kamatayan ng punong saserdote ng Israel. Pagkatapos ay legal na siyang malaya na makabalik sa sarili niyang bayan at lupain. Sa natural, ito ay panahon ng "pagpapalamig" para sa mga galit na kamag-anak ng taong namatay. Gayunpaman, itinuturo tayo nito sa isang mas mataas na katuparan. Sa Bagong Tipan tayo ay mayroong dakilang Punong Saserdote, ang Panginoong Jesu-Cristo. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan tayo ay napalaya mula sa lahat ng mga bunga ng kasalanan at kamatayan, upang maibalik tayo sa plano at pamana ng Diyos para sa ating mga buhay.

## Kabanata 21: Ang mga Pamilyang Levitico at Nakatalagang mga Lungsod

"Nang magkagayo'y lumapit ang mga puno ng mga sambahayan ng mga angkan ng mga Levita kay Eleazar na pari, at kay Josue na anak ni Nun at sa mga puno ng mga sambahayan ng

mga angkan ng mga lipi ng mga anak ni Israel. At sila'y nagsalita sa kanila sa Shilo, sa lupain ng Canaan, na sinasabi, “Ang PANGINOON ay nag-utos sa pamamagitan ni Moises, na bigyan kami ng mga bayang matitirahan, at mga pastulan para sa aming hayop.” Kaya't mula sa kanilang minana ay ibinigay ng mga anak ni Israel sa mga Levita ang mga lungsod na ito pati ang mga pastulan nito, ayon sa utos ng PANGINOON” (Joshua 21:1-3, 41).

Ang huling lipi ng Israel na nagkaroon ng bahagi ng kanilang mana ay ang tribo ni Levi. Sila ang nag-iisang tribo na hindi binigyan ng isang bahagi o lalawigan ng Lupang Pangako. Kaugnay dito, ito ay napagplanuhan na na sila ay hindi bibigyan ng natural na pamana. Sa Josue 13:33 ay ipinahayag na ito na sinasabing, “Ngunit sa lipi ni Levi ay walang ibinigay na pamana si Moises; ang PANGINOON na Diyos ng Israel ay kanilang pamana, gaya ng kanyang sinabi sa kanila.”

Sa halip na makatanggap ng isang lalawigan, ang mga angkan at pamilya ng mga Levita ay itinalaga sa iba’t ibang mga lungsod sa buong lupain kung saan sila maninirahan. Ang lahat ng apatnapu’t walong lungsod ay ibinigay sa kanila mula sa 12 mga lalawigan ng iba pang mga lipi.

Bakit ang natatanging kaayusan na ito ay ginawa para sa tribo ng Levi? Ang isang dahilan ay dahil sa propetikong sumpa na nabanggit na natin na ibinigay sa mga tribo ni Simeon at Levi. Dahil sa kanilang kasalanan ng pagpatay sa sariling-katuwiran, inihayag ng kanilang ama sa kanila, “Sumpain ang kanilang galit, sapagkat ito ay mabangis; at ang kanilang poot, sapagkat ito ay malupit. Hahatiin ko sila sa Jacob, at ikakalat ko sila sa Israel” (Gen.49:7). Sa kaso naman ni Simeon ang sumpa na ito ay natupad nang tuluyang silang natabunan ng mas malaking tribo ni Juda. Ang sumpa ay natupad sa mga Levita nang sila ay nangalat sa Israel upang manirahan kasama ang iba pang mga tribo.

Gayunpaman, mayroon ding mas malalim na dahilan kung bakit ang mga Levita ay nangalat sa mga lungsod ng ibang mga lipi. Habang ginamit ni Levi sa sariling katuwiran ang tabak upang magdala ng kahatulan sa kanyang angkan, mapag-aaralan din natin kinalaunan kung paano ginamit ng mga Levita ang kanilang mga tabak para sa katuwiran ng Diyos. Sa pamamagitan ng kaganapan na iyon ang mga Levita ay tumanggap ng isang gantimpala na nagpabalik sa kanilang orihinal na sumpa sa isang pagpapala nang sila ay nagsipangalat.

Nabasa na natin ito sa ikalawang pagkakataon nang ang mga Levita ay gumamit ng tabak ng paghahatol sa Exodo 32. Ito ay nangyari nang si Moises ay bumaba mula sa Bundok ng Sinai dala ang Sampung Utos at nadatnan ang mga Israelita na gumawa at sumasamba sa isang gintong guya. Mababasa natin, “Nang makita ni Moises na ang bayan ay nagwawala (sapagkat pinabayaan sila ni Aaron na magwala, sa kanilang kahihiyan sa gitna ng kanilang mga kaaway), tumayo si Moises sa pintuan ng kampo, at nagsabi, “Sino ang nasa panig ng PANGINOON? Lumapit kayo sa akin.” At lahat ng mga anak ni Levi ay nagtipon sa kanya. Sinabi niya sa kanila, “Ganito ang sabi ng PANGINOONG Diyos ng Israel, ‘Ilagay ng bawat lalaki ang kanyang tabak sa kanyang tagiliran. Humayo kayong paroo't parito sa mga pintuan sa buong kampo, at patayin ng bawat lalaki ang kanyang kapatid na lalaki, ng bawat lalaki ang kanyang kasama, at ng bawat lalaki ang kanyang kapwa.’” Ginawa ng mga anak ni Levi ang ayon sa salita ni Moises; at nabuwal ang halos tatlong libong katao sa mamamayan nang araw na iyon. Sinabi ni Moises, “Itinalaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa paglilingkod sa PANGINOON, bawat isa sa halaga ng

kanyang anak na lalaki o kapatid na lalaki, kaya't kayo ay nagdala sa inyo ng pagpapala sa araw na ito" (Ex.32:25-29).

Nang unang ginamit ni Levi ang kanyang tabak sa paghatol sa pansariling katuwiran, siya ay sinumpa. Ngunit nang ginamit ng mga Levita ang kanilang mga tabak sa ikalawang pagkakataon upang ibigay ang paghahatol ng Panginoon, nakita natin na sila ay tumanggap ng pagpapala. Ipinropesiya ni Moises ang pagpapalang ito sa kanila sa huling sandali ng kanyang ministeryo, gaya ng dati kung paano ipinahayag ni Jacob ang sumpa kay Levi sa huling sandali ng kanyang buhay.

Ang pagpapalang ito ay nakatala sa Deuteronomio 33:8-11 kung saan ay mababasa natin, "Ang iyong Tumim at ang iyong Urim ay para sa inyong mga banal…na siyang nagsabi tungkol sa kanyang ama at ina, 'Hindi ko siya nakita;' ni hindi niya kinilala ang kanyang mga kapatid, ni hindi kinilala niya ang kanyang sariling mga anak. Sapagkat kanilang sinunod ang iyong salita, at ginaganap ang iyong tipan. Ituturo nila ang iyong batas kay Jacob, at ang iyong mga kautusan sa Israel; sila'y maglalagay ng insenso sa harapan mo, at ng buong handog na sinusunog sa ibabaw ng iyong dambana. Basbasan mo, PANGINOON, ang kanyang kalakasan, at tanggapin mo ang gawa ng kanyang mga kamay…"

Nang paslangin nina Levi at Simeon ang mga kalalakihan sa kanilang bayan, sila ay hindi naging patas sa kanilang paghatol dahil sa kanilang kapatid. Ngunit kinalaunan nang ipinatupad ng mga Levita ang hatol ng Diyos, sila ay walang pagkikiling sa kanilang mga kamag-anak. Ipinadala sila ng Panginoon na lumakad sa buong kampo at iwasiwas ang kanilang mga tabak upang hatulan ang idolatriya ng Israel. Inuulos nila ang kanilang tabak sa sinuman na kanilang masalubong, kahit pa ang mga ito ay kamag-anak, kaibigan, o kapitbahay.

Kahit na ang kwentong ito ay tila malupit, ito ay may importanteng aral na itinuturo sa atin. Ang isang malaking pagkakaiba sa pagitan ng pagiging matuwid sa sarili at pagpapatupad ng katuwiran ng Diyos ay kung tayo ba ay papanig sa ating mga kamag-anak at mga kaibigan.

Dahil dito, natanggap ng lipi ni Levi ang pagkasaserdote mula sa mga tribo ng Israel. Ipinropesiya ni Moises na sila ay bibigyan ng Urim at Thummin, maglalagay ng inseso sa harap ng Panginoon, at mag-aalay ng mga haing handog sa Diyos. Binigyan din sila ng pribilehiyo na ituro ang kautusan ng Diyos sa iba pang mga tribo. Ang mga Levita ay naging mga tagapaglingkod ng Lupang Tipan na pinangunahan ang bayan ng Diyos sa mga landas ng katuwiran.

Sino ang pipiliin ng Diyos sa ministeryong ito sa ating panahon? Sino ang magtuturo ng kautusan ng Diyos sa katawan ni Cristo? Hindi ang mga taong matutuwid sa sarili na iwinawasiwas ang tabak ng Salita ng Diyos nang may kinikilingan, kundi ang mga walang pinapanigan kahit pa sa pinakamalapit nilang mga kaibigan at kamag-anak. Oo, si Levi ay tumanggap ng isang sumpa nang ang kanyang pagmamatuwid sa sarili ay ipinahiya ang kanyang ama. Gayunpaman, ang mga Levita kinalaunan ay tumanggap ng isang pagpapala nang natutunan nilang igalang ang katuwiran ng Diyos ng higit sa kanilang mga ama at ina. Napakamahalaga na igalang natin ang ating ama at ina, ngunit pinakamahalaga na igalang natin ang ating Ama sa Langit ng higit sa lahat! Ang mga tagapaglingkod na iginagalang ang Diyos sa

pamamagitan ng pagiging walang-kinikilingan sa mga kamag-anak at kaibigan sa iglesya ay tatanggapin sa kanilang mga ministeryo ang pagpaparangal ng Diyos (1 Sam.2:29-30).

Bahagi ng pagpapala ng mga Levita na natanggap mula kay Moises ay, "Ituturo nila ang iyong batas kay Jacob, at ang iyong mga kautusan sa Israel." Dahil ang mga Levita ay pinili upang maging mga tagapagturo ng bansa, ang sumpa ni Jacob ay naging isang pagpapala. Nang nangalat ang mga Levita sa buong lupain upang manirahan sa kanilang mga lungsod, ito ay nagbigay sa kanila ng kakayahan na maging "asin" at "ilaw" ng bansa (Mt.5:13-15). Dahil hindi nila natanggap ang sarili nilang lalawigan bilang isang pamana, nagkaroon sila ng kakayahan na manirahan kasama nila at turuan ang buong bansa. Ang kanilang espirituwal na ministeryo sa Diyos at sa mga tao ay naging kanilang mana sa halip na isang natural na pamana ng lupain. "Ngunit sa lipi ni Levi ay walang ibinigay na pamana si Moises; ang PANGINOON na Diyos ng Israel ay kanilang pamana, gaya ng kanyang sinabi sa kanila" (Josh.13:33).

Habang ang lipi ni Levi ay nagsimula sa isang sumpa, nakita natin na nagtapos sila sa isang pagpapala. Ito ang kinalulugdang gawin ng ating Panginoon. "Ginawang pagpapala ng Diyos ang isang sumpa" (Deut.23:5, Neh.13:2). Itinuro ng ating Panginoong Jesus na, "pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo at ipanalangin ninyo ang mga umaapi sa inyo." Mababasa din natin na, "Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan nang siya'y naging sumpa para sa atin—sapagkat nasusulat, "Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy"—upang kay Cristo Jesus ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Hentil, upang ating tanggapin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya" (Gal.3:13-14).

Kaya ng Panginoong Jesus na alisin tayo mula sa mga malalang karanasan ng pamilya, pagkaalipin, at sumpa kung hinahangad natin na Siya ay ganap na igalang at sundin. Ang pinakamalalang sumpa sa buong kasaysayan- ay nang ang Anak na walang kasalanan ay ipinako sa krus- inikot ng Diyos upang ibigay ang pinakadakilang mga pagpapala! Sa pamamagitan ng krus, ay inaalok tayo ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng pamana sa mga pinaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo (Gawa 26:18). Makakamtan natin ang pamana mula sa mga bansa habang tayo ay naglilingkod sa Panginoon (Aw. 2:8). Makakakuha tayo ng isang posisyon sa milenyong kaharian ng Diyos kapag bumalik na si Cristo upang pamunuan ang mundo (Mt. 25:31-35). Sa walang hanggang darating iniaalok ng Diyos sa atin ang pangako, "Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Diyos niya at siya'y magiging anak ko" (Pah.21:7).

Kayang gumawa ng Panginoon ng katubusan upang gawing pagpapala ang bawat sumpa kapag ang ating mga puso ay ganap na nakatuon sa Kanya. Gayunpaman, ang kabaligtaran nito ay totoo rin. Kung kalimutan natin ang Panginoon, kahit ang mga pinakadakilang pagpapala ay maaaring maging isang sumpa! Ito ang nangyari sa Alibughang Anak sa Lucas kabanata 15. Tinanggap niya ang isang mabuting pamana mula sa kanyang ama, ngunit ang pinakamatamis na mga pagpapala ay naging abo sa kanyang bibig habang siya ay nanumbalik sa kasalanan.

Ang susi, kung gayon, sa kung makakatanggap ba tayo ng isang pinagpala o isinumpang mana ay ang kalagayan ng ating puso. Kung ang ating puso ay nakatuon sa Panginoon magsisimula tayong makakakuha ng isang pinagpalang pamana. Kung patuloy pa rin tayong umaani ng mga sumpa mula sa mga naunang taon ng ating mga buhay- o kahit sa mga naunang

henerasyon- ang mga sumpang ito ay unti-unting magiging mga pagpapala kung buong puso nating hahangarin na gawin ang kalooban ng Diyos! Gaya ng inihayag ng Roma 5:20 "Subalit dumating ang kautusan na nagbunga ng pagdami ng pagsuway, ngunit kung saan marami ang kasalanan, ay lalong dumarami ang biyaya."

Gaya ng naitala ng Josue sa kabanata 21, ang mga Levita ang huling lipi na nanirahan sa kanilang lokasyon. Pagkatapos silang mabigyan ng kanilang mga lungsod ang aklat ng Josue ay nagtapos sa paghahati ng lupain sa pagsasabing, "Kaya't ibinigay ng PANGINOON sa Israel ang lahat ng lupain na kanyang ipinangakong ibibigay sa kanilang mga ninuno; at nang kanilang matanggap ay nanirahan sila doon. At binigyan sila ng PANGINOON ng kapahingahan sa bawat panig, gaya ng kanyang ipinangako sa kanilang mga ninuno, wala ni isa sa lahat ng kanilang mga kaaway ay nagtagumpay sa harap nila; ibinigay ng PANGINOON ang lahat nilang kaaway sa kanilang kamay. Wala ni isa sa lahat ng mabubuting pangako na ginawa ng PANGINOON sa sambahayan ng Israel ang hindi natupad; lahat ay nangyari" (Jos.21:43-45).

Sa konklusyon na ito ay nakita natin na tinupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako sa Kanyang bayan. Nakuha nila ang lupain at nakapasok sa kapahingahan. Ito ang sentrong tema ng aklat bilang pagtupad ng Panginoon sa Kanyang mga pangako sa mga inapo ni Abraham. Bilang isang propetikong larawan ng ating Panginoon Jesus at sa Kanyang natapos na gawain ng pagtubos, tinapos ni Josue ang kanyang ministeryo at dinala ang lahat ng kanyang henerasyon sa kanilang kapahingahan. "At binigyan sila ng PANGINOON ng kapahingahan sa bawat panig…Wala ni isa sa lahat ng mabubuting pangako na ginawa ng PANGINOON sa sambahayan ng Israel ang hindi natupad; lahat ay nangyari" (Jos.21:44-45).

Gayunpaman, isinaalang-alang na natin kung paano nakapasok ang henerasyon ni Josue sa isang propetikong anino lamang ng kabuuan ng pamana at kapahingahan na inihahanda ng Diyos para sa Kanyang bayan. Kagaya nito, ang Panginoon ay kumikilos sa buong kasaysayan, hinahangad na pangunahan ang Kanyang bayan sa mas dakilang katuparan ng mga katotohanang ito. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi sa atin ng ikaapat na kabanata ng Hebreo na kinalaunan ay inialok ng Diyos ang henerasyon ni David ng isang karagdagang karanasan ng pagpasok sa Kanyang kapahingahan. Ang Aklat ng Hebreo ay nagpatuloy sa pagsabi, "Sapagkat kung sila ay nabigyan ni Josue ng kapahingahan, hindi na sana nagsalita ang Diyos tungkol sa ibang araw pagkatapos ng mga ito. Kaya't may natitira pang isang pamamahingang Sabbath para sa bayan ng Diyos. Sapagkat ang pumasok sa kanyang kapahingahan ay nagpahinga rin sa kanyang mga gawa, gaya ng Diyos sa kanyang mga gawa" (Heb.4:8-10).

Habang pinapangunahan ng Panginoon ang Kanyang bayan pasulong, may mga mataas at mas buong kapahayagan ng Kanyang mga layunin na dapat ay progresibo din nating mapasok. Pinangunahan ni Josue ang kanyang henerasyon sa pagkuha ng kanilang mana at kapangahingahan, bagaman hindi pa ito ang buong karanasan na papasukin pa ng mga susunod na henerasyon. Sa ganitong kahulugan na sinasabi sa atin ng Aklat ng Hebreo na hindi napangunahan ni Josue ang bayan ng Diyos sa kabuuan ng Kanyang kapahingahan. Kinuha pa ni David ang pamanang ito at kapahingahan habang inihahanda niya ang daan para sa mapayapa, masagana, at maluwalhating kaharian ni Solomon. Ngunit kahit sa sandaling ito, nang ang hari ng Sion ay namuno sa kanyang napakalaking emperyo, ito ay nasa isang propetikong anino pa

rin ng mas dakila at mas maluwalhating kaharian ng kapayapaan na darating. Nang ang bayan ng Diyos ay pumasok kinalaunan sa dispensasyon ng biyaya, ang Naunang Iglesya ay nakakuha ng isang karagdagang kaunawaan sa mga bagay na ito. Ang mana na kanilang makukuha ay hindi na isang bansa, nagawa nilang simulan ang pagtatag ng kaharian ng Diyos sa maraming mga bansa habang ipinangangaral nila ang ebanghelyo. Bukod dito, ang kapahingahan na maaari nilang pasukin ay na ang Banal na Espiritu sa pamamagitan nila ay magagawa ang mga layunin ng Diyos. Ito ang magpapalaya sa mga Kristiyano mula sa pagpupunyagi sa mga gawa ng sarili nilang laman upang maisakatuparan ang kalooban ng Diyos.

Sa mga huling araw na ito, ang Henerasyong Josue ng Iglesya ay inaalok ng isa pang natatanging pagkakataon na makapasok ng ganap sa pamana ng Diyos at kapahingahan. Sa bawat lungsod, sa pamamagitan ng bawat bansa, sasalakayin natin ang mga pamunuan at kapangyarihan ni Satanas. Sa pamamagitan ng pandaigdigang pagmimisyon at rebaybal ay makikita natin ang kaharian ng Diyos na maitatatag sa loob ng bawat mga bansa at lipi. Ngunit ang dakilang gawain na ito ay hindi maisasakatuparan ng ating sariling mga pagpupunyagi ng kabayanihan. Ito ay sa "pagtawid sa Jordan" ng bayan ng Diyos at maranasan ang buhay na nakapako sa krus na ang kapangyarihan ng Kanyang muling pagkabuhay ay ipagkakaloob upang dalhin ang Iglesya sa kabuuan ng mana nito at kapahingahan.

Gayunpaman, kahit ang maluwalhating mga kaganapan na pinasukan ng Henerasyong Josue ay magiging mga paghahanda lamang para sa mas malaki at mas buong mga gawa ng Diyos. Sa pagtatapos natin sa Panahon ng Iglesya, ang milenyong paghahari ni Cristo ay dadalhin sa kasaysayan ng mundo. Kapag si Cristo ay naghahari na sa Jerusalem, ang Kanyang kaharian ng katuwiran, kapayapaan, at kagalakan ay maghahari sa buong mundo. Si Satanas at ang kanyang mga kampon ay ikukulong sa pinakamalalim na hukay, at ang digmaan ay aalisin mula sa lupa. Kapayapaan, kasaganaan, at kaalaman ng Diyos ang pupuno sa sanlibutan. (Ang ilan sa mga Kasulatan tungkol dito ay mga Pahayag 19:11-20:6, Isaias 24:21-23, Mikas 4:1-4, Isaias 11:6-10 & 65:19-25, and Habakuk 2:14).

Anong pamana at kapahingahan ang naghihintay sa bayan ng Diyos sa mga panahon ng pandaigdigang kaharian na ito ng 1000 taon! Ngunit kahit ito ay isang karagdagang paghahanda lang para sa mas maluwalhating walang hanggang kaharian ng Diyos sa bagong langit at lupa. (Ito ay isinalarawan sa huling dalawang mga kabanata ng Aklat ng Pahayag.)

Habang isinasaalang-alang natin ang napakalawak na saklaw ng mga plano ng Diyos para sa Kanyang bayan, ang dapat na pagtuunan natin ng pansin ay ang pagtupad sa tungkulin, na ibinigay sa atin ng Diyos, tulad ng pagtapos ni Josue sa kanyang pagkatawag. Ayon sa kung paano natin tatapusin nang may katapatan ang plano ng Diyos para sa ating sariling buhay ay magiging karapat-dapat tayo para sa isang mabuting posisyon sa hinaharap na kaharian ng Diyos (Mt.25:21, Mt.19:27-29). Pinangunahan ni Josue ang kanyang henerasyon sa kanilang mana at kapahingahan. Dahil dito tinanggap niya bilang pamana ang Timnat Sera o ang "Dalawang Bahagi." Bagaman walang duda na ito ay isang mabuting bahagi ng lupain na tinanggap ni Josue, maaaring propetiko rin itong nagmumungkahi na nakuha rin ni Josue ang isang mahabaging posisyon at gantimpala sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

## Kabanata 22:1-9 Silangang 2 1/2 mga Tribong Ipinadala sa Kanilang Pamana

"Pagkatapos ay tinawag ni Josue ang mga Rubenita, mga Gadita, at ang kalahating lipi ni Manases, at sinabi sa kanila, "Inyong iningatan ang lahat na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON, at inyong pinakinggan ang aking tinig sa lahat ng aking iniutos sa inyo; hindi ninyo pinabayaan nitong maraming araw ang inyong mga kapatid hanggang sa araw na ito, kundi inyong iningatan ang tagubilin ng PANGINOON ninyong Diyos. At ngayo'y binigyan ng PANGINOON ninyong Diyos ng kapahingahan ang inyong mga kapatid, gaya ng ipinangako niya sa kanila. Kaya't ngayo'y bumalik kayo at humayo sa inyong mga tolda sa lupaing kinaroroonan ng inyong ari-arian na ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON sa kabila ng Jordan" (Josue 22:1-4).

Matapos magapi ang mga hukbo ng mga Cananeo at natanggap ng mga Israelita ang kanilang mga bahagi, ipinadala ni Josue ang dalawa at kalahating mga tribo sa silangang bahagi pabalik sa kanilang lupain sa kabilang bahagi ng Jordan. Ngayon ang natitira ay para sa mga Israelita na manirahan, maging mabunga, at ipahayag ang kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga buhay at bansa.

# Kabanata 6

# PAGPAPANATILI NG MANA

(Josue Mga Kabanata 22:10-24)

Sa huling bahagi na ito ay makikita natin ang pagbabago ng pokus sa Aklat ng Josue. Nasakop at naisaayos ng mga Israelita ang lupain. Ngayon ang kanilang pansin ay nagsimulang lumipat patungo sa kung paano nila mapapanatili ang kanilang mga mana sa pamamagitan ng pagpasa nito sa mga susunod na henerasyon.

Alam ng mga Israelita na inabot ng halos 500 taon upang masakop ang lupain mula nang ito ay unang ipinangako kay Abraham. Maraming mga henerasyon ang gumawa tungo sa pagkuha sa Lupang Pangako, at kinikilala nila na ito ay kailangang mapangalagaan ng buong ingat para sa mga susunod na henerasyon. Alam nila na ang walang hanggang gantimpala sa kanilang nagawa ay maaaring makumpirma o mapapawi ng kung ano ang gagawin ng susunod na henerasyon sa kanilang mana. Ito ang alalahanin na hinaharap ng huling bahagi ng aklat ni Josue.

### Kabanata 22:10-34 Ang Altar ng Patotoo

"Nang sila'y dumating malapit sa lupain ng Jordan, na nasa lupain ng Canaan, ang mga anak nina Ruben, Gad, at ang kalahating lipi ni Manases ay nagtayo roon ng isang napakalaking dambana sa tabi ng Jordan. At narinig ng mga anak ni Israel, na sinabi, "Tingnan ninyo, ang mga anak nina Ruben, Gad, at ang kalahating lipi ni Manases ay nagtayo ng isang dambana sa tapat ng lupain ng Canaan, sa bahaging pag-aari ng mga anak ni Israel sa lupain ng Jordan." Nang ito ay marinig ng mga anak ni Israel, ang buong kapulungan ay nagtipon sa Shilo upang makipagdigma laban sa kanila" (Josue 22:10-12).

Pagkatapos paalisin ni Josue ang mga sundalo ng mga tribo na piniling manirahan sa silangan ng Jordan, bumalik sila sa kanilang lupain at agad na nagpatayo ng isang malaking dambana. Ikinagalit ito ng ibang mga tribo. Alam nila na isang malaking kasalanan ang pagsisimula ng isang bagong anyo ng pagsamba maliban sa iniutos ng Panginoon kay Moises. Dahil dito, ang mga sundalo mula sa mga tribo sa kanlurang bahagi ng Jordan ay naghanda para sa digmaan. Magkakasama silang nagtipon sa Shilo, ang dako kung saan naroroon ang Tabernakulo ni Moises at ang tunay na dambana ng Diyos.

Bago lumabas upang labanan ang kanilang mga kapatid, nagpadala sila ng isang delegasyon ng mga lider sa ibayo ng Jordan upang sawayin ang mga nagkamaling tribo. Sa pagpupulong na ito ay ipinaliwanag ng dalawa at kahating tribo ng silangan na hindi nila itinayo ang altar bilang isang dako ng pagsasakripisyo, kundi bilang isang patotoo. Ito ay upang paalalahanan ang mga susunod na henerasyon sa magkabilang panig ng Jordan na ang mga taga-silangang tribo ay dapat ding maglingkod sa Panginoon at magkaroon ng bahagi sa pagsamba sa Tabernakulo ni Moises. Sinabi ng mga tribong silangan sa delegasyon ng taga-kanluran, "Hindi,

kundi ginawa namin iyon dahil sa takot na sa darating na panahon ay sasabihin ng inyong mga anak, ‘Anong pakialam ninyo sa PANGINOON, sa Diyos ng Israel? Sapagkat ginawang hangganan ng PANGINOON ang Jordan sa pagitan namin at ninyo, ninyong mga anak nina Ruben at Gad; kayo'y walang bahagi sa PANGINOON.’ Kaya't patitigilin ng inyong mga anak ang aming mga anak sa pagsamba sa PANGINOON. Kaya't aming sinabi, ‘Magtayo tayo ngayon ng isang dambana, hindi para sa handog na sinusunog, ni dahil sa alay man, kundi magiging saksi sa pagitan namin at ninyo, at sa pagitan ng ating mga lahi pagkamatay natin, upang aming magawa ang paglilingkod sa PANGINOON sa harap niya sa pamamagitan ng aming mga handog na sinusunog, alay, at mga handog pangkapayapaan; baka sabihin ng inyong mga anak sa aming mga anak sa panahong darating, “Kayo'y walang bahagi sa PANGINOON”’ (Jos.22:24-27).

Ang paliwanag na ito ay nakapagbigay-lugod sa delegasyon mula sa mga taga-kanlurang tribo. Nakita nila na ang dambana ay hindi itinayo mula sa paghihimagsik, kundi isang patotoo para sa mga susunod na henerasyon na alalahanin at maglingkod sa Panginoon. “Ang ulat ay ikinatuwa ng mga anak ni Israel; at pinuri ng mga anak ni Israel ang Diyos at hindi na nagsalita pa ng pakikidigma laban sa kanila, na wasakin ang lupaing tinitirhan ng mga anak ni Ruben at mga anak ni Gad. Ang dambana ay tinawag na Saksi ng mga anak ni Ruben at ng mga anak ni Gad: “Sapagkat,” wika nila, “ito ay saksi sa pagitan natin na ang PANGINOON ay Diyos” (Jos.22:33-34).

Ang altar ng patotoo na ito ay itinayo upang ipaalala sa mga susunod na henerasyon na dapat silang maglingkod sa Panginoon. Ito ay isa ring mabuting halimbawa para sa atin na kailangan nating ipamalas sa ating mga inapo ang kahalagahan ng patuloy na buong-pusong pagsunod sa Panginoon.

Paulit-ulit sa buong kasaysayan ay may ilang mga henerasyon ang nagbabayad ng isang mataas na halaga upang sumunod sa Panginoon. Sa pamamagitan ng pag-uusig, kaguluhan o digmaan, sila ay nagkaroon ng isang bagong kalayaan upang maglingkod sa Panginoon na minana ng kanilang mga anak. Gayunpaman, ang sumunod na mga henerasyon ay maaaring tamasahin ang kapayapaan at kasaganaan na pinaghirapang makuha ng kanilang mga ninuno, habang kinakalimutan ang halaga nito, at maaaring manatili sa isang maligamgam o tumalikod na kalagayang espirituwal. Ang mga mananampalataya ay nagsisimulang makipaglaban sa isa’t isa sa halip na magkaisang tumayo upang sawatahin ang mga gawain ng Diyablo. Ito ang sinisikap na paglabanan ng mga tribong silangan sa pagtatayo ng altar na ito ng patotoo.

Kailangan din nating maging masigasig na ibigay sa ating natural at espirituwal na mga anak ang isang parehong malinawag na pangitain at isang buong pusong dedikasyon na maglingkod sa Panginoon. Kung paanong ang tribong ito ay nagtayo ng dambana para sa kanilang mga inapo, dapat sikapin nating magtayo ng isang “altar ng pamilya” sa ating mga tahanan sa pamamagitan ng regular na mga gawain gaya ng panalangin, pagsamba, at pag-aaral ng Bibliya. Hindi sapat para sa atin na ipadala ang ating mga anak sa lingguhang pag-aaral sa simbahan, at isipin na nagawa na natin ang ating relihiyosong tungkulin na sanayin sila sa pamamaraan ng Panginoon. Ang karaniwang pagtuturo sa Lingguhang pag-aaral ay maaaring nasa 10 hanggang 15 minuto lamang na pag-aaral ng Bibliya kada linggo. Kung gayon maraming mga Kristiyanong bata ang gumugugol ng 20 o 30 oras bawat linggo sa panonood ng

makamundong mga programa sa telebisyon o nagbabasa ng makamundong babasahin! Kung 1% lamang ng kanilang lingguhang kaalaman na makadiyos at espirituwal, ano sa palagay ninyo ang kalalabasan mula sa prinsipyo ng Bibliya na kalalakihan nilang sundin kung ano ang itinuro sa kanila? Ayaw nating lumaki ang ating mga anak upang mamuhay ng 99% na makamundo at hindi ayon sa kasulatan! Hindi, dapat tayong maging masigasig na magtayo ng isang "altar" sa kanilang mga isip at puso, na sila ay ipinanganak upang maglingkod sa Panginoon.

Ang mga magulang ay dapat maging masigasig na sanayin ang kanilang mga anak na simulan ang bawat araw sa personal na mga debosyon, pagbabasa ng ilang kabanata ng Bibliya at pananalangin. Ang mga musmos ay maaaring turuan araw-araw mula sa larawang Bibliya na pambata. Ang mga gabi kapag ang pamilya ay maaaring tipunin ay maaaring lakipan ng oras ng mga pampamilyang debosyon. Ang mga Kristiyanong *video* at *audio tapes* ay maaaring makatulong upang maaliw at mapalakas. Ang mga bata ay maaaring patulugin na may kasamang panalangin o marahil ay isang kwento sa Bibliya. Ang mga ito at maraming iba pang mga pamamaraan ay maaaring magamit upang makatulong sa pagtatanim ng isang matatag na pundasyong espirituwal sa buhay ng ating mga anak.

Ang isang lalaki o babae na may espirituwal na pangitain ay nagnanais na maimpluwensiyahan ang higit sa kanilang sariling mga anak, kundi gayundin ang marami pang susunod na mga henerasyon. Sinabi sa atin sa Kawikaan 13:22 "Ang mabuting tao ay nag-iiwan ng mana sa mga anak ng kanyang mga anak." Inaasahan ni Apostol Pablo ang susunod na tatlo pang henerasyon ng espirituwal na mga anak nang sumulat siya sa 2 Timoteo 2:2 "at ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa harap ng maraming saksi ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat na makakapagturo rin naman sa iba." May mga patotoo rin tayo sa Kasulatan ng mga kalalakihan na nagdala ng pagpapala ng Diyos sa lahat ng kanilang susunod na mga henerasyon dahil sinanay nila ang kanilang mga inapo na sumunod sa katuwiran (Gen.18:18-19, Jer.35:18-19). Nawa ay hangarin nating lahat ang pangako ng Isaias 59:21 para sa ating likas at espirituwal na mga inapo na sinasabing, "At tungkol sa akin, ito ang aking tipan sa kanila, sabi ng PANGINOON: ang aking Espiritu na nasa iyo at ang aking mga salita na inilagay ko sa iyong bibig, ay hindi hihiwalay sa iyong bibig, o sa bibig man ng iyong lahi, o sa bibig man ng angkan ng iyong lahi, sabi ng PANGINOON, mula ngayon at magpakailanpaman."

## Kabanata 23: Pinaalalahanan ni Josue ang mga Pinuno ng Israel

Ang huling dalawang kabanata ng Aklat ni Josue ay naganap halos 23 taon matapos na ang Lupang Pangako ay nasakop at natirhan. Ang mga pagitang taon na ito ay hindi nakasulat sa aklat. Ito ang tahimik na mga taon ng kapayapaan at kasaganaan para sa mga Israelita kung saan sila ay abala sa kanilang mga pamilya, bukid, at mga lungsod. Binigyan sila ng Panginoon ng kapahingahan sa lupain na dinadaluyan ng gatas at pulot. Sila ay binigyan ng Diyos ng malaki at magagandang mga lungsod na hindi nila itinayo, mga bahay na puno ng lahat ng mabubuting bagay na hindi nila nilagyan, at mga ubasan at mga puno ng olibo na hindi nila itinanim. Gayunpaman, nang unang sinabi sa kanila ng Panginoon ang darating na kasaganaang ito,

sinundan Niya ang mga pangakong ito na may babala, “Ingatan mo na baka iyong malimutan ang PANGINOON” Deuteronomio 6:12.

Sa gitna ng mga taòng ito ng kapayapaan at kasaganaan ang bansa ay dahan-dahang nagbabago. Ang magigiting na mga sundalo ni Josue ay naging matatanda, maamong mga lolo. Ang makapangyarihang mga gawa na ginawa ng Panginoon sa ilalim ng pamumuno nila Moises at Josue ay naging mga lumang kwento na kabilang sa ibang panahon at henerasyon. Ang alaala ng bansa sa kasamaan ng hukbo ng mga Cananeo ay pinalitan ng kanilang kasalukuyang pakikisalamuha sa mga nasakop na mga Cananeo na nasa lupain pa rin, na naghangad ng kapayapaan at pakikipagkalakalan. Binigyang-pansin ni Josue ang lahat ng ito habang siya ay tumatanda.

Nang si Josue ay naging isa ng matandang lalaki at nalamang siya ay mamamatay na, hinangad niyang mag-iwan ng isang huling makadiyos na pamana at babala para sa kanyang bayan. Una ay ipinatawag niya ang mga pinuno ng bansa at sinabi sa kanila ang mensahe na nakatala sa kabanata 23. Pagkatapos nito ay ipinatawag niya ang lahat ng mga tao ng bansa upang ibigay sa kanila ang kanyang huling mensahe, gaya ng nakatala sa katapusan ng Aklat ni Josue sa kabanata 24.

Nang sinimulan niya ng kanyang mensahe sa mga pinuno ng Israel, mababasa natin: “At nangyari, pagkaraan ng maraming araw, nang mabigyan ng PANGINOON ng kapahingahan ang Israel sa lahat nilang mga kaaway sa palibot, at si Josue ay matanda na at puspos na ng mga taon, ay tinawag ni Josue ang buong Israel, ang kanilang matatanda, mga pinuno, mga hukom, at ang kanilang mga tagapamahala, at sinabi sa kanila, “Ako'y matanda na at puspos na ng mga taon. Inyong nakita ang lahat ng ginawa ng PANGINOON ninyong Diyos sa lahat ng bansang ito para sa inyo; sapagkat lumaban ang PANGINOON ninyong Diyos para sa inyo. Narito, aking itinatakda sa inyo bilang pamana sa inyong mga lipi ang mga bansang nalalabi pati ang mga bansang aking ihiniwalay, mula sa Jordan hanggang sa Malaking Dagat sa kanluran. Itataboy sila ng PANGINOON ninyong Diyos mula sa harapan ninyo, at palalayasin sila sa inyong paningin, at inyong aangkinin ang kanilang lupain na gaya ng ipinangako ng PANGINOON ninyong Diyos sa inyo… Sapagkat pinalayas ng PANGINOON sa harapan ninyo ang malalaki at malalakas na bansa; at tungkol sa inyo, ay walang tao na nakatagal sa harapan ninyo hanggang sa araw na ito. Magagawa ng isa sa inyo na mapatakbo ang isanlibo sapagkat ang PANGINOON ninyong Diyos ang nakikipaglaban para sa inyo, gaya ng ipinangako niya sa inyo” (Josue 23:1-5,9-10).

Nagsimula si Josue sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa mga pinuno tungkol sa katapatan ng Diyos. Ang Panginoon ay nakipaglaban para sa Israel at wala ni isa man ang makatayo laban sa kanila. Itinaboy ng Panginoon ang malaking mga bansa mula sa kanila, at habang patuloy silang nagtitiwala sa Panginoon ay tatapusin Niya ang trabaho.

Habang nagpapatuloy ang mensahe ni Josue, siya ay nagsalita nang nagsalita tungkol sa mga responsibilidad na kinakailangang patuloy na tuparin ng mga Israelita. Ating mababasa, “Kaya't kayo'y magpakatatag na mabuti at maingat na gawin ang lahat na nakasulat sa aklat ng kautusan ni Moises, at huwag kayong lumiko sa kanan o sa kaliwa; huwag kayong makihalo sa mga bansang ito na nalalabi sa gitna ninyo; huwag din ninyong banggitin ang mga pangalan ng kanilang mga diyos, ni susumpa sa pamamagitan nila, ni maglilingkod o yuyukod sa mga iyon,

Sapagkat kapag kayo'y tumalikod at sumanib sa nalalabi sa mga bansang ito na naiwan sa gitna ninyo, at kayo'y nagsipag-asawa sa kanilang mga kababaihan, at sila sa inyo, ay alamin ninyong lubos na hindi patuloy na palalayasin ng PANGINOON ninyong Diyos ang mga bansang ito sa inyong paningin, kundi sila'y magiging silo at bitag sa inyo, isang panghampas sa inyong tagiliran at mga tinik sa inyong mga mata hanggang sa kayo'y mapuksa dito sa mabuting lupain na ibinigay sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos. (Jos.23:6-7,12-13).

Sa kanyang kumpletong mensahe, nabanggit ni Josue ang mga bansa ng Canaan ng pitong beses. Paulit-ulit niya silang tinutukoy sapagkat alam ni Josue na sila ang isang naiwan na matinding panganib sa mga Israelita. Natalo nga ang kanilang sandatahang lakas ngunit hindi pinaalis. Ang pakikipagkompromiso at pakikipag-asawa sa kanila ang magdadala ng idolatriya at malaking kasiraan sa bansa. Nakita ni Josue ang mga binhi ng pagkawasak na sa mga darating na siglo ay lalago upang hatiin ang bansa at kalaunan ay dadalhin sila sa pagkabihag. Upang pigilan o kahit papaano ay maantala ang pagbagsak na ito, ginawa ni Josue ang kanyang huling apela sa mga pinuno ng bansa na dapat nilang ipagpatuloy ang ganap na pagsunod sa Panginoon.

Ang huling mensahe na ito sa mga pinuno ng Israel ay nagpapaalaala rin sa atin ng huling mensahe ni Apostol Pablo sa mga lider ng iglesya sa Efeso. Habang pinapayuhan silang magpatuloy sa ganap na pagsunod sa Panginoon, binalaan sila ni Pablo ng tungkol sa mga hatol na darating. Nagbabala siya na ang mga mababangis na lobo at masasamang guro ay sisira sa iglesya (Gawa 20:29-30). Si Josue at Pablo ay parehong mga propeta at mabubuting espirituwal na ama na ginawa ang lahat ng kanilang makakaya upang mapayuhan at tulungan ang bayan ng Diyos.

## Kabanta 24: Huling Pangaral ni Josue, ang Tipan ay Pinanibago, ang Paglibing sa Tatlong mga Pinuno

Sa kabanata 24 tinawag nga ni Josue ang lahat ng mga tao upang makipag-usap sa kanila bago siya mamatay. Mula sa unang 13 mga talata mababasa natin, “Sinabi ni Josue sa buong bayan, “Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Diyos ng Israel, ‘Ang inyong mga ninuno ay nanirahan nang unang panahon sa kabila ng Ilog, si Terah, na ama ni Abraham at ama ni Nahor, at sila'y naglingkod sa ibang mga diyos. Kinuha ko ang inyong amang si Abraham mula sa kabila ng Ilog at pinatnubayan ko siya sa buong lupain ng Canaan, at pinarami ko ang kanyang binhi at ibinigay ko sa kanya si Isaac… Sinugo ko sina Moises at Aaron …At inilabas ko ang inyong mga ninuno sa Ehipto…Pagkatapos ay dinala ko kayo sa lupain ng mga Amoreo na naninirahan sa kabila ng Jordan, at sila'y nakipaglaban sa inyo. Ibinigay ko sila sa inyong kamay, at inyong inangkin ang kanilang lupain at nilipol ko sila sa harapan ninyo…Nang kayo'y tumawid sa Jordan at dumating sa Jerico, ang mga tao sa Jerico ay nakipaglaban sa inyo, gayundin ang mga Amoreo, Perezeo, Cananeo, Heteo, Gergeseo, Heveo, at ang mga Jebuseo; at ibinigay ko sila sa inyong kamay…at aking binigyan kayo ng lupain na hindi ninyo pinagpaguran at ng mga lungsod na hindi ninyo itinayo, at ang mga iyon ay inyong tinatahanan. Kayo'y kumakain ng bunga ng mga ubasan at olibo na hindi ninyo itinanim.’”

Sa lahat ng bahaging ito ng mensahe, pinopropesiya ni Josue ang salita ng Panginoon sa bansa. Sa simula ng aklat siya ay isang bata at walang karanasan na bagong pinuno, ngunit sa pagtatapos ng kanyang buhay ay lumago siya sa pagiging isang malakas at maygulang na propeta ng Panginoon. Ang salita ng Panginoon ay umaalingawngaw, "Kinuha Ko…Binigay Ko…Isinugo Ko…Sinira Ko…Pinalaya Ko." Binantayan ng Diyos ang Kanyang bayan at itinanim sila sa Lupang Pangako. Labis-labis na pinatunayan ng Panginoon ang Kanyang pag-ibig at Kanyang kakayahang alagaan ang mga anak ni Abraham.

Sa pagtatapos ng kanyang propesiya, idinagdag ni Josue ang kanyang personal na pagpapayo bilang mapanghamong pangungusap ng kanyang huling pangaral. "Ngayon nga'y matakot kayo sa PANGINOON, at paglingkuran ninyo siya sa katapatan at sa katotohanan. Alisin ninyo ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa kabila ng Ilog at sa Ehipto, at inyong paglingkuran ang PANGINOON. Ngayon kung ayaw ninyong maglingkod sa PANGINOON, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran…ngunit sa ganang akin at sa aking sambahayan, kami ay maglilingkod sa PANGINOON." (Jos.24:14-15).

Ang pasanin ng mga huling salita ni Josue ay nais niya na sila at ang sumusunod nilang henerasyon ay magpatuloy sa pagsunod sa Panginoon at manirahan sa lupain. Ang kanyang mga salita ay nakapagbigay ng kalakasan sa mga sumunod na henerasyon, habang ang mga tao ay kinukuha ang patotoo ni Josue at inihahayag, "ngunit sa ganang akin at sa aking sambahayan, kami ay maglilingkod sa PANGINOON." Nakita natin ang agarang bunga ng impluwensiya ni Josue mula sa Josue 24:31, kung saan ay sinasabi: "At naglingkod ang Israel sa PANGINOON sa lahat ng mga araw ni Josue, at sa lahat ng mga araw ng matatandang naiwang buhay pagkamatay ni Josue at nakaalam ng lahat ng mga ginawa ng PANGINOON para sa Israel."

Ang puso ng isang tunay na ama ay nagnanais na sanayin ang kanyang mga anak upang magamit ng maayos ang pamana na inihanda niya para sa kanila. Kailangan nating hangarin na makapagbigay ng isang pangmatagalang espirituwal na pamana sa ating natural at espirituwal na mga anak. Si haring David ay nagkaroon din ng ganitong pasanin nang siya ay matanda na. Sinulat niya sa Awit 71:18, "Kaya't maging sa pagtanda at pagkakaroon ng mga uban, O Diyos, huwag mo akong pabayaan; hanggang sa aking maipahayag ang iyong kalakasan sa lahat ng darating na salinlahi. Ang iyong kapangyarihan sa bawat isa na darating."

Upang tulungang maselyuhan ang kanilang sariwang pag-aalay sa Panginoon, si Josue at ang lahat ng mga tao ay magkakasamang gumawa ng isang tipan. Ating mababasa, "At sinabi ng bayan kay Josue, 'Ang PANGINOON nating Diyos ay aming paglilingkuran, at ang kanyang tinig ay aming susundin.' 'Kaya't nakipagtipan si Josue sa bayan nang araw na iyon at gumawa ng mga tuntunin at batas para sa kanila sa Shekem. Isinulat ni Josue ang mga salitang ito sa aklat ng kautusan ng Diyos; at siya'y kumuha ng malaking bato, at inilagay sa lilim ng ensina na nasa tabi ng santuwaryo ng PANGINOON. Sinabi ni Josue sa buong bayan, "Tingnan ninyo, ang batong ito ay magiging saksi laban sa atin, sapagkat narinig nito ang lahat ng mga salita ng PANGINOON na kanyang sinalita sa atin; kaya't ito'y magiging saksi laban sa inyo, kapag itinakuwil ninyo ang inyong Diyos.' Sa gayo'y pinauwi ni Josue ang bayan patungo sa kanilang pamana" (Jos.24:24-28).

Isinulat ni Josue ang tipan na ginawa. Pinanatili nito nang napakalinaw ang pagkatala ng kanilang mga pangako- napakalinaw, na atin itong pinag-aaralan nang halos 3500 taon na ang nagdaan! Si Josue ay nagtayo rin ng isang bato bilang isang alaala para makita at maalaala ng lahat ng mga tao. Ito ay nakalagay sa ilalim ng malaking puno katabi ng santuwaryo, ang dako kung saan ang hindi mabilang na mga Israelita ay umuupo at namamahinga tuwing dumadalaw sila sa Tabernakulo ni Moises. Sa pamamagitan nito ay marami sa hinaharap na mga henerasyon ang mapaalalahanan ng kanilang pakikipagtipan kay Josue na sila ay maglilingkod sa Panginoon.

Ang mga huling salaysay na bumuo sa Aklat ni Josue ay nauukol sa paglilibing sa tatlong dakilang pinuno ng mga Israelita. Una nating mababasa, "Pagkatapos ng mga bagay na ito, si Josue na anak ni Nun na lingkod ng PANGINOON ay namatay sa gulang na isandaan at sampung taon. Kanilang inilibing siya sa kanyang sariling pamana sa Timnat-sera, na nasa lupaing maburol ng Efraim sa hilaga ng bundok ng Gaas." Si Josue ay namatay sa isang sukdulang katandaan, 30 taon pagkaraan niya at lahat ng Israel na makapasok sa lupain. Matapos ang pitong taong pagsakop, si Josue ay nanirahan sa Timnat Sera. Doon ay ikinagalak niya ang kanyang mana at pamamahinga sa loob ng 23 taon. Sa katunayan na siya ay inilibing sa kanyang mana ay higit na nagpapahiwatig na mananatili sa kanya ang kanyang pag-aari sa muling pagkabuhay. Mangangaral 11:3 ay sinasabi sa atin, "sa dakong binagsakan ng puno, ay doon ito mahihiga." Iminumungkahi ng talatang ito na ang ating walang hanggang pag-aari ay itinatag ng ating kalagayan sa oras ng ating kamatayan. Ang pamana na natamo ni Josue at iningatan sa pamamagitan ng kanyang tapat na paglilingkod sa Diyos ay "Dalawang Bahagi" na gantimpala ayon sa pangalan na Timnat Sera, kung saan siya ay inilibing.

Ang sumunod na libing na naitala sa pagtatapos ng Aklat ni Josue ay ang libing ni Jose. Nang si Jose ay namatay halos 400 taon na bago ito, kanyang hiniling na ang kanyang naembalsamong katawan ay tuluyang mailibing sa Lupang Pangako kapag dinala na sila ng Panginoon sa kanilang mamanahin (Gen.50:24-26). Ang huling kahilingan ni Jose sa kanyang kamatayan ay nagsilbing isang parola ng pag-asa sa mga Israelita sa loob ng napakahabang mahihirap na mga taon nila sa Ehipto; at kahit patay na siya, ang kanyang pananampalataya ay patuloy na nagliliwanag. Ang kanyang huling libing sa Lupang Pangako ang nagselyo sa makapangyarihan niyang patotoo ng katapatan ng Diyos sa Kanyang nagtitiwalang lingkod.

Ang huling libing na naitala sa huling talata ng Aklat ni Josue ay ang libing ni Eleazar. Siya ang naging punong saserdote ng Israel simula nang ang kanyang ama, na si Aaron ay namatay. Tinulungan ni Eleazar si Josue na pangunahan ang mga Israelita sa pagsakop at pamamahagi ng lupain.

Ang mga paglilibing na ito ay ang mga pangwakas na patotoo at selyo ng gawa na tinapos ng Diyos sa pamamagitan ni Josue at ng kanyang henerasyon. Ito ang huling banal na patotoo na ang isang buhay na ipinamuhay sa Diyos ay maihahandog. Maaari itong magbigay ng isang pag-asa sa hinaharap para doon sa mga sumusunod sa likuran, gaya kung paanong ang kamatayan ni Esteban ay nakatulong na ihanda si Saul ng Tarsus upang maging si Apostol Pablo.

Natatandaan ko kung paano nakatulong ang isang paglilibing na maitatag ang aking paglakad kasama ng Diyos noong ako ay isang bagong Kristiyano. Bagaman ako ay naging isang rakista, *hippie*, at rebelde sa loob ng maraming taon, ako ay nagsimulang dumalo sa isang iglesya

noong ako ay halos nasa 20 taong gulang. Ang isa sa mga tagapaglingkod ay napakamakadiyos na tao na kinakitaan ko ng isang malalim na pagmamahal para sa kongregasyon. Si Ginoong Beale ay medyo may edad na at bihira na lamang magsalita sa mga gawain dahil sumailalim na siya sa ilang operasyon sa puso at palaging may sakit. Ngunit sa bawat gawain, nakikita ko kung paano siya tumingin sa kabila ng kanyang sakit, upang abutin at mahalin ang mga tao sa simbahan.

Makalipas ang ilang buwan na pagdalo ko sa simbahan, ako ay ipinanganak na muli. Di-nagtagal matapos iyon, ang matandang tagapaglingkod na ito ay namatay. Ikinagulat ko na marinig na kanyang hiniling na kung maaari ba akong maging isa sa mga bubuhat ng ataol para sa kanyang libing. Marahil ay ginawa na niya ang kahilingang ito kahit bago pa man ako ipinanganak na muli, bagaman regular na akong dumadalo sa simbahan at gutom na makilala ang Diyos.

Ang pinakanakakagulat tungkol sa kahilingan na ito ay kitang-kita kapag inihambing mo ang lahat ng kabataang lalaki na sinabihang maging tagabuhat ng kanyang ataol. Ang lahat ng iba pa ay ang mga pinakamahuhusay na kabataang lalaki ng malaking iglesya na ito. Malilinis silang tingnan, nakasuot ng amerikana at kurbata sa mga gawain, at tinawag sa ministeryo. Sa kabilang banda, ako ay hindi talaga naaangkop sa grupong ito. Ang aking buhok ay hanggang balikat, nakasuot ako ng asul na maong na may malalaking butas sa lahat ng mga gawain, at mukhang walang anuman kundi isang may mararating na batang lingkod ng Diyos!

Alam ko na ang pagiging isa ko sa mga kalalakihan na magbubuhat ng ataol sa paglilibing ay magiging kahiya-hiya para sa ilan sa mga kamag-anak. Hindi ako nakapag-suot ng amerikana at kurbata sa loob ng maraming taon, at wala rin akong ganitong pag-aari kahit isa! Ang mga *hippie* kong paraan ng pananamit ay magiging wala sa lugar sa sagradong kaganapan na ito. Gayunpaman, alam ko na partikular akong pinili ni Ginoong Beale. Ang kanyang libing ay ang kanyang huling patotoong Kristiyano, at ang pagpapasan ko ng kanyang kabaong ay isang pahiwatig na ako ay isa sa mga kalalakihan na magpapatuloy sa ministeryo na kanyang iniwan. Ang huling simbolo na ito ng pag-ibig at tiwala na ipinakita ni G. Beale sa akin ay sinimulang basagin ang aking puso- at patuloy pa ring binabasag ngayon habang nagsusulat ako 26 na taon na ang nakararaan- nang hinawakan ako ng pagkatawag ng Diyos sa isang nakapagpapanibagong-buhay na paraan. Ang paunang resulta ay pinutol ko ang aking buhok at nanghiram ng amerikana at kurbata para sa libing. Nagkaroon ako ng isang bagong hangarin at pag-asa na maaari akong maging isang mahusay na kabataang tagapaglingkod. Ang pag-asang iyon ang nagdala sa akin sa Paaralan ng Bibliya at pagkatapos ay sa pagmiministeryo. At maraming taon na ang nakalipas ngayon, minsan ay iniisip ko kung ano kaya ang aking sariling huling patotoo kung mamamatay ako bago dumating ang Panginoon? Umaasa ako na magpapakita ito ng parehong pag-ibig at karunungan na ipinakita ni Ginoong Beale nang pinili niya na ang aking buhay ay kumatawan sa bahagi ng kanyang mana sa kanyang ministeryo.

Sa mga libing nila Josue, Jose, at Eleazar tayo ay nakarating na sa dulo ng Aklat ni Josue. Hindi lamang sa kanilang huling mga salita, kundi maging sa kanilang mga libing ay nakita natin na tinatakan ng mga lalaking ito ng Diyos ang kanilang mga patotoo at ang kanilang walang hanggang mana. Hinihintay nila ngayon ang muling pagkabuhay na may parehong pag-asa na

sinabi ni Daniel, "…at ikaw ay magpapahinga at tatayo para sa iyong gantimpala sa katapusan ng mga araw" (Dan.12:13).

## BUOD

Nakita natin na ang kasaysayang naitala sa Aklat ni Josue ay nagpapakita sa atin ng mahahalagang espirituwal na katotohanan para sa ating buhay Kristiyano at ministeryo. Kung paanong naabot ni Josue at ng mga Israelita ang mga layunin ng Diyos para sa kanilang henerasyon, ay magagawa din natin. Kung paano nila pinasok, sinakop, hinati at pinanatili ang Lupang Pangako ay nagtuturo din sa atin kung paano natin makukuha ang ating sariling mga mana kay Cristo. Maaari tayong magtiwala sa katapatan at kapangyarihan ng Diyos. Kaya Niyang gawin tayong lahat na maging mga Josue na "matutumbok ang marka" para sa ating mga buhay at mga ministeryo.

Nakita din natin kung paano tayo naging bahagi ng Henerasyon ni Josue sa Panahon ng Iglesya. Sa gayon, ang mensahe ng Aklat ni Josue ay may isang espesyal na kahalagahan para sa atin. Magkakaroon ng isang malawakang "pagtawid sa Jordan" para sa Iglesya sa huling mga araw na ito. Sa pamamagitan ng pagdanas ng isang nakapakong buhay at pagkakaroon ng isang tuli na puso ay magiging handa tayo para sa pagsakop. Ang mga tarangkahan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa Henerasyong Josue. Ang malawakang mga rebaybal at pandaigdigang pag-eebanghelyo ay makatutulong sa paghahanda ng matagumpay, maluwalhating Iglesya na babalikan ni Cristo.

Habang dapat nating pagtuunan ng pansin ang pagtupad sa pagkatawag ng Diyos sa ating sariling mga buhay at henerasyon, kailangan din nating makita ang nagpapatuloy na mga plano ng Diyos. Tinawag tayo hindi lamang para makakuha ng isang mana kay Cristo sa panahon ng ating kasalukuyang buhay, kundi pati na rin sa mga panahon na darating. Kung paano tayo nabubuhay ngayon ang magpapasiya ng ating hinaharap na posisyon at mga gantimpala sa kaharian ng Diyos sa buong walang hanggan.

Binuksan ba ng Diyos ang iyong espirituwal na pangitain upang makita ang higit pa sa "lupang pangako" na inaalok sa iyo? Ang Aklat ba ni Josue ay naging isang mapang daan o isang plano sa digmaan na maaaring makatulong na pangunahan ka sa lahat ng pinakamabuti ng Diyos? Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, hayaang ang bawat isa sa atin ay makipaglaban sa mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya at kunin ang ating buong pamana kay Cristo.